



BATAYANG PAGSASALIN

Ilang Patnubay at Babasahín para sa Baguhan

VIRGILIO S. ALMARIO

Komisyon sa Wikang Filipino
Metro Manila
2016



Batayang Pagsasalin: Ilang Patnubay at
Babasahín para sa Baguhan

Karapatang-sipi © Virgilio S. Almario

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng
librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat
na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry: PL6059

Almario, Virgilio S.

Batayang pagsasalin : ilang patnubay
at babasahin para sa baguhan / Virgilio S.
Almario. – Maynila : Komisyon sa Wikang
Filipino, 2016.

pages ; cm

ISBN 978-971-0197-78-1

1. Translating and interpreting. I. Title.

418.04 P306.2 2016 P620160107



Inilathala ng

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

2F Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel St., San Miguel, Maynila

Tel. 02-733-7260 · 02-7362525 ·

Email: komisjonsawikangfilipino@gmail.com



Website: www.kwf.gov.ph



ANG IBIG KONG SABIHIN

Bago mapagkamalan, nais kong ipagpauna na ang librong ito ay inihanda kong panimulang patnubay para sa mga baguhang tagasalin at nauukol lámang sa mga batayang aralin sa pagsasalin. Layunin kong maipakilála sa tagasalin o nagnanais maging tagasalin ang pundamental na gawain at kaakibat na tungkulin ng pagsasalin. Panimula lámang ito at kayâ huwag hanapan ng komprehensibo at malalimang talakay ang bawat púnto o aralin. Dahil hinggil sa batayang pagsasalin, wala din itong hangaring pumalaot sa diskusyong teoretiko at magkomentaryo sa sari-saring hakà at metodolohiya ng mga pangunahing eksperto sa mundo. Kung may mabanggit mang teorya, iyon ay dahil hinihingi ng pagkakataón at hindi maiiwasan.

Sa pamamagitan ng panimulang patnubay na ito ay dapat makilála ng nagnanais maging tagasalin na isang mabigat na trabaho ito at nangangailangan ng di-karaniwang pagsasanay—una, sa dalawang wikang gagamitin niya sa pagsasalin, at ikalawa, sa mga paraan ng pagharap at paglutas sa karaniwang mga suliranin ng paglilipat ng kaisipan, kaalaman, at laro-sa-salita mula sa orihinal túngo sa pinagsasalinang wika. Isa rin itong kagálang-gálang na trabaho at tinutupad nang may kaukulang paggálang sa isinasaling awtor. Sa katunayan, upang hindi masáyang ang trabaho, higit na dapat isinasaalang-alang ng tagasalin ang pangangailangan ng kaniyang panahon at lipunan sa



pagpili ng akdang isasalin. Upang makatulong pa siya sa isang adhikang pang-edukasyon o isang pambansang adyenda sa pagsasalin kung mayroon, sa halip na pairalin lámang ang kaniyang pansariling hilig at panlasa.

Nabanggit ko ang nása unaháng talata dahil sa nakikíta kong napakahalagang papel ngayon ng pagsasalin para sa pambansang kaunlaran. Binubuo ang Filipinas ng isang arkipelago na may mahigit 130 katutubong wika. May nagtatagumpay nang pagsisikap na bigkisin ang kapuluan sa pamamagitan ng isang wikang pambansang Filipino. Subalit kahit sa pagpapayaman lámang ng wikang Filipino ay kailangang isalin sa naturang Wikang Pambansa ang panitikan at karunungan taglay ng mga katutubong wika. Itinatadhana din ng batas na pangalagaan ang mga katutubong wika kayâ nararapat na pagsalanan ang mga ito ng kailangang impormasyon at kaalamang mula sa Filipino at ibang wikang pandaigdig.

Dahil dito, kailangan ang isang pambansang adyenda sa pagsasalin. Upang maging sistematiko ang buong gawaing ito sa antas pambansa, mabilis at matipid, at makapaglahok ng lahat ng kailangang talino. Kahit wala pa ang naturang pambansang adyenda, napakainam na isaisip ito ng isang nagnanais maging tagasalin upang maging makabuluhang ambag sa nabanggit na adhikang nasyonal ang kaniyang unang hakbang sa gawaing ito.

Magsimula sa Batayan

May apat na sanaysay [o maituturing na kabanata] ang librong ito. Sinulat ko itong tíla magkakaugnay na sanaysay o kabanata ngunit sa paraang maaaring ituring na nakapagsasarili ang bawat isa. Ang ibig sabihin, may

tinatalakay na isang kompletong aspekto ng pagsasalin ang bawat isa, bagaman nagkakaisa ang mga sanaysay sa adhikang magdulot ng batayang impormasyon hinggil sa pagsasalin. Ang nagsasariling katangian naman ng bawat isa ang tiyak na sanhi ng pag-uulit ng mga batayang leksiyon sa pagsasalin o ng pag-uulit ng aking mga pangunahing opinyon hinggil sa mga problema ng pagsasalin. Kailangan ko rin namang ulit-ulitin ang sa palagay ko’y mga batayang leksiyon at dapat pagsimulan ng mga baguhang tagasalin.

Ang una sa mga sanaysay ay isang pangkalahatang introduksiyon sa gampaning pagsasalin at naglilinaw sa pag-uuri ko ng salin bílang imitasyon at bílang reproduksiyon. Sinikap kong ipakò ang paglalahad sa naturang paksa upang maiwasan ang malimit na akademiko at teoretikong introduksiyon sa proseso ng pagsasalin. Sa aking pansariling pakikinig sa mga talakayan at seminar sa pagsasalin, ang mababaw at paimbabaw na pag-uusap sa naging mga teoretikong paglilinaw, halimbawa’y sa konsepto ng “pagtutumbas,” ay malimit na magwakas sa higit na kalituhan ng nakikinig na baguhan. Hindi ko pa isinasali sa punang ito ang higit na mabigat na puna sa naririnig kong pagdudunong-dunungan ng mga propesor mulang akademya na sa wari ko’y nag-aadhikang gawing kasingmistikal ng kumbersiyon ng tinapay at alak sa komunyong isang praktikal na gawain.

Ang ikalawa at ikatlo ay kapuwa hinggil sa pagsasaling pampanitikan. Nakaukol sa salimuot ng pagsasalin ng tula ang ikalawa, samantalang tinatalakay ng ikatlo ang pagsasalin sa tuluyan. Hindi kompleto at detalyado ang paglalahad. Ngunit sinikap kong ipaloob ang mga batayang trabaho ng tagasalin túngo sa ganap na pag-unawa sa orihinal na akda upang mapalitaw din niyang “pampanitikan” ang kaniyang salin.

Ang limitado kong talakay sa mga sangkap na “pampanitikan” ay itinuturing ko ring epekto ng limitado pang paraan ng pagsusuri sa pagsasalin sa Filipinas. Halos walang maituturing na kritisismo ngayong nauukol sa pagsasalin, gaya ng pangyayaring walang nag-uukol ng seryosong pansin sa napakalaking pangangailangan sa pagsasalin sa ating bansa. Hindi ko alam kung kaso ito ng itlog-manok. Ngunit hinihingi ng panahon na mag-ukol ng seksiyon para sa gawaing ito ang mga peryodiko’t magasing popular, at lalo na ang mga akademikong jornal. Napakalaking tulong ang intelihente’t masinsinang pagsuri sa mga salin túngo sa inaasam nating paglusog ng pambansang pagsasalin.

Kaugnay nitó, ang ginawa kong pahambing na talakay sa mga salin ng isang akda ay may layuning itanghal ang kabuluhan ng pagsusuring pampanitikan. Ang ibig kong sabihin, ang pamantayan sa pagsusuring pampanitikan ay makabuluhang instrumento upang tukuyin ang ginampanang pagsasalang pampanitikan ng isang salin.

Ibig kong samantalain ang pagkakataón upang tukuyin ang malaking guwang sa teorya at praktika ng pagsasalin na idinudulot ng nabanggit kong kawalan ng panunuri sa kasaysayan at sa mga isinagawa nang pagsasalin. Isang malaking guwang ang malaking pagbabago sa panitikang popular sa bungad ng ika-19 siglo dahil sa paglaganap ng tinatawag na babasahíng awit at korido at teatrong komedya. Mga salin ang mga ito, o kung nais maging tiyak, mga halaw at hango. Ngunit sino ang gumawa ng seryong pag-aaral sa mga ito bílang isang makabuluhang yugto sa kasaysayan ng pagsasalin sa Filipinas? Isa pang magandang tagpo ang mga proyektong pagsasalin ni Rizal. Dahil halimbawa sa kaniyang salin ng *Wilhelm Tell* ni Schiller ay nakalikha siya ng mga

korespondensiya na nagsisimula ng talakay sa teorya ng pagsasalin at ng diyalogo hinggil dito nina Ferdinand Blumentritt at Paciano Mercado Rizal. Dapat ding balikan ang praktika ng pagkasalin nina Plaridel at Bonifacio sa “El amor patrio” upang hanguan ng mga leksiyon sa pagsasalin. Sa katunayan, maaaring magpaliwanag ang mga ito sa naging moda ng pagsasalin sa ika-20 siglo at hanggang sa kasalukuyan. Makahahalina din ito sa ating mga kritiko/guro na saliksikin ang ating sariling karanasan sa halip na sumagap lámang ng mga teorya mula sa mga idolong banyaga.

Ang ikaapat na sanaysay ay isang panimulang diskusyon sa pagsasaling teknikal at sa naiibang mga kahingian ng gawaing ito. Kung tutuusin, noon pa gumagawa ng pagsasaling teknikal ngunit ngayon lámang binibigyan ng isang bukod na paliwanag upang maipakilálang naiiba sa pagsasaling pampanitikan. Naniniwala pa rin akong magkatulad ng adhika ang dalawa. O kayâ, tulad ng aking paglalahad, may gampaning teknikal sa loob ng isang pagsasaling pampanitikan. Gayundin naman, may mga pangangailangang pampanitikan sa loob ng isang pagsasaling teknikal. Gayunman, dahil sa higit na malaking pangangailangan ngayon sa iba’t ibang tekstong teknikal, napapanahon ang bukod na paglilinaw sa naiibang layunin at gampanin ng pagsasaling teknikal. [Nais kong isingit dito ang malaking pasasalamat sa tulong nina Minda Limbo, Grace Bengco, John Torralba, Eilene Narvaez, Cecile Lapitan, at Kriscell Labor para sa pagsasaayos ng mga halimbawang salin at ibang trabahong teknikal.]

May dagdag na apendiks ang libro upang makatulong pa sa gagamit. Nása apendiks ang tinalakay na mga salin ng tula ni Rizal at magandang titigan pa ng mga interesadong tagasalin upang ipagpatuloy ang binuksan kong kritika sa ilang bahagi ng mga ito. Bakâ may iba pa

siláng maidagdag na pansin sa mga saknong na hindi ko na pinaghambing. Bukod pa, maaari pa niláng patunayan kung maaaring gamitíng patnubay sa ibang mga saknong ang isinagawa kong pagsuri sa ilang bahagi ng mga saling patula. At bukod pa, maaari nilá itong gamitíng sandigan túngo sa paglikha ng kanilang mga sariling pagtatangkang isalin si Rizal.

Pansinin din na naging malaking gámit kong halimbawa ang naging pagsasalin kay Rizal. Una, dahil nagkataóng isa ako sa naging masugid na tagasalin ng mga tula at mga nobela ni Rizal, at sa katotohanan, una kong sinulat bílang panayam hinggil kay Rizal ang dalawa sa mga kabanata sa librong ito. Ikalawa, praktikal gamítin ang pagsasalin kay Rizal dahil mistula itong “pambansang adhika” magmula noong panahon ni Bonifacio at hanggang sa kasalukuyan. Nagpapaligsahan ang mga makata—sa Tagalog man o sa ibang mga wika—sa pagsasalin ng “Último adiós” at makapupulot sa mga naging salin ng mga ginamit na estratehiya upang matumbasan ang henyo ni Rizal. Kung isasaling problematika sa pagsasalin, nais kong kaagad ipanukala na may partikularidad ang naging pagsasalin kay Rizal na wala sa nagaganap na pagsasalin mula sa banyagang wika túngo sa wikang katutubo. Banyaga ang wika sa pagsulat ni Rizal ngunit Filipino si Rizal. Paano kayâ susukatin ang posibleng domestikasyon at/o pagsasabanyaga, alinsunod sa pamantayan ni Lawrence Venuti, sa teksto ni Rizal?



Bágong-Húlog

Huwag namang mabibigla sa aking ilang kapangahasan. Halimbawa, ang imbento kong “bágong-húlog” para sa isang uri ng paglikha ng salita. Sa aking

paliwanag, ibig kong tukuyin dito ang pagdukal sa bodega ng wika at pagpili ng isang salita upang bigyan ng bagong kahulugan. Malimit itong mangyari, kahit sa nauso ngayong gámit ng “húgot” sa hanay ng mga artista’t manganganta. Hindi ko naman nais tawagin itong *recycling* dahil hindi naman basura ang salita na muling binibigyan ng gamit. Wala akong maapuhap na katapat sa Ingles.

Sa naturang neolohismo, ibig ko ring ituon ang pansin sa ugat ng “kahulugán” at siyang púnto ng mga gawaing pangwika. Kung hindi ninyo napapansin, ang orihinal na ibig sabihin ng “húlog” ay ihagis paibabâ ang isang bagay. Ihagis para sirain ito. Masamá ang ibig sabihin. Ngayon, bakit nagmula ang “kahulugán” natin sa lingguwistika sa “húlog”? Malaki ang posibilidad na kinuha natin ang gámit panlingguwistika sa “húlog” ng mga karpintero. Kasangkapan itong may bolang bakal na may tulis at nakaugnay sa isang mahabàng pisi. Inihuhulog ito mula sa itaas upang masipat kung tuwid ang pagkakatayô ng haligi at anumang katulad na bahagi ng konstruksiyon. Ginagamit din noon ng mga sastre ang salita upang ilarawan ang mahusay na liston ng pantalon.

Marami ring “salin” o “halaw” ng mga nobela ni Rizal at isang magandang pagkakataón upang “ihulog” ang aking pagtalakay hinggil sa etika o moralidad sa pagsasalin, at upang maidiin ang responsabilidad ng pagsasalin at ang posibleng masamâng epekto ng komersiyalismo sa pagtuturo ng Rizal sa partikular at sa pambansang edukasyon sa kalahatan. Ang kasong ito ay isang malaking isyu sa pagsasalin. Malimit na ipinapataw ang bigat ng “kasalanan” sa nagpapasalin—sa pabliser o sa korporasyon o sa partidong pampolitika (sa gobyerno)—ngunit dapat ding ipagunitang malaking tungkulin ito ng sinumang nagnanais maigálang na tagasalin. Sa dulo, hindi ito “trabaho lang.” Isa itong maselan at mabigat na



trabaho para sa anumang dapat isulong na karunungan at katotohanan sa mundo.

Uulitin ko, isang tulong sa preparasyong pang- edukasyon ng nagnanais maging tagasalin ang aklat na ito. Na ang kahulugan para sa sinumang babásang tagasalin ay humanap pa ng mga dagdag na aklat at babasahín upang higit na mapatalas ang sariling talino. Hindi ito Bibliya. Napakarami pang dapat basáhin at saliksikin upang maging tunay na dalubhasang tagasalin. Ang tinatawag ngayong aralin sa pagsasalin (*translation studies*) ay isang malawak na bukirin at patuloy na nililinang dahil sa matindi at patuloy na lumalaking pangangailangan sa pagsasalin sa buong mundo.

Buksan mo, Tagasalin, ang aklat na ito at sumanib sa matamis na pintig ng daigdig.

VIRGILIO S. ALMARIO
Ferndale Homes
29 Disyembre 2015

Nilalaman

ANG WIKA NG PAGSASALIN	1
PAGSASALIN BILANG PAKIKIPAGLARO SA WIKA	22
KOMERSIYALISMO AT PAGSASALIN	47
IYANG TEKNIKAL SA PAGSASALING TEKNIKAL	75
APENDIKS	102
ÚLTIMO ADIÓS ni Jose Rizal	108
PAHIMAKAS (1897) salin ni Andres Bonifacio	111
HULING PAALAM NI DR. JOSE P. RIZAL (1931) salin ni Andres Bonifacio	115
HULING CAISIPAN salin ni Pascual H. Poblete	119
PAHIMAKAS salin ni Julian Cruz Balmaseda	123
ANG HULING PAALAM NI RIZAL salin ni Guillermo E. Tolentino	126



ANG WIKA NG PAGSASALIN

(M)ay dalawa lámang (paraan sa pagsasalin). Maaaring pabayaang manahimik ng tagasalin ang awtor, hanggang posible, at pakilusin ang mambabasá túngo sa kaniya; o maaaring pabayaang manahimik ng tagasalin ang mambabasá, hanggang posible, at pakilusin ang awtor túngo sa kaniya.

–FRIEDRICH SCHLEIERMACHER (1813)

Ang pagsasalin ay iniaayon sa mga salita kapag ito’y mauunawaan, at ginagawang malaya naman kapag iyon ay may kalabuan datapua’t hindi lumalayo kailanman sa kahulugan.

– PACIANO MERCADO RIZAL (1886)

Tulad ng gawaing pampanitikan, wika ang pangunahing kasangkapan sa pagsasalin. Sa isang pagtanaw, mas mahirap pa ito kaysa gawaing pampanitikan, dahil dalawang wika ang dapat pagpakadalubhasaan ng tagasalin sa ordinaryong sitwasyon. Kailangang dalubhasa siya sa **Simulaang Lengguwahe** (SL) o ang wika ng isinasaling akda, at ng **Tunguhang Lengguwahe** (TL) o ang wikang pinagsasalinan ng akda. Wika nga ni John Dryden para sa sinumang nais magsalin ng tula, kailangang “bukod sa isang henyo sa naturang sining ay (kailangang) dalubhasa

kapuwa sa wika ng kaniyang awtor at sa kaniyang sarili. Hindi rin kailangang nauunawaan lámang natin ang wika ng makata kundi maging ang kaniyang natatanging takbo ng isip at paraan ng pagpapahayag, na mga katangiang ikinabubukod at sa ganoong paraan ay ikinaiiba niya sa lahat ng ibang manunulat. Kapag isinaalang-alang natin ito, kailangang isaloob natin na ibagay ang ating henyo sa kaniya, na idulot ang takbo ng kaniyang isip alinsunod sa kaniyang takbo ng isip, at kung ipahihintulot ng ating dila, o kung hindi man, bahagyang ibahin ngunit hindi ang kasuotan, at lalo nang hindi iibahin o sisirain ang sustansiya.”



Bílang alagad ng Wikang Pambansa ay malimit kong makaengkuwentro ang isang pangunahing problema sa pagsasalin. Lalapit ang isang reporter at magtatanong: “Ano ba ang *journalism* sa Filipino?” Sa mga seminar, laging itinatanong ng mga titser: “Wasto bang itawag ang ‘punong-guro’ sa prinsipal?” At durugtungan pa ng: “Alin po ang tamang baybay? ‘Punong-guro,’ ‘punongguro,’ o ‘punungguro’?” Isang mambabatas ang mag-uusisa: “Bakit walang katumbas sa Filipino ang *jus sanguinis*?” Medyo nantetesting na idudulog naman ng estudyante: “Kelan po ba mainam gamítin ang ‘metamorphosis’ at kelan ang ‘banyuhay’?”

Kung tutuusin, pinatutunayan ng mga binanggit kong engkuwentro ang katotohanan ng sinabi ni Roman Jakobson na hinaharap natin araw-araw sa iba’t ibang okasyon ang pagsasalin. Nakatanghal din sa mga pinili kong sitwasyon ang salimuot ng mga dapat isaalang-alang sa pagsasalin. Ngunit nais ko ring ituon ang ating pansin sa matanda’t pangunahing problema ng tagasalin—ang paghahanap ng wasto at angkop na pantumbas sa isinasaling salita. Malimit na ipinangangaral na kailangang “matapat” ang salin. Sa sukdukan, ang tinutukoy ng naturang

aral ay literal na tumbásan ng salita-sa-salita ng SL at ng TL. Sa kabilâng bandá, malimit naman nating marinig na “imposibleng maging siyento porsiyentong matapat” dahil sa simpleng pangyayari na walang dalawang wika sa mundo na magkatulad. Pero bakit idinidiin noon pang panahon ni John Dryden ang pagiging matapat ng salin sa orihinal? Kung babalikan ang kasaysayan, may dalawang ugat na Kanluranin ang mahigpit na panghihingi ng katapatan sa pagsasalin.

Una, ang “lunggating Dryden” na nakasalig sa paniwalang may superyor at may imperyor na wika, alinsunod sa antas ng sibilisasyon at kapangyarihang pampolitika ng lipunan. Kaugnay nitó ang pangyayaring isinasalin ang isang akdang nása superyor na wika dahil kailangang matutuhan ng imperyor na lipunan. Sa pagsasalin, sa gayon, ay nagiging pamantayan na ang wikang pansalin ay kapantay ng wikang isinasalin. Ikalawa, ang iniatas na paghihigpit sa interpretasyon ng “teksto ng pananampalataya.” Ang Bibliya ay “Salita ng Diyos,” sagrado, at kayâ kailangang napakaingat ang pagsasalin upang hindi mámalí ng interpretasyon. May isang mahabàng panahon na Latin lámang ang wika ng Simbahang Katolika at kayâ bawal isalin sa ibang wika ang Bibliya. Kapuwa may malakas na epekto ito sa ating kasaysayan ng pagsasalin dahil sa pinagdaanan nating matagal na panahon ng kolonyalismo at dahil sa malaking bahagi ng nakaraang gawaing pampagsasalin ay nása ilalim ng pangangasiwa ng Simbahang Katolika.

Subalit balikan muna natin si John Dryden. Sa totoo lang, hindi makatarungan ang pagpapangalan ko sa kaniya ng “lunggating Dryden.” Sa kaniyang introduksiyon sa salin niya kay Ovid noong 1680 ay mapapansin ang kaniyang di-karaniwang kaalaman hinggil sa pagsasalin at sa mga kahingian ng naturang sining. Inuri niya ang paraan



ng pagsasalin sa tatlo. Una, ang “metapruse,” o ang wika nga niya’y literal na paglilipat sa isang awtor nang salita-sa-salita at linya-sa-lingya túngo sa ibang wika. Ikalawa, ang “parapruse” o pagsasalin sa kahulugan ng sinabi ng awtor ngunit sa paraang nababago at nadadagdagan ang kaniyang wika. Ikatlo, ang “imitasyon” o ganap na kalayaang lumihis sa salita at kahulugan ng awtor kayâ nagdudulot lámang ng pangkalahatang pahiwatig mula sa orihinal. Alam niyang imposible ang una, ang metapruse, dahil may higpit ang gámit ng Latin na mahirap ipahayag sa “mga makabagong dila.” Ngunit ayaw naman niya ang ikalawa at ikatlo. Ayaw niya dahil maluwag ang parapruse; peke naman ang tingin niya sa imitasyon. Nais niya sa gayong lumikha ng salin na nása gitna ng metapruse at ng parapruse. At sa kabilâ ng sinasabi niyang mga limitasyon ng makabagong wikang gaya ng Ingles upang maitapat sa kapangyarihan ng antigong Griego at Latin, malakas pa rin ang hangarin niyang maisa-Ingles ang kagandahan ng akda sa Griego o Latin. Sa sariling salita, lunggati niyang “pagsalitain si Vergil sa Ingles na tulad ng pagsasalita niya kung ipinanganak siya sa England at sa ating panahon.”

Nagiging isang sikolohikong obligasyon ang “lunggating Dryden” kaugnay ng ating bagaheng pampolitika at tinatawag na “kaisipang kolonyal” bílang dáting sákop ng España. Para sa ating mga unang edukado’t tagasalin hanggang bungad ng ika-20 siglo, sinasagisag ng Español (at kahit ng Ingles) ang isang wikang superyor (ang Latin sa tingin noon ni Dryden) dahil tagapagdala ng higit na mataas na sibilisasyon. Anupa’t naging adhika ng mga edukado natin ang palagiang paghahanap ng pantumbas, ng *equivalence*, sa wikang katutubo kaakibat ng paghahangad na maiangat ang kapasidad ng wikang katutubo bílang wika ng karunungan. Sa katunayan, may panahong naging adhika ng mga alagad ng Wikang Pambansa na ihanap ng katumbas kahit



ang mga terminolohiyang teknikal at siyentipiko—mula sa *Balarila* hanggang sa *Maugnayin*—kayâ naakusahan ng “purismo” ang tagapagpalaganap na Surian ng Wikang Pambansa (SWP) noong dekada 60.

Mga Layunin sa Pagsasalin

Siyempre, may kasalungat na saloobin ang pagsasalin. Halimbawa, ang pananaw naman mula sa isang tagasalang may ipinalalagay na superyor na kultura kaysa wika ng isinasalin. Sabi nga noon ni Cicero sa kaniyang pagsasalin ng akdang Griego, isinasalin niya ang mga idea at ang mga porma ng orihinal na Griego ngunit “isinasalin (niya) sa isang wika (Romano) na nakatugma sa ating mga kumbensiyon ng paggamit” (*verbis ad nostram consuetudinem aptis*). Pinairal ni Cicero ang “pribilehiyong imperyalista” ng wika ng makapangyarihang bansa upang samsamin kung bagá ang anumang yaman ng akdang nása wika ng sákop na bansa. Sa ganitong paraan, malaya ang tagasalin na pumili ng ipinalalagay niyang angkop na paraan ng pagsasalin nang hindi isinasaalang-alang ang maaaring nasikil o nawala mula sa orihinal.

Malimit nasisipi ang sumusunod na simulain sa pagsasalin: (1) Dapat na ganap na nauunawaan ng tagasalin ang kahulugan at ang ibig sabihin ng orihinal na awtor; (2) dapat na may ganap siyang kaalaman kapuwa sa SL at sa TL; (3) dapat na umiwas siya sa mga tumbasang salita-sa-salita; (4) dapat na gumamit siya ng anyo ng salita na alam ng nakararami sa TL; at (5) dapat na malapatan niya ng angkop na himig ang himig ng orihinal.

Subalit sa likod ng bawat leksiyon sa pagsasalin ay naroon ang nabuksan kong sigalot. Ang buong kasaysayan



ng pagsasalin sa Kanluran ay maituturing na isang walang humpay na rekonsiderasyon at repormulasyon sa “lunggating Dryden” at sa “pribilehiyong imperyalista” ni Cicero. Dahil na rin sa tinatanggap na mga hanggahang pangwika, ang tagasalin ay laging naninimbang sa mga limitasyong pangwika, kalakip ang mga salimuot na itinatanghal ng orihinal, at sa mga tungkuling kusa niyang iniaatang sa kaniyang balikat.

Sa ganito naging mabigat na problematika ang tanong na: Nasaan ba ang ideal na pagitan sa metaprase at sa paraprase ni Dryden? Maraming sagot ang mga teoritisyan. Sa tingin ko at upang makaiwas sa mga debate, ang higit na dapat inuusisa ay: Gaano ba dapat katapat ang pagsasalin? At dito kailangang linawin ang **layunin o mga layunin sa pagsasalin**. Ano ba ang tungkuling nais gampanan ng tagasalin? Kung magsasalin ka, nais mo bang gayahin ang orihinal? O nais mong gamitin ang orihinal sa isang paraang iba sa orihinal, ngunit ipinalalagay mong kailangan ng iyong target na mambabasá, lipunan, at panahon?

Noong 1813, nilinaw ni Friedrich Schleiermacher sa isang lektura na dalawa ang paraang maaaring gamitin ng tagasalin. “Maaaring pabayaang manahimik ng tagasalin ang awtor, hanggang posible, at pakilusin ang mambabasá túngo sa kaniya; o maaaring pabayaang manahimik ng tagasalin ang mambabasá, hanggang posible, at pakilusin ang awtor túngo sa kaniya.” Ayon sa layunin, maaaring basahin ang pag-uri ni Schleiermacher na (1) pagsisikap manatili ang wika at kahulugan ng awtor, o (2) pagsisikap na ilipat ang kahulugan ng awtor sa wika at kultura ng mambabasá.

Mula dito at sa aking palagay, dalawa ang maituturing na pangkalahatang layunin sa pagsasalin:

imitasyon at reproduksiyon.

Imitasyon o panggagaya ang tawag ko sa gawaing sumasaklaw sa paghahanap ng katumbas na salita para sa SL hanggang sa pagsisikap na gayahin ang anyo at himig ng orihinal na akda. Naiiba ang imitasyon ko sa “imitasyon” ni Dryden. Hindi ito paggawa ng huwad; sa halip, nangangahulugan ito ng pagsisikap matularan ang isang huwaran, at kung sakali’y higit na malapit sa hakà ni Plato hinggil sa paglikha mula sa pagpangitain ng isang Ideal. May napakalakas na layuning maging matapat ang imitasyon sa orihinal.

Reproduksiyon o muling-pagbuo ang layuning higit na tumutupad sa inaakalang interes o pangangailangan ng lipunan at panahon ng tagasalin. Nagbibigay ito ng kalayaan at pleksibilidad sa proseso ng pagsasalin. Maaari itong mangahulugan ng pagsasapanahon. Sa gayon, maaari itong umabot sa paglalapat ng wikang higit na naiintindihan ng mambabasá ng salin. Maaari itong mangahulugan ng paglilipat ng orihinal túngo sa isang anyong ipinalalagay na mas ninanais basahin ng madla. Bílang adaptasyon, maaari itong salin ng anyong pampanitikan ng orihinal túngo sa ibang anyong pampanitikan hanggang sa isang pinahabàng paglilinaw sa anyo’t nilalaman ng orihinal. Maraming sinaunang akda ang nagkaroon ng bagong-búhay dahil sa reproduksiyon ng mga ito túngo sa anyo at wikang uso o moda sa target na lipunan.

Magandang halimbawa sa naturang mga layunin ang naging mga transpormasyon ng sanaysay ni Rizal sa wikang Español na “El amor patrio” na nalathala sa *Diariong Tagalog* noong 1882. Nalathala din at kasabay ng sanaysay ni Rizal ang salin sa Tagalog ni Marcelo H. del Pilar na “Pagibig sa Tinubuang Lupa.” Imitasyon ng “El amor patrio” ni Rizal ang “Pagibig sa Tinubuang Lupa” ni

M.H. del Pilar. Si M. H. del Pilar ang editor ng *Diariong Tagalog* at tiyak na ninais niyang isalin ang artikulo ni Rizal upang mabása ito at pakinabangan ng mga sumusubaybay sa naturang peryodikong propagandista at hindi gaanong bihasa sa Español. Noong 2012, ginawan ko ng pahambing na pagsusuri ang sanaysay ni Rizal at ang salin ni M.H. del Pilar sa aklat kong *Ang Pag-ibig sa Bayan ni Andres Bonifacio* (UST Publishing House) at nilinaw ko doon ang halaga ng ginawa ni M.H. del Pilar:

Ang tungkulin ng pagsasalin bílang kasangkapan sa pananakop ang malinaw na sinasalungat ng pagsasalin nina Marcelo H. del Pilar at Andres Bonifacio sa “El amor patrio” ni Jose Rizal. Ang salin ni M.H. del Pilar ang unang limbag na pagsisikap upang maipabása sa madlang hindi marunong ng Español ang isang makabayang akda. [Hanggang sa pagsulat ko nitó, hanggang noong 1882 ay pawang akdang nakasulat sa Español ang dokumentong limbag na mga usig at salungat laban sa simbahan at pamahalaang Español at hindi maituturing na makabayan.] Ang patulang salin naman ni Bonifacio ang dagdag na pag-akit sa madlang higit noong mahilig makinig/ bumása sa pahayag na patulad.

Nabanggit ko na sa sipi ang pagsasaling ginawa ni Andres Bonifacio sa sanaysay ni Rizal. Reproduksiyon naman ng sanaysay ni Rizal ang tulang “Pagibig sa Tinubuang Bayan” ni Bonifacio. Ang sanaysay ay isinalin sa anyong tula, hindi lámang dahil isang makata si Bonifacio kundi higit na dahil tula ang higit na kinahihiligang anyo ng pahayag pampanitikan ng madla noong ika-19 siglo. Kayâ popular noong babasahín ang tulang pasalaysay na awit at korido at ang patulang pagtatanghal na komedya. Pinili

pa ni Bonifacio ang anyo ng saknong ng awit na ginamit ng dinadakila noong si Balagtas sa *Florante at Laura*. Wala namang impormasyon kung kailan sinulat ni Bonifacio ang kaniyang tula. Ngunit tiyak na pagkaraang mabása ang “El amor patrio” ni Rizal. Ngunit kailan? Noong ilabas ba ito ni M.H. del Pilar sa *Diariong Tagalog* noong 1882? O noong ipalathala itong muli ni Rizal sa *La Solidaridad* noong 31 Oktubre 1890? Alinmang petsa sa pagitan ng 1882 at 1890, ang mahalaga ngayon ay naapektuhan si Bonifacio ng sanaysay ni Rizal at sinikap niyang muling ipahayag ito sa ibang anyo ngunit sa paraang mabisang naipaloob ang nilalaman at sentimyento ng orihinal. Sa katunayan, higit pang natatandaan ngayon ng marami ang tula ni Bonifacio kaysa sanaysay ni Rizal lalo na ang madamdaming retorika ng unang saknong:

Aling pag-ibig pa ang hihigit kayâ
Sa pagkadalisay at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa tinub’ang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Mga Hakbang sa Aktuwal na Pagsasalin



Imitasyon man o reproduksiyon, ang talagang unang-unang problema sa aktuwal na pagsasalin ay ang paghahanap ng salita na pantumbas sa isinasaling salita. Ang gawaing ito ay malimit na depende sa tagasalin—sa kaniyang layunin—na depende rin sa kaniyang kaalamang pangwika, sa ninanais niyang epektong pampanitikan, sa kaniyang paboritong salita, sa kaniyang *mood* hábang nagsasalin [na malimit nagbubunga ng inkonsistensi], atbp.

Sa pangkalahatan at gawaing salita-sa-salita, gumagawa siya ng (1) pagtutumbas, (2) panghihiram,

(3) paglikha. Huwag isipin na magkakasunod ang hanay ng mga naturang hakbang alinsunod sa aking pagbilang. Walang priyoridad sa tatlo. Maaaring unahin ng tagasalin ang pangatlo o ang pangalawa. Depende sa kaniyang deskarte o sa ipinalalagay niyang higit na angkop gamítin.

Alinsunod sa bagong patakaran ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang **pagtutumbas** ay may dalawang yugto. Una, ang paghahanap ng pantumbas na salita mula sa kasalukuyang korpus ng wikang Filipino. Ikalawa, ang pagtuklas ng pantumbas mula sa ibang katutubong wika ng Filipinas. Bahagi ang ikalawang yugto ng adhika ng KWF na higit at aktibong ilahok ang mga wikang katutubo ng bansa sa pagpapayaman ng Wikang Pambansa.

Sa kabilâ ng binanggit na kalayaan sa pagpili ng nais gamítin paraan sa aktuwal na pagsasalin, ang pagtuklas ng pantumbas bago manghiram ay iminumungkahing pag-ukulan ng panahon ng mga tagasalin. Una, upang higit na mapalalim o mapalawak ang kaalaman sa sariling wika ng tagasalin. Ikalawa, upang maiwasan ang labis o mapagmalabis na panghihiram—ang ibig sabihin, ang panghihiram ng mga hindi naman kailangang salita, lalo’t nagkataóng hindi alam ng tagasalin ang pantumbas mula sa sariling wika bunga ng kaniyang pansariling limitasyon at kakulangan ng saliksik sa sariling wika. Biktima ng ganitong kahinaan ng tagasalin ang popular na paggamit ngayon ng hiram na “triyángguló” (mula sa Español na *triángulo*) o ng likhang “tatsulók” (mula sa “tatlong sulok”) dahil wala nang nakaaalala sa sinaunang “tilasithá.” Ang totoo, bakâ akalain pa ngayon ng mga Tagalog na katutubo ang “tatsulók” at likha ang “tilasithá.” Bukod pa, bakâ higit pang ninanais gamítin ng mga kabataang tagasalin ngayon ang nireispiel na “trayáγγελ” (mula sa Ingles na *triangle*) kaysa Español na “triyángguló.”



Kung lumikha man ngayon ng malaking alinlangan ang muli kong pagpapakilála sa “tilasithá” ay nais ko ring tukuyin ito bílang isang marikit na patunay sa mababàng pagtingin sa Wikang Pambansa bílang wika ng karunungan. May naghaharing palagay na kulang na kulang sa dalumat na siyentipiko ang wikang katutubo, kayâ iisipin kaagad, lalo ng mga edukado nating kababayan, na imposibleng may ganitong konseptong heometriko ang mga sinaunang Filipino. Magugulat siláng lalo kapag natuklasang sinauna ang “parisukát,” dahil inakala niláng likha lámang ito at kayâ iniwasang gamítin at higit na minamabuti ang paghiram ng “kuwádrádo” mulang Español o lalo na ng *square* o “iskweyr” mulang Ingles.

Samantála, ang “katarúngan” at “lungsód” ang dalawang marikit na halimbawa ng pantumbas mula sa ibang katutubong wika ng bansa. Kapuwa mula sa Kabisayaan ang dalawa. Ang una ay mula sa pang-uring Sebwanong “taróng” para sa tuwid, nilagyan ng kabilaang panlaping KA- at –AN, at ipinantumbas sa “hustisya” ng Español; mula sa Boholano ang ikalawa, nangangahulugan ng nayon o komunidad, ngunit ipinantapat ngayon sa dáti nang hiniram na Español na “siyudád.” Dahil sa binibigyan ang mga salita ng bagong kahulugan ay tíla ito sumasailalim sa paglikha ng salita at kauri ng tinatawag kong “bagong-húlog.” Noon pang panahon ng Americano naganap ang naturang paglalahok ng dalawang salita sa Wikang Pambansa. Sa kasalukuyan, higit na bumibilis ang paghahanap ng ambag na bokabularyo mula sa ibang wikang katutubo. Halimbawa, hiniram ngayon ang “rabáw” ng Ilokano upang ipantumbas sa konsepto ng *surface* sa pisika, ang “iláhas” mulang Kiniray-a at Hiligaynon upang itumbas sa *wild* ng biyolohiya, ang “láwas” mulang Sebwno at Waray upang gamiting tulad ng teknikal na *body* sa Ingles, gaya sa “lawas pangkalawakan,” “lawas ng tubig.”



Dapat tandaan na ang pagtutumbas ay may mga kaakibat na problema. Pangunahin sa lahat ang pangyayari na walang dalawang wika sa mundo na may magkatulad na bokabularyo. Kayâ bihira ang tunay at ganap na magkatumbas na salita sa dalawang lengguwahe. [Magandang basáhin pa ukol dito ang mga libro sa *meaning-based translation* ng mga eksperto sa lingguwistika.] At kayâ malimit na nagpapaliwanag ang salin, nagiging isang parirala ang katumbas ng isang salita sa orihinal, o inililikha ng bagong katumbas ang orihinal, kung hindi man tahasang hinihiram.

May sumusunod na proseso naman ang **panghihiram**. Dahil sa pangyayaring pangkasaysayan at katwirang panlingguwistika, inuunang hiramang wika ang Español. Libo-libo na ang salitang Español sa lahat ng wikang napailalim sa impluwensiya ng kolonyalismong Español. Halos lahat ng pangunahing gámit na personal ng mga Filipino, kasangkapan sa bahay at sa paaralan, konseptong Kristiyano, atbpang larang ay nása Español. May mga salita na nabago ang anyo dahil marahil sa malíng pakinig ng ating mga ninuno o dahil na rin sa walang-ingat na bigkas ng mga hindi naman edukadong dayuhang tagapagsalita, gaya ng “padér” mula sa *paréd*, “kómang” mula sa *manco*. May nagbago ng bigkas, gaya ng may mga impit sa dulong “kampanà” (*campana*), “kandilà” (*candela*), “bintanà” (*ventana*) mula sa wikang wala namang impit ang bigkas sa patinig. May mga salita na aakalaing katutubo kung hindi aaninawin ang pinagmulan, gaya sa “siláhis” (mula sa *celaje+s*) at “kalatas” (mula sa *carta+s*). May mga hiniram na palagiang nàsa anyong maramihan, gaya ng “sapatos,” “mansanas,” “materyales,” “prutas,” “medyas,” “mesiyas,” “perlas,” at marami pa. Mga pagbabago itong bunga ng kawalan ng wasto at pampublikong edukasyon sa wikang Español sa loob ng tatlong dantaon ng pananakop.

Subalit higit na dapat pag-ingatan ngayon ang panghihiram upang hindi na dumami pa ang gayong naganap na baryasyong pangwika. Ang malungkot, nagaganap ang pagpapalaganap sa mga hindi wastong anyo ng salitang Español ngayon mula sa mga edukadong mahilig manghiram sa Español ngunit wala namang sapat na kaalaman sa naturang wika. Ikinalilito pa nilá ang pagkakahawig ng maraming salita sa Español sa mga salita sa Ingles at inakalang may pormula ng pagkakahawig ang dalawang wika. Mga guro mismo at ang mga estudyante niláng nagkaroon ng posisyong tinitingala ng madla ang nagkalat kamakailan ng mga salitang tinatawag kong **siyokoy** dahil hindi Español at hindi rin Ingles, gaya ng “imahe” na dapat sanang “imáhen” (*imagen*) kung Español o “imeyds” (*image*) kung Ingles, “diktadurya” na dapat sanang “diktadúra” kung mula sa Español, “kontemporaryo” na dapat sanang “kontemporáneo” kung mulang Español o “kontemporári” kung mulang Ingles, “aspeto” na dapat sanang “aspéкто” mulang Español na *aspecto* o “áspek” kung mulang Ingles na *aspect*.

Bukod sa hindi wasto ang anyo, nagdudulot ang mga salitang **siyokoy** ng mga hindi kailangang baryasyon sapagkat ginagamit din ang wastong anyo ng hiniram sa Español o sa Ingles. Halimbawa, ano ang silbi ng baryasyon at siyokoy na “imahe” kung ginagamit naman noon pa ang lehitimong Español na “imáhen”? Pampakapal lang ng diksiyonaryo.

Samantála, nais kong ipapansin ang kinukusa naman ngayong paglikha ng baryasyon ng hiram na salita sa Español bunga ng ilang dahilan o katwirang teknikal. Halimbawa, ang paggamit ngayon ng “siyentista” para sa táong eksperto sa agham at pananatili ng “siyentipiko” bílang pang-uri. Sa Español ang *científico* ay ginagamit kapuwa bílang pangngalan at bílang pang-uri. Ang paglikha



ng “siyentista” ay may layuning mabilis na maipakilála ang tao. Nilikha naman kamakailan ang “sikolohista” dahil ayaw ng mga eksperto sa sikolohiya ang kahawig na tunog sa Filipino ng orihinal na *psicólogo*.

Itinuturing na ikalawang hiramang wika ang Ingles. Ngunit bunga ng higit na pagkalantad sa Ingles ngayon, bakâ ang totoo’y ito ang unang hiramang wika ng nakararaming Filipino. May dalawang yugto ang panghihiram mulang Ingles. Una, ang paghiram sa salita nang walang pagbabago. Ikalawa, ang pagreispiel.

Alinsunod sa 2013 *Ortograpiyang Pambansa* ng KWF, may tatlong pagkakataóng hinihiram nang walang pagbabago ang mga salita mulang Ingles. Una, sa mga pangngalang pantangi na hiram sa wikang banyaga, gaya ng pangalan ng tao (Charles, Felipe, Jan, Vanderbilt), pangalan ng pook (Filipinas, Nueva Ecija, New Jersey, Africa), at iba pang pangngalang nagsisimula sa malaking titik (*Merchant of Venice*, Mandarin, Fuerza Santiago, Jollibee, Martinez & Sons). Ikalawa, mga katawagang siyentipiko at teknikal, gaya ng carbon dioxide, jus sanguinis, zeitgeist. Ikatlo, mga salita na mahirap dagliang ireispiel o nakapagdudulot ng kalituhan kapag binaybay alinsunod sa palabaybayang Filipino, gaya ng cauliflower, queen, jaywalking. Halimbawa pa, kapag binaybay ang pizza nang “pítsa” ay malaki ang posibilidad na hindi na makilála ang orihinal na pagkaing Italiano at mapagkamalan itong gámit sa paglalaro ng dáma o ahedres.

Hindi naman ipinagbabawal ang **reispeling**. Isang mabisàng paraan ito upang mabilis na maipaloob sa wikang Filipino ang mga hiram na salita. Marami nang pumasok na salita mulang Ingles na karaniwang isinusulat na sa baybay Filipino, gaya ng “istambay” (*standby*), “iskedyul” (*schedule*), “pulis” (*police*), “korni” (*corny*). Ngunit tinitimpi

ng Ortograpiyang Pambansa ang pagbaybay-Filipino sa mga bagong hiram na salita, (1) kapag nagiging kakatwa o katawa-tawa ang anyo sa Filipino, (2) kapag nagiging higit pang mahirap basáhin ang bagong anyo kaysa orihinal, (3) kapag nasisira ang orihinal na kabuluhang pangkultura, panrelihiyon, o pampolitika ng pinagmulan, at (4) kapag lumilikha ng kaguluhan ang bagong anyo dahil may kahawig na salita sa Filipino.

Halaga ng Paglikha

Isang nakaliligtaang hakbang ang **paglikha**. Makabuluhang paraan ito ng pagpapayaman sa bokabularyo ng wikang pinagsasalinan. Gayunman, sinabi kong “nakaliligtaang hakbang” ito at inihulí ko ang talakay dahil sa isang maalingasngas na pangyayari noong ikalawang hati ng dekada 60.

Noong 1965, inihabla ang Pilipino (tawag sa Wikang Pambansa noon) at ang mga ahensiyang nagpapalaganap nitó dahil lumilihis diumano sa atas ng 1935 Konstitusyon. Tagalog din diumano ito at isang maskara lámang ang pagpapangalang “Pilipino.” Sinundan ito ng mga batikos hinggil sa lubhang pagiging “purista” ng Surian ng Wikang Pambansa. Higit diumanong makiling ang SWP sa paglikha sa halip na manghiram. Naging halimbawang katatawanan sa bagay na ito ang diumano’y likhang “salumpuwit” sa halip na gamítin ang “upuan” o ang popular nang hiram na “sílya.” Inabutan ng asamblea para sa pagbago ng saligang-batas ang naturang isyu kayâ nagpasiklab sa damdaming kontra-Pilipino ng mga delegado. Anupa’t sa 1973 Konstitusyon ay halos pinatay ang “Pilipino” dahil sa ninais ipadevelop na “Filipino” bílang Wikang Pambansa.

Sinundan ang pangyayaring ito ng mapagmalabis na hilig sa panghihiram, lalo na mula sa Ingles. Sintomas ng hilig na ito ang paglabas ng mga aklat sa gramatika na ipinagamit ang nireispel na “nawn,” “adyektib,” atbp kapalit ng “pangngalan,” “pang-uri,” at mga likhang termino sa pinalaganap nang balarila ni Lope K. Santos. Kayâ naging tamilmil kahit ang mga masugid na alagad ng wika na umimbento ng bagong salita para sa hinihiram na bagong konsepto.

Sa kabilâ ng lahat, makabuluhan pa ring isaalang-alang ang paglikha bílang isang paraan ng pagsasalin. May tatlong paraan ng paglikha: (1) **bágong-pagbuô** (*neolohismo*), gaya ng “banyuhay” (*metamorphosis*), “takdang-aralin” (*assignment*), “kasarinlan” (*independence*), “pulutgatâ” (*honeymoon*), (2) **hirám-sálin** (*calquing* o *loan translation*), gaya ng “daambakal” (*railway*), “subukang-túbo” (*test tube*), “halamang-ugat” (*root crop*), (3) **bágong-húlog** (pagbúhay sa isang lumang salita at pagbibigay ng isang bagong kahulugang teknikal) gaya ng “agham” (*science*), “kawani” (*employee*), “katarungan” (*justice*), “lungsod” (*city*), “iláhas” (*wild*), “rabáw” (*surface*).

Ang bagong-pagbuo ang pinakakaraniwang taktika sa paglikha ng salin. Kinukuha ang kabuuang kahulugan ng orihinal na salita at sakâ tinatapatan ng tambalang salita, gaya ng “takdang-aralin” na katapat ng Ingles na *assignment* para sa pagtuturo (hindi nasasákop ng salin ang ibang kahulugan o gámit ng *assignment*), o kayâ ng pagbuo ng isang salita mula sa isang parirala, gaya ng “banyúhay” mula sa “bagong anyo ng búhay” na naging pantumbas sa *metamorphosis*. Kaiba ang proseso ng pagtutumbas sa hiram-salin dahil literal na sinusundan lámang ang takbo ng kahulugan sa orihinal, gaya ng “daambakal” na literal na ibig sabihin ng *railway*. Bagaman higit sanang literal ang “bakal na daan” kaysa

“daambakal” at siyempre naging popular na rin ang hiram sa Español na “ríles.” Ang bagong-húlog ay imbento kong termino para pagbibigay ng bagong kahulugang teknikal sa isang lumang katutubong salita at may ibang lumang kahulugan. Halimbawa, ang “aghám” sa sinaunang Tagalog ay pagkilála sa tunay na pagkatao ng isang tao. Ngunit ginagamit ito ngayong katumbas ng “siyensiya” o *science* at wala nang nagsisikap umalala sa orihinal nitóng kahulugan. Ang “rabáw” ay Ilokano para sa ibabaw ngunit pinalalaganap ngayong pantumbas sa teknikal na kahulugan ng *surface* sa pisika. Maaaring manatili ang orihinal na kahulugan ng “rabáw” kapag ginagamit ng mga Ilokano ngunit *surface* na ito kapag ginamit ng di-Ilokanong Filipino.

Sa unang hati ng ika-20 siglo at sa sigabo ng pagpapayaman sa Wikang Pambansa ay naging masigla ang paggamit sa tatlong paraan ng paglikha. Pinakamagandang halimbawa ng bagong-pagbuo ang mga terminong panggramatika na naging popular sa bisà ng balarila ni Lope K. Santos. Aplikasyon naman ng bagong-húlog ang paggamit ng mga katawagang pang-agrikultura para sa peryodismo, gaya ng “tudlíng” para sa *column*, “pangulong-tudlíng” para sa *editorial*.



Mga hiram-salin naman ang gaya ng “tagamasíd” para sa *supervisor* at “tagapamanihalà” para sa *superintendent*. Ngunit ang pagmamadalí marahil sa paghahanap ng katumbas ay nagbunga din ng hindi gaanong eksaktong salin, gaya sa “patnúgot” na maaaring itapat sa *editor* at sa *director*. Ang “pahayagán” ay katapat ng *diario* sa Español o *newspaper* sa Ingles ngunit problema ang “pamamahayág” dahil maaaring itapat sa *journalism* at maaari din sa *demonstration*. Alin ba sa “tagapamahalà,” “tagapangasiwà,” o “tagapagpatupád” ang katapat ng *manager* o *administrator*?

Salimuot ng Salita Bílang Teksto

Ipinapayo din ngayon ng mga eksperto ang pagsuri sa akda bílang **teksto**. Ang ibig sabihin, ang salita ay hindi salitâng nakalutang sa hangin. Nagkakaroon ito ng kahulugang iba sa karaniwang gámit alinsunod sa posisyon nitó sa pangungusap, sa himig ng pagkakabigkas, at sa iba pang tinatawag na konteksto. Kayâ, iminumungkahi ang pagsagot sa sumusunod na tanong: Paano ba ginagamit ang salita sa teksto? Sa pagsasaling pampanitikan, lalo na, kailangang alamin ang mga larong pampanitikan at kaligirang pangkultura ng teksto.

Anuman ang estilo sa paggamit ng wika ng isang mahusay na manunulat, laging itinuturing na may ginagawa itong malikhaing pagbago sa karaniwang paggamit sa wika ng karaniwang tao. Ito ang katwiran ng pahayag ni Roman Jakobson na ang malikhaing pagsulat ay isang “biyolensiya sa wika.” Dapat asahang may mga laro-sa-salita at sari-saring tayutay ang isang akdang pampanitikan. Pinakamalimit sa tradisyonal na pagtula ang pag-uulit na gaya ng tugma at sukat, aliterasyon, at asonansiya. Maraming salimuot ang himig sa pagsulat at kailangang tumpak na “mabása” ng tagasalin ang niloloob na himig ng may-akda. Ang mga akdang may masayáng himig ay maaaring gumagamit ng **panggagagád** o *parody*. Samantála, ang may himig mapang-uyam ay malimit na hitik sa **balintunà** (*paradox*) at **parikála** (*irony*). [Kailangan ang isang hiwalay na talakay upang maipaliwanag pa ang kailangang “pakikipaglaro” ng tagasalin para sa epektibong paghúli niya sa mga laro-sa-salita ng teksto niyang isinasalin.]



Mabigat ding tungkulin ang pagsasaliksik sa kaligirang pangkultura ng teksto. Tinatawag din itong konteksto at tumutukoy sa idyomang pangwika, alusyong



pampanitikan, sipi sa kasaysayan, at/o kaugaliang panlipunan na posibleng nakatimo sa teksto, sinadya man o hindi ng awtor. Ang ibig sabihin pa, ang isang manunulat ay produkto ng kaniyang karanasan, panahon, at lipunan at dahil dito’y tiyak na naapektuhan ng mga ito sa akto ng pagsulat. Bahagi ng tungkulin ng dalubhasang tagasalin ang sipag magsaliksik. Tiyak na makatutulong sa tagasalin ang anumang impormasyong magbibigay ng dagdag na liwanag sa kaniyang tekstong isinasalin. Itutumpak ng kaalaman hinggil sa pinagmulan ng isang salita sa orihinal ang kaniyang pagpili ng itutumbas na salin.



Siyempre, hindi dapat kalimutan ang paggamit ng tumpak na timpla lalo na’t pampanitikan ang ninanais na salin. Kung bagá sa pagluluto, may mga kusinerong marunong sumunod sa resipe ngunit walang lasa ang inihaing pasta. Pare-pareho lang ang sangkap ng sinigang ngunit nása dalubhasang kusinero ang pagtimpla upang magkaroon ito ng tamang asim. Sa pagsasalin, kung minsa’y nangangahulugan lámang ang tumpak na timpla ng wastong paggamit sa “pero,” “ngunit,” “subalit,” o “datapwat.” O ng isang angkop na anyo ng pangungusap upang mapalitaw ang katangian ng isang tauhan. O ng maikli o mahabàng talata para ipahayag ang matinding damdamin o mabagal na pagninilay. Wala mang batas hinggil dito, ang pansarili ngunit masusing ebalwasyon ng tagasalin sa mga katangian ng isinasaling teksto ang papatnubay sa kaniya upang mailapat ang nararapat na timpla ng salin.

Pagkatapos ng lahat, pinakamahalaga sa pagsasalin ay *accuracy*. **Eksaktitud**. Hindi sa kahulugang “katapatan” o *fidelidad* lámang. Higit na ukol ito sa “pagiging wasto” : (1) tama ang bása sa teksto, (2) malinaw ang interpretasyon, (3) epektibong nabigyan ng bagong búhay ang orihinal. Maaaring makaengkuwentro ang mga ibig kong sabihin



ngayon sa ibang salita. May sari-sariling iniimbentong termino ang mga eksperto upang higit na maipahayag ang kanilang ibig sabihin. Halimbawa, ang *fluency strategy* ni John Hookham Frere (1820) o ang *dynamic equivalence* ni Eugene Nida. Maaari ding makaengkuwentro ng paliwanag na binibigyan ng pagpapahalaga ang bílang (1) o ang bílang (2). At maaaring bunga ito ng ninanais bigyan ng diin ng sumulat o bunga rin ng palipat-lipat na empasis sa kabuluhan ng pagsasalin sa pana-panahon.

Hintay muna. Hindi ba't kapag pagiging eksakto ang pamantayan ay higit na nauukol ito sa pagsasaling teknikal? Maaari. Subalit dapat ding igiit na ang “wastong pagsasalin” ay katangian kapuwa ng pampanitikan at teknikal na salin. Naididiin lámang ang eksaktitud sa saling teknikal dahil sa mahigpit na kahingian ukol dito ng tekstong siyentipiko at teknikal. Halimbawa, ang “náis” ay may pagpipiliang mga singkahulugang gaya ng “gustó,” “ibig,” “nasà,” “pithayà,” at “lunggatí.” Nakahayin itong mga pagpipilian ng tagasalin at dahil may nagkakatulad namang katuturan ay maaaring palit-palit gamítin sa pagsasalin ng isang akdang pampanitikan, alinsunod sa kaniyang pangangailangang pampanitikan, o kahit alinsunod sa kaniyang naisip gamítin sa isang pagkakataón. Ngunit maaaring timpiin ng pagsasaling teknikal ang ganitong kaluwagan. Itatapat nitó ang “lunggatí” para sa *desire* ng sikolohiya, ang “nasà” para sa masidhing layuning malimit na nauukol sa bawal, ang “adhikà” para sa hangaring malaki at pampolitika, ang “mithî” para ideal ng pamantayang pilosopiko. At hindi maaaring magkapalit-palit ng aplikasyon ang mga salitâng ito kapag ginamit sa isang tiyak na disiplina o larang sa agham at teknolohiya. Gayunman, dumarating din ang ganitong higpit at tatag ng pagpapakahulugan sa pagsasaling pampanitikan, lalo na kapag nakaharap ng tagasalin ang espesyal na wika ng isang awtor o ang tunay na naiibang kontekstong pangkultura ng isang katha.



Malimit ngang kailangan niyang maglagay ng talababâ upang ipaliwanag ang isang hindi maisaling salita sa tula o bigyan ito ng pakahulugan sa loob ng talata.

Kayâ noon pang 1886 ay naipayo na ni Paciano Mercado Rizal sa kapatid niyang si Jose na: “Ang pagsasalin ay iniaayon sa mga salita kapag ito’y mauunawaan, at ginagawang malaya naman kapag iyon ay may kalabuan datapua’t hindi lumalayo kailanman sa kahulugan.” Noon pa’y alam na ni Paciano na higit na mahalagang patnubay sa tagasalin ang hindi paglihis sa kahulugan. Paglilipat ng kahulugan ang pangunahing layunin ng pagsasalin. Maaaring gumamit ang tagasalin ng pagtutumbas, lumikha, o manghiram alinsunod sa kaniyang pangangailangan upang higit na mabisang mailipat sa kaniyang wikang pansalin ang kabuuang ibig sabihin ng isinasalin.

Ano’t anuman, sa paglilipat ng kahulugan, pinakamahalaga na pinayaman ng pagsasalin ang wika at kaalaman ng tunguhang lengguwahe, o naging daan ang pagsasalin upang maibigay ang isang mahalagang karanasan túngo sa ibang lupain at panahon. Tinutukoy ko ang humanista’t “unibersal” na pagpapahalaga sa biyaya ng pagsasalin mula noon hanggang ngayon. Maaaring may tumutol. Subalit hindi mapasusubalian na kahit sa layuning mapanakop at mapagsamantala ay nagsisilbi ang pagsasalin bílang tulay ng mga sibilisasyon, mga kultura ng bansa, at mga panahon.



Ferndale Homes
8 Nobyembre 2015



PAGSASALIN BÍLANG PAKIKIPAGLARONG SA WIKA

Isang pandaigdigang paniwala ang pagtuturing sa panitikan bílang malikhaing paglalaro sa wika. Sa gayon, pangunahing hámon sa pagsasaling pampanitikan ang pagtukoy at paghahanap ng pantumbas sa mga malikhaing laro-sa-salita ng akdang isinasalin. Lyon ang ibig kong sabihin sa pagsasalin bílang “pakikipaglaro sa wika”—inilahok ng tagasalin ang kaniyang wikang pansalin sa laro-sa-salita ng isinasaling awtor na sa palagay niya’y makabuluhan upang higit na mapahalagahan ng kaniyang mambabasá ang orihinal na akda at ang salin. Ang antas at kalidad ng pakikipaglaro sa wika ng salin ay maaaring gamítin upang sukatin mismo ang antas ng pagpapahalaga at sinop ng tagasalin sa kaniyang isinasalin, gayundin ang kaniyang angking kahandaan at kakayahang bumása ng mga pampanitikang laro-sa-salita.

Ang tungkuling ito ang tinatawag ni André Lefevere (1992) na “*illocutionary power*” nang ipahayag niyang “Ideally, they (ang mga tagasalin) should be able to convey both the semantic information content of the source text and its illocutionary power.” Gayunman sa praktika, wika rin niya, nagagampanang kasiya-siya ng mga tagasalin ang una ngunit malimit na hindi ang ikalawa. Dahil sa kaniya ring panuntunan na higit na isaisip ng mga tagasalin ang tungkuling maidulot sa kanilang madlang



mambabasá ang orihinal, ipinapayo ni Lefevere ang laging pagpapahalaga sa unang binanggit niyang tungkulin, sa pagdudulot ng “nilalamang semantikong impormasyon” sukdulang isakripisyo ang pagsasalin sa mga malikhaing ekspresyon.

Maaaring ituring na praktikal ang payo ni Lefevere, lalo na para sa mga baguhang tagasalin. Ngunit mananatili pa ring mabigat na hámon para sa isang tagasaling nais makipaglaro sa wika ang pakikipagbuno sa “illocutionary power” ng orihinal. Lagi itong tumatanghal na hámon kapag nagsasalin ng akdang pampanitikan, at tumitingkad kapag nagsasalin ng tula. Makabuluhan samakatwid na mag-aral ng mga karaniwang laro-sa-salita—ang tinatawag na mga tayutay at kasangkapang panretorika—lalo na kung mahigpit itong kaugnay sa pananalinghaga at organisasyon ng isinasaling akdang pampanitikan.

Nais kong gamítin sa pagtalakay ng gampaning ito ang pagsasalin sa “Último adiós” ni Jose Rizal. Bakit? Dahil paborito itong isalin ng mga makata at ibang manunulat, at kayâ noon pang ika-20 siglo ay umaabot na sa 22 ang salin sa Tagalog/Pilipino/Filipino. Apat na salin—ang mga salin nina Andres Bonifacio, Pascual Poblete, Julian Cruz Balmaseda, at Guillermo Tolentino—ang gagamitin ko upang itanghal ang hirap ng pakikipaglaro sa wika ng panitikan. Magandang pagkakataón din ito upang tamasahin ang pambihirang sitwasyon na inaasam noon pa ni Wilhelm von Humboldt, ang pagkakaroon ng “maraming salin” ng isang akda upang higit na mapatingkad ang katangian nitó. Mag-umpisa táyo sa pagtunghay sa unang saknong ni Rizal:



Adiós, Patria adorada, región del sol querida,
Perla del mar de Oriente, nuestro perdido Edén!

A darte voy alegre la triste mustia vida,
Y fuera más brillante más fresca, más florida,
También por tí la diera, la diera por tu bien.

Ang unang kapansin-pansing laro-sa-salita ng tula ni Rizal ay ang tradisyonal na anyo ng sagnong nitó. Ang buong “Último adiós” ay binubuo ng 14 na sagnong at may iisang hubog ang mga sagnong. Bawat sagnong ay may limang taludtod; bawat taludtod ay may **isahang padron ng tugma at súkat**. May 14 pantig bawat taludtod ay may sesura tuwing ikapitóng pantig. Dalawahan ang tugma (**abaab**): nagtutugma ang una (“querida”), ikatlo (“vida”), at ikaapat (“florida”), samantalang may ibang tugmaan ang ikalawa (“Edén”) at ikalima (“bien”). Sa pagtulang Español, ang sagnong na may limang taludtod ay tinatawag na *quintilla*. Ang súkat na lalabing-apat ay tinatawag namang *alejandrino*. Kinasuayan na ng mga makatang Español ang isahang tugma bago pa sakupin ng España ang Filipinas, kayâ dalawahan at tatluhan ang tugmaan ng mga tulang tradisyonal na napag-aralan ni Rizal.

Paano nilapatan ng pagsasalin ang tradisyonal na anyong Español ng tula ni Rizal?

Ang kauna-unahang salin sa “Último adiós” ay ginawa ni Andres Bonifacio. Sa aking saliksik, unang nalimbag ang salin ni Bonifacio noong 1897 na may pamagat na “Pahimakas” at ginamitan ng sagisag niyang “A.B. Maypag asa.” Ibang-iba ang una’t hulíng mga sagnong ng bersiyong ito kaysa mga popular na bersiyong inililimbag ngayon. [Naigawa ko na rin ng pahambing na pagsusuri ang tula ni Rizal at ang salin ni Bonifacio noong 1996, na may binagong edisyon noong 1997.] Narito ang una’t ikalawang sagnong ng bersiyong 1897 ng salin ni Bonifacio:



Paalam na Bayang pinakamamahal
lupang iniirong ng sikat ng araw
mutyang mahalaga sa dagat Silangan
pumanaw sa aming Kaluwalhatian.

Masayang sa iyo'y aking idudulot
ang lanta kong buhay na lubhang malungkot;
maging maringal man at labis alindog
sa kagalingan mo ay akin ding handog.

Ano ang itinumbas ni Bonifacio sa tradisyonal na
anyong Español ng tula ni Rizal?

Itinapat ni Bonifacio ang napakapopular noong
anyo ng saknong na ginamit ni Balagtas sa *Florante at
Laura*. Isang saknong na binubuo ng apat na taludtod at
may isahang tugma at súkat. Hanggang noong ika-19
siglo, laging isahan ang tugma at súkat ng pagtula sa
Tagalog at ibang pangunahing wika ng Filipinas. Ngunit ito
ang maganda, ang súkat na lalabindalawahin sa padron ni
Bonifacio ay hindi katutubo kundi naturalisadong súkat. Sa
aking saliksik, ipinasok lang ito sa panahon ng Español,
at mula sa orihinal na súkat ng *alejandrino* sa pagtulang
French. Bagaman lalabing-apatin ang metro ni Rizal at
lalabindalawahin ang súkat ni Bonifacio, may iisang bukal
na Europeo ang mga ito—ang *alexandrine* ng panulaang
French.

Kapansin-pansin naman na maliit ang saknong ni
Bonifacio. Hindi sapat ang anyo ng saknong na pansalin
upang pagkargahan ng semantikong nilalaman ng saknong
ni Rizal. Sa gayon, kinailangang lumikha si Bonifacio ng
dalawang saknong para sa bawat saknong ni Rizal, at kayâ
nadoble ang habà ng tulang salin. Naging 28 saknong. Sa
akin ding pagsusuri, regular na naisasalin ang kalahati
ng saknong ni Rizal sa bawat saknong ni Bonifacio,

maliban kung may naganap na pagbaligtad sa paraan ng pagpapahayag dahil sa ibang pangangailangang pampanulaan.

Ngayon, ang halimbawa ng salin ni Bonifacio ay sinundan ng iba. Una sa lahat ang salin ni Pascual H. Poblete na “Huling Caisipan,” at narito ang kaniyang unang dalawang sagnong.

Paalam na sintang Lupang Tinubuan,
Pinacaiibig na bayan ng araw,
Perlang mahalaga ng dagat Silangan,
Edeng maligayang sa ami’y pumanaw!

Sa iyo’y handog co ng ganap na tuwa
Yaring abang buhay na lanta’t dalita;
Maging dakila ma’y iaalay rin nga
Cung dahil ng iyong icatitimawa.

Sa kabilâng dako, produkto ng naganap na reporma sa tugma at súkat sa panahon ng Americano ang paghanap ng ibang anyo ng sagnong upang itapat sa sagnong ni Rizal. Ang nakatutuwa, sa naganap na reporma, ginamit ng mga makatang Tagalog ang dati’y iniiwasan niláng mga tradisyonal na anyong Español. Dito nangyari ang panggagaya ng mga makata natin sa *soneto*, *lira*, *decima*, atbp mulang Europa. Unang halimbawa ng saloobing repormista ang saling “Huling Pahimakas” ni Julian Cruz Balmaseda, na halos katulad ng tula ni Rizal ang naging hubog ng salin, at narito ang unang sagnong:

Paalam na mutyang Tinubuang-Lupang minahal
ng araw,
Ligayang naglaho at Perlas ng Dagat sa
Kasilanganan
Masayang sa iyo’y dulot ko ang aking aba’t

lantang buhay,
Gano mang kaningning, gano mang kaganda at
kasariwaan,
Idudulot ko rin kung dahil sa iyong ikatitiwasay.

Limang taludtod na ang saknong ni J.C. Balmaseda, tulad ng kintilya ni Rizal. Ngunit kung tititigan, isahan pa rin ang kaniyang tugma at súkat. Bukod pa, ang kaniyang súkat na lalabingwaluhin ay waring pinahabà lámang na lalabindalawahin. Kayâ ang sesura nitóng 6/6/6 ay mahahalatang nagdagdag lámang ng anim na pantig sa 6/6 ng lalabindalawahin. Dito nagpasok ng kabaguhan ang “Ang Huling Paalam” ni Guillermo E. Tolentino:

Paalam na, sintang Bayan, lupang kasuyo ng
araw,
Mutya nang dagat Silangan, aming langit na
pumanaw!
Malugod kong inyaalay ang amis ko't lantang
buhay,
At tunay mang maluningning, mabulaklak at
malabay
Alay ko ri't sa 'yo'y handog, lumigaya ka na
lamang.

Limang taludtod din ang hulmahan ng saknong ni G.E. Tolentino. Ngunit iba ang súkat ni G.E. Tolentino sa súkat ni J.C. Balmaseda. Lalabing-animin ito at may sesurang 8/8 na maaari pang hatiin sa 4/4/4/4. May higit na katutubong ritmo ang taludturan ni G.E. Tolentino dahil ipinagugunita nitó ang súkat na wawaluhin at isa sa sinasabing paboritong katutubong súkat ng mga makatang Tagalog. [Pipituhin ang isa pang sinaunang katutubong súkat, gaya sa **diyóna** at **tanagà**.] Dinoble lámang ng lalabing-animin ni G. E. Tolentino ang wawaluhin ng sinaunang **dalít**.

Mga Anyo ng Pag-uulit

Ang totoo, ang tugma at súkat ay isa lámang sa mga anyo ng **pag-uulit** sa pagtula. Pag-uulit ng tunog sa dulo ng dalawa o mahigit pang taludtod ang **tugmâ**. Pag-uulit ng bílang ng pantig sa dalawa o mahigit pang taludtod ang **súkat**. Nagdudulot ang ganitong pag-uulit ng musika at umuugit sa ritmo ng tula. Mahalaga ito sa panahong binibigkas (at di nakasulat) ang tula dahil nagbibigay ng kalugod-lugod na indayog para sa nakikinig bukod sa tumutulong naman sa pagmemorya ng mga saknong [lalo't napakaraming saknong, gaya sa mga epikong-bayan] sa panig ng makata. May malaking ambag din ang pag-uulit sa pagtuturo. Kailangang ulit-ulitin ng guro o paham, halimbawa, ang isang mahalagang salita upang matandaan ng mga tinuturuan o madla. Sa gayon, napakahalagang instrumento sa retorika ang iba't ibang anyo ng pag-uulit bukod sa tugma at súkat.

Halimbawa, maaaring pasiglahin ang isang taludtod sa pamamagitan ng pag-uulit ng mga titik o pantig sa mga salita sa loob nitó. Ito ang tinatawag na **aliterasyon**, kung inuulit ang mga katinig, at **asonansiya**, kung inuulit ang mga patinig. Dahil pantigan ang ating wika, halos natural ang asonansiya sa ating mga pangungusap. Madalî ring lumikha ng aliterasyon [at kahit sa tugma] sa mga titik na N, NG. Mahirap lumikha ng sintunugan sa mga patinig na may impit [malumi at maragsa] at sa mga tinatawag na katinig na malakas (B,D,G,P,S,T) ng ating mga makata. Sa ganitong pamantayan, maaari nating sabihing ordinaryo lang ang mga tugma sa katinig na mahinà sa unang saknong nina Bonifacio, P.H. Poblete, J.C. Balmaseda, at G.E. Guillermo. Ngunit may mataas na kalidad ang tugma sa ikalawang saknong nina Bonifacio at P.H. Poblete.

Ngayon, lasapin ang asonansiya at pag-uulit

ng “*más*” sa ikaapat na taludtod ni Rizal (“*Y fuera más brillante más fresca, más florida,*”). Natapatan ba ito ng mga salin? Palagay ko, mahinà ang “maging maringal man at labis alindog” ni Bonifacio. Lalo nang hindi man lámang nagtangkang tumapat ang “maguing dakila ma’y iaalay din nga” ni P.H. Poblete. Nakuha ng “At lalo mang maluningning, mabulaklak at malabay” ni G.E. Tolentino ang paghahanay ng orihinal ngunit kulang sa musika. Pinakamatagumpay sa pakinig ko ang “Gano mang kaningning, gano mang kaganda at kasariwaan” ni J.C. Balmaseda.

Ang ikalimang linya sa unang saknong ni Rizal ang pinakamarikit na pag-uulit at pinakamahirap isalin sa Filipino: “*También por tí la diera, la diera por tu bien.*” Isa itong **baligtarang pag-uulit**, at maaaring itulad sa epekto ng tinatawag sa retorikang Griego na *antistrophe*. Sa paraan ni Rizal ng baligtarang pag-uulit, hinati ang taludtod sa dalawang pangkat ng salita na tíla magkatulad ang sinasabi ngunit magkasalungat ang daloy ng mga salita. Sa literal na salin, “Rin para sa iyo ito’y ibibigay, ito’y ibibigay para sa iyong ikagagalíng (o ikahuhusay).” Kahit sa literal, mahirap maabot ang alingawngawan sa isa’t isa ng “*también*” at “*bien.*” Napakakipot ng mga lalabindalawahin nina Bonifacio at P. Poblete para makatupad sa naturang laro-sa-salita. Waring hindi naman ito pinansin ni G.E. Tolentino sa kaniyang medyo masalitang “Alay ko ri’t sa ‘yo’y handog, lumigaya ka na lamang.” [“Alay” na, “handog” pa. Maaksaya sa súkat.] Gayundin ang masasabi sa “Idudulot ko rin kung dahil sa iyong ikatitiwasay” ni J.C. Balmaseda.



Isa pang **dramatikong pag-uulit** ang repetisyon ng isang salita o prase upang maging kawil o pang-ugnay ng damdamin o kaisipang ipinahahayag sa isang mahabàng tula. May ganitong silbi ang “*adiós*” na ginamit na pambungad sa orihinal ni Rizal. Uulitin ito sa ibang bahagi ng tula, at

magdudulot ng pag-igting ng damdamin nang ulit-ulitin sa dulong saknong ni Rizal. Isinalin itong “paalam” ng apat nating tagasalin sa Filipino at matagumpay na nasundan ang mga paggamit ni Rizal, pati ang pagpupuwesto nitó sa simula ng taludtod. [Dito dapat pansinin ang hindi magandang posisyon ng “paalam” sa unang saknong ng popular na bersiyon ng salin ni Bonifacio at ganito ang itsura:

Pinipintuho kong Bayan ay paalam
lupang iniilog ng sikat ng araw,
mutyang mahalaga sa dagat Silangan,
kaluwalhatian sa ami’y pumanaw.

Kahit ang imbersiyong naganap sa ikaapat na taludtod ay hindi kanais-nais, dahil huminà ang halaga ng “kaluwalhatian” nang ipuwesto sa unahan ng taludtod. Higit na nabibigyan ito ng diin bílang pantugmang salita ng ikaapat na taludtod sa bersiyong 1897.] Kung tititigan pa ang tula ni Rizal at ang mga salin, tingnan din ang madulaing pag-uulit sa “*deja*” na tinapatan ng “bayaan” sa lahat ng salin. Ang pag-uulit ng salita ay nagdudulot ng kadena at kadensa—kadena ng mga taludtod o saknong na binibigkas ng isang panlahat ng salita; kadensa o musikang maitutulad sa epekto ng litanya at salmo na siyang impluwensiyang pang-organisasyon ng tíla dalangin niyang tula. Pakinggan pa ang dramatikong pagtatapos ng ikaapat na taludtod ng ikawalong saknong sa salitang “*ore*” upang magsimula naman sa himig na pautos/pasamò ng “*ora*” ang ikalimang taludtod ng naturan ding saknong, at upang magsimula pa sa “*ora*” ang ikasiyam na saknong.

Kahit ang tanikala ng tatlong pariralang pambansag sa “*Patria adorada*” sa bungad ng tula—“*región del sol querida, // Perla del mar de Oriente, nuestro perdido Edén*”—bukod sa epektong aliteratibo, ay may panukalang





tugtúgin sa pagbása. Sa ating kasaysayang pampanitikan, pinagmulan ang mga ito ng halos mitikong mga paraan ng paglalarawan sa Filipinas bílang “lupang hinirang”—“kasuyo ng araw,” “perlas ng Silangan,” at “naglahòng Paraiso.” Ang bolyum ng pantig sa bawat parirala ay may pagsasalitan ng maikli-mahabà-maikli na babagal dahil sa mahabàng dalawahang yugto ng kasunod na taludtod, at upang sumigla at bumilis naman ang pintig sa maiikling prase ng ikaapat na taludtod. Hindi katakáká na paboritong memoryahin at bigkasin ng maraming mambeberso ang unang sagnong ng “Último adiós.”

Marami pang ibang laro-sa-salita at tíla mahikang kinakasangkapan ng dalubhasang makata upang lumikha ng sari-saring epekto/epektos na pampanitikan sa pagsulat. Kailangang alam din ng tagasalin ang mga ito upang mapag-aralan kung paano “makipaglaro” kapag naengkuwentro sa isinasaling akda.

Mga Alusyong Pampanitikan

Ikalawang problema ng tagasalin ng akdang pampanitikan ang pagsasaliksik sa mga posibleng bukal ng akdang isinasalin. Hindi naman nagsusulat ang makata ng mga salitáng nahuhulog mula sa langit. Malimit na dinudukal niya ang isinusulat sa gunita—pag-alaala sa iba’t ibang pansariling karanasan [matinding eksperyensiya noong batà, binásang libro, kuwentong-bayan, paboritong manunulat, naikuwento ng kaklase o kaopisina, atbp]—na matatawag nating “pinagkunan” ng kaniyang akda. Sinisipi niya ito ngunit hindi nilalagyan ng panipi. Kung tunay na hinugot mula sa ibang akda o sinabi ng ibang tao, tinatawag itong **alusyong pampanitikan**. Kayâ kaiba sa lahat si Balagtas. Bago pa nag-aral ng wastong



pagkilála sa sanggunian ang ating mga iskolar ay nilagyan na ni Balagtas ng talababâ ang *Florante at Laura* upang ipaliwanag ang kaniyang ginamit na mga alusyon mula sa mitolohiyang Griego-Romano.

Ang tula, lalo na, ay mahilig sa paggamit ng mga salitâng-may-palaman o mga salitâng may nakatimong sipi. Itinuturing ang ganitong alusyong pampanitikan na pampayaman sa kahulugan ng tula. Tungkulin naman ng tagasalin na tuklasin ang mga “pinagkunan” ng akdang isinasalin upang higit na maiwasto ang salin.

Tinupad ni Brooke F. Cadwallader ang nabanggit na tungkulin para sa “Último adiós” noong 2004. Sa kaniyang “Some Influences on the Poetry of Rizal,” sinaliksik ni Cadwallader ang mga tula at makatang Español na posibleng sinipi ni Rizal sa kaniyang pagtula. Pangunahin sa posibleng pinagkunan ng “Último adiós” ang bantog na si José de Espronceda (1808-1842) at lalo na ang “A Teresa” na pangalawang canto sa tulang pasalaysay na *El Diablo Mundo* (unang nalathala, 1852). Halimbawa, ang ikasiyam na sagnong ni Rizal:

Ora por todos cuantos murieron SIN VENTURA,
Por cuantos padecieron tormentos sin igual,
Por nuestras pobres madres que GIMEN su
AMARGURA,
Por huérfanos y viudas, por presos en TORTURA
Y ora por ti que veas tu redencion final.

Na humugot ng mga salita at konsepto mula sa ika-20 sagnong ni Espronceda:

Oh dichosos mi veces! Si, dichosos
Los que podeis llorar; y ay! SIN VENTURA
Di mi, que entre suspiros angustiosos

Ahogar me siento en infernal TORTURA!
Retuercese entre nudos dolorosos
Mi corazon GIMIENDO de AMARGURA...!
Tambien tu corazon hecho pavesa,
Ay! Llego a no llorar, pobre Teresa!

Si Cadwallader ang naglimbag sa mga malaking titik sa mga salitang nagkakatulad sa mga saknong nina Rizal at Espronceda.

Kahit ang paborito natin ngayong “*nuestro perdido Edén*” sa unang saknong ni Rizal ay natukoy ni Cadwallader na hinugot sa tula ni Espronceda, gaya sa saknong na:

Es el amor que al mismo amor adora,
El que creó las Silfides y Ondinas,
La sacra ninfa que bordando mora
Debajo de las aguas cristalinas;
El el amor que recordando llora
Las arboledad del EDÉN divinas,
Amor de allí arrancado, allí nacido,
Que busca en vano aquí su bien PERDIDO.

Hindi naman kataká-takáng mabighani si Rizal sa sinisiping tula at makatang Español. Ang búhay at paninindigang pampolitika ni Espronceda ay tiyak na umakit kay Rizal noon pang kabataan niya at nagsisimulang maglunggati ng kalayaan si Don José de Espronceda y Lara ay itinuturing na pinakadakilang makatang Iliriko sa España ng ika-19 siglo. Isinilang siya sa panahon ng pag-aalsa laban sa tiraniya ni Napoleon, at bagaman mula sa mariwasang pamilya at lumaki sa layaw ay naging tagapagtaguyod ng mga mithiing liberal. Ilang ulit siyang napiit at nadestiyero dahil sa pabago-bagong nangingibabaw na politika sa España. Isa siyang kontra-fraile at kontra-monarkista bagaman hindi nagtakwil ng



relihiyong Katolika.

Isa namang pangunahing pag-ibig ni Espronceda si Teresa Mancha, na nakilála niya sa Lisbon at muling nakatagpo sa Paris. Iniwan ni Teresa ang asawa at anak at sumáma kay Espronceda hanggang Madrid. Nagkaanak silá, si Blanca, noong 1834, at sa taon ding iyon ay iniwan ni Teresa ang makata. Nagpatúloy ang magulong búhay pampolitika ni Espronceda, ngunit patunay ang “A Teresa” sa higit na mataos na pagsinta ng makata.

Ngunit paano binása ni Rizal ang kaniyang impluwensiya? Tulad ng mahahalata sa paghahambing ni Cadwallader, isang malikhaing pagbása ang isinagawa ni Rizal kay Espronceda. Isang tula ng pag-ibig ang “A Teresa” at isang tula din ng pag-ibig ang “Último adiós”—ngunit tula ng pag-ibig sa bayan. Ang “pobre Teresa” ni Espronceda ay naging “Patria adorada” ni Rizal. Ang panukala kong **malikhaing pagbása** ay paraan ng pagdanas ng manlilikha (manunulat at artist) sa kaniyang daigdig. Kinakain niya ang bagay-bagay (panitikan, kaligiran, pamilya, komunidad, edukasyon sa paaralan, atbp), nginunguya, nilalasan, tinatandaan ang nilasap lalo na ang nasarapan, nilulusaw sa tiyan, idinudumi ang sapal at di-kailangan, at nagiging bahagi ng pansariling kalusugang pansining ang itinuring na kailangan. Nagaganap ang malikhaing pagbása ng manunulat sa kaniyang danas sa pamamagitan ng alusyong pampanitikan, tahasang pagsipi, paghahandog, pagdaragdag, pagpapayaman, at kahit sa pamamagitan ng pang-uuyam, panggagagad, pagsikil, at tahas o di-tahas na pagsalungat.

Napakabigat na tungkulin ng tagasalin o manunuri ang pasasaliksik at pagtiyak sa isinagawang malikhaing pagbása ng isang makata o manlilikha sa kaniyang impluwensiya. Dapat nating pasalamatang ngayon ang

tiyagang magsaliksik ni Cadwallader. Dahil sa kaniyang saliksik, nabigyan niya táyo ng patnubay upang sukatin ang tiyagang magsaliksik ng mga nakaraang tagasalin ni Rizal at malaking tulong siya sa mga magnanais na lumahok sa pagsasalin sa “Último adiós.”

Halimbawa, ang pagtuklas sa pinagkunan ng “*nuestro perdido Edén*” ay hindi dapat magtapos sa “A Teresa.” Sinipi din ito ni Espronceda sa Bibliya, at tiyak na batid ito at nása isip ni Rizal nang gamítin niya sa “Último adiós.” Ang Edén ang biblikong paraiso na nilikha ng Diyos at naging tahanan nina Adan at Eva. Itinataghoy itong “naglahò” sa panitikang Kristiyano, nang magkasála at palayasin sa Eden sina Adan at Eva. Sa gayon, hindi man alam ang alusyon kay Espronceda [dahil hindi naman marahil kapantay ng iskolarsip ni Cadwallader ang ating mga tagasalin ni Rizal], maaari nating litisin ang naging tiyaga ng mga tagasalin sa kanilang pagsasaalang-alang sa alusyong bibliko ng “*nuestro perdido Edén*.”

Balikan natin ang katapat na taludtod sa ating mga salin. “Pumanaw sa aming Kaluwalhatian” ang buong taludtod ni Bonifacio. Isang buong taludtod din ang pantapat ni P. Poblete: “Edeng maligayang sa ami’y pumanaw.” Isang prase, “Ligayang naglaho,” ang ginawa ni J.C. Balmaseda, gayundin ang “aming Langit na pumanaw” ni G.E. Tolentino.

Sa apat na tagasalin, ni P. Poblete lámang ang tahas na sumipi sa “Edén.” Nanghiram siya. Inihanap ito ng tatlo ng pantapat na konseptong Filipino. “Kaluwalhatian” kay Bonifacio, “Ligaya” kay J.C. Balmaseda, at “Langit” kay G.E. Tolentino. Nagbagong-húlog silá. Naghanap ng lumang salita at itinumbas sa “Edén.” Sa tatlo, ang “Ligaya” ni J.C. Balmaseda ay maaaring ituring na ganap at tahas na pagkatas sa literal na sinasagisag ng “Edén.” Ang paglilimbag din nang may malaking unang titik sa “Ligaya”

ay may layuning bigyan ito ng tungkuling alegoriko. Ang “Kaluwalhatian” ni Bonifacio at “Langit” ni G.E. Tolentino ay malinaw na mga pagtatangkang ilapit ang kahulugan ng “Edén” sa mga mambabasáang maaaring hindi batid ang alusyong bibliko ngunit may hiwatig na pambalana sa naging gámit panrelihiyon o espiritwal ng mga naturang salita. Sa pasyon, halimbawa, ang “Langit” at “Kaluwalhatian” ay nauukol sa estadong pangkaluluwa na maitutulad sa ganap na ligaya at layaw nina Adan at Eva sa “Edén.”

Kasaysayan at Talambuhay sa Teksto

Nakatimo din sa tula bílang teksto ang kaligirang personal at publiko ng makata. Halimbawa, isa sa natitigan ni Cadwallader ang praseng “*tersa frente*” (makinis na noo) sa dulo ng ikaapat na taludtod ng ikaapat na saknong ng “Último adiós.” Lumitaw din ang pariralang ito sa “A Teresa” ni Espronceda. Ngunit naalala din ni Cadwallader na ginamit na ito ni Rizal sa unang taludtod ng tula niyang “A la Juventud filipina”:

Alza tu TERSA FRENTE,
Juventud filipina, en este día!
Luce resplandeciente
Tu rica gallardía,
Bella esperanza de la Patra mía!

Ayon sa talambuhay ng bayani, sinulat niya ito noong labinlimang taóng gulang siya at nagwagi ng karangalang-banggit sa timpalak ng Real Sociedad Económica de Amigos del País noong 29 Nobyembre 1879. Isang unang haka ay hinggil sa posibilidad na talagang malalim ang timo ni Espronceda kay Rizal

dahil nabása na siya ng ating bayani noong tin-edyer pa ito. [Napakagandang pangyayari kung may lumitaw na pruwembang nakarating na sa Filipinas ang akda ni Espronceda noong kabataan ni Rizal.] Gayunman, isa pang maaaring subaybayan ay ang bahagi nitó sa kaisipan at búhay ni Rizal. Bakit kailangang ulitin ni Rizal ang “*tersa frente*” sa kaniyang pangwakas na kaisipan? May naganap bang transpormasyon sa “*tersa frente*” ng “A la juventud filipina” at sa “*tersa frente*” ng “Último adiós”? [Ang totoo, maaari ding lisain pa ang ibang sinulat ni Rizal upang titigan kung nabanggit din sa mga ito ang “*tersa frente*” at sa paanong paraan.]



Madaliang mapapansin na ang tinig ng “A la Juventud filipina” ay isang tinig ng paghahamón at pagganyak sa kinakausap na kabataang Filipino na itaas ang “makinis na noo” at gamítin ang mga talino upang magdulot ng karangalan sa kanilang bayan. Samantála, ang tinig ng “Último adiós” ay isang tinig ng paghahandog ng sarili para sa Inang Bayan at sa ikaapat na saknong ay mapagliming nagbabalik sa panahon ng kaniyang kabataan. Pagkakataon ito upang ipahayag niya ang kaniyang pangarap noon pa na maitaas ang karangalan (ang makinis na noo) ng pinakamamahal na Inang Bayan. Kabataan ang pinagtataas ng noo sa “A la Juventud filipina”; Inang Bayan mismo ang nais pag-alayan ng búhay ng persona sa “Último adiós” upang maganap ang pangarap niyang pagtataas nitó ng noo. May kaibhan ba? Sa antas na literal, mayroon; ngunit sa antas na simboliko, wala. Sapagkat, kapuwa para sa pakinabang ng Inang Bayan ang pangwakas na adhika ng mga pagtataas ng “*tersa frente*.” Na maaari ngayong gamítin bílang patunay ng sumúlong ngunit magkarugtong na pangitain ng saloobing patriyotiko ni Rizal mulang 1879 nang estudyante pa lámang siya hanggang sa bingit ng kamatayan noong 1896.

Hindi naman biglang sumibol ang pag-ibig sa bayan sa puso ni Rizal. Sa kaniyang mga sariling salaysay, nababanggit niya ang mga karanasang huhubog sa kaniyang di-karaniwang pagkamalay sa mga katotohanan sa lipunang kolonyal. Tagahanga ni Padre Burgos ang kapatid niyang si Paciano at tiyak na itanim ni Paciano sa kaniyang isip ang kawalang-katarungang sinapit ng Gomburza noong 1872. Ang “A la Juventud filipina” ay isa sa mga preparasyon sa kaniyang “El amor patrio” (1882)—ang maituturing na unang tahas na subersibong akda ni Rizal—ang pahayag na kailangan ang “pag-ibig sa tinubuang lupa” upang maghangad ng kalayaan. Ang “El amor patrio” ang unang akdang sinulat ni Rizal pagdating sa Europa. Mula dito, tuloy-tuloy na mamumukadkad ang kaniyang paninindigang makabayan túngo sa marubdob na pag-aalay ng búhay sa “Último adiós.”

Subalit nakatimo din sa “Último adiós” ang lahat ng sanhi ng kaniyang sakripisyo—ang malulubhang katiwaliang umaalipin sa sambayanang Filipino at pinaghaharian ng mga magkasabwat na kolonyalista’t abusadong fraile. Ang mga sawimpalad at biktima ng mga pagsasamantala ang ipakikiusap ng tinig martir na “ipagdasal” (“*ora*”) sa ikasiyam na saknong. Kayâ lilinawin pa niya sa ika-13 saknong na ikaliligaya niya ang pagkamatay dahil batid niyang wala sa kabilâng-búhay ang mga kinasusuklaman niyang katotohanan sa kasalukuyang lipunang Filipino:

Voy donde no hay esclavos, verdugos ni
opresores;
Donde la fe no mata, donde el que reina es Dios.

Kung nanamnamin pa, mapapansin ang malakas na sikdo ng himig na mapang-uyam sa hulíng siniping koplâ ng ika-13 saknong. Lalo na sa ikalimáng taludtod:



“Doon sa ang pananampalataya ay hindi ikinamamatay, doon sa ang naghahari ay ang Diyos.” Pumuslit ang damdaming Propagandista; inuuyam ang pinalaganap na kasinungalingan ng mga alagad ng Simbahan. Bílang malikhaing pagbása sa kasaysayan, sinasalungat ng pahayag sa tula ni Rizal ang kairalan. Salungat sa aral na naghahandog ng katubusan ang relihiyon, ito ang sanhi ng kasawian ng mga mamamayang Filipino. Salungat sa aral na naghahari sa Filipinas ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Simbahan, makakamit lámang ang tunay na paghahari ng Diyos sa kamatayan.

Ang himig na nang-uuyam ay epektibo namang nasapol at naitawid sa wikang Filipino ng mga tagasalin. Isang buong saknong ito kay Bonifacio:

Ako’y patutungo sa walang busabos,
walang umiinis at berdugong hayop;
pananalig doo’y di nakasasalot
si Bathala lamang doo’y haring lubos.

Ganito naman ang dalawang pantapat na taludtod ni G.E. Tolentino:

Tutunguha’y walang api, manlulupig, mámámatay;
Ang pagsamba’y di ninitil, si Bathala’ng Haring
tunay.

[Pansinin din ang sustitasyon ng mga tagasalin sa pantawag na “Dios.” Pinalitan nina Bonifacio at G.E. Tolentino ng “Bathala.” Kay Bonifacio, bahagi ito ng alterasyon upang isalin ang “Último adiós” alinsunod sa adhikang Katipunero—katulad ng ginawa niyang pagpapalit ng “Katagalugan” sa “Filipinas” ni Rizal at ng “kalayaan” sa “*redencion final*” ni Rizal. Hindi lámang nais nina Bonifacio at G.E. Tolentino na bigyan ng katutubong

pangalan ang “Dios.” Waring nais din niláng itanghal ang higit na kalayaan at ligaya sa ilalim ng sinaunang lipunan at bago pumasok ang mga kolonyalistang nagtanim ng pagsamba sa “Dios.”]

Nilalamáng Pangkultura

Ang “Dios/Diyos” mismo ay nagtataglay ng malakas na nilalamáng pangkultura. Mahirap itong isalin dahil pangngalang pantangi ito at tiyakang tumutukoy sa pangalan ng panginoong makapangyarihan sa lahat at lumikha ng santinakpan alinsunod sa relihiyong Kristiyano. Mula din ito sa daigdig ng kulturang Kanluranin at naiiba sa ipinantatawag sa mga panginoong panrelihiyon sa Asia, at lalo na sa mga sinasambang poon ng ating mga ninuno. Kayâ ang “Dios” sa tula ni Rizal ay hanggang ireispiel lámang nating “Diyos” upang ialinsunod sa ating ortograpiya. Mahirap itong tapatán ng “Kabunyan,” “Lumawig,” o “Apò.” May pag-imahen sa “Diyos” ang mga Kristiyano na hindi matutugmaan ng ating katutubong “Kabunyan” at “Apò.” At kayâ peligroso din ang malikhain at politikal na paggamit ng “Bathala” nina Bonifacio at G.E. Tolentino para sa “Dios” ni Rizal.

Ang mahigpit na tagubilin hinggil sa kulturang nilalamán ng bawat wika ang pangunahing hadlang sa tumbasang pagsasalin. Bawat wika ay produkto ng heograpiya, kasaysayan, ideolohiya, at karanasan ng may-ari ng wika. Iba-iba ang naturang nilalamang pangkultura ng mga wika; kayâ imposibleng maisalin nang siyento porsiyento ang isang akda sa isang wika túngo sa ibang wika.

Sa dakong ito dapat ipasok ang teorya na

dapat ituring ang pagsasalin bílang isang paraan ng pagpapayaman sa wikang pinagsasalinan. Ang ibig sabihin, nadadagdagan ang salita at kaalaman ng isang wika sa pamamagitan ng kulturang nakapalaman sa isinasalin. Halimbawa, walang “*winter*” sa Filipinas at sa gayon ay isang tantiyadong pagsasalin ang “taglamig.” Tanggapin man natin ang “taglamig,” hindi natin maisasalin ang pagkakaiba ng “*snow*” at ng “*ice*.” Nilalagom natin ito sa “yelo” na hiram din sa Español na “*hielo*.” O hinihiram din ang “*niyébe*” mula sa Español na “*nieve*” para “*snow*.” Makakalbo ang tagasalin bago siya makalikha ng higit na angkop na salin sa “*snow*” at “*ice*.” O bakâ ang higit na magaan paraan ay ang payo ngayon ng mga teoritisyan na gamítin ang “*snow*” at “*ice*”? Sa ganitong paraan, kapag tagumpay na naipasok, tinanggap, at ginamit ng mga nagsasalita sa wikang Filipino ay nakapagpapayaman ang naturang dalawang salita sa kultura at wikang Filipino.

Problema ito ng mga tagasalin sa ikatlong taludtod ng ikalawang saknong ni Rizal: “*El sitio nada importa, ciprés, laurel o lirio*.” Upang maging tiyak, ang listahan ng mga halamang “*ciprés, laurel o lirio*.” Wala pang saliksik sa botanika na nagsasabing may matatagpuang katutubong kapatid ang alinman sa tatlong halaman. Ngunit sa Kanluran, may simbolikong nilalaman ang pagbanggit ni Rizal sa mga ito. Ang “*ciprés*” ay isang laging-lungting punongkahoy, ngunit simbolo ng pagdadalamhati, kayâ malimit itanim sa sementeryo. Ang “*laurel*” ay may dahong ginagamit na pamputong sa nagwagi sa Olimpiyada at iginagawad sa makata. Kayâ ang tinatawag na “makatang lawreado” ay isang dinadakilang manlilikha ng tula. Ang “*lirio*” ay may malaking bulaklak na putî at inihahandog sa minamahal bílang tanda ng wagas at malinis na damdamin.

Binanggit ni Rizal ang tatlong halaman kaugnay ng kaniyang pahayag na hindi mahalaga sa isang bayani

kung saan o paano siya mamatay. Hindi rin mahalaga kung mamatay nga siya (ang simbolo ng “*ciprés*”), mabigyan ng mataas na parangal (ang simbolo ng “*laurel*”), o mahandugan ng pagmamahal o paggálang (ang simbolo ng “*lirio*”). Sa ngayon, malaki ang tsansa na alam na ito ng mga taumbayan, lalo na ang mga edukado. Ngunit hindi pa noong panahon nina Rizal at Bonifacio. Alam na ang “*laurel*” dahil ginagamit na rekado sa adobo. Nakapagdalá rin ng “*lirio*” ang mga kolonisador at ginagamit na noon ang bulaklak na pang-alay sa Birheng Maria kung flores de mayo. Ngunit wala pa sa alinmang bokabularyo noon ang “*ciprés*.”

Ano ang ginawa ng mga tagasalin sa “*ciprés, laurel o lirio*”?

Isinunod ni Bonifacio ang kaniyang salin sa orihinal na katalogo ni Rizal. Sa popular at limbag na bersiyon ng salin ni Bonifacio, nireispel lámang ang mga pangalan ng tatlong halamang banyaga: “sipres o laurel, liryo ma’y putungan.” Kung sakali, si Bonifacio ang isa sa unang nagpakilála sa sipres, lawrel, at liryo sa ating wika. Maaari lámang ding pansinin ang idinugtong sa listahan na “ma’y putungan.” Kailangan itong gawin ni Bonifacio para sa kahingiang pantugmaan. Ngunit hindi angkop dahil hindi ginagamit na pamputong ang sipres at liryo. Higit sanang angkop kung binago ang taludtod sa ganitong paraan: “sipres man o liryo, lawrel ma’y putungan.” Ang pagpuputong ay higit na naitutukoy bílang gámit ng lawrel at nakabukod sa hindi ipinampuputong na sipres at liryo.

Ibang-iba kay Bonifacio ang taktikang ginamit ni G.E. Tolentino hinggil sa listahan ng mga halaman. Iniwasan ni G.E. Tolentino ang panghihiram. Sa halip, kinatas niya ang kahulugan ng mga inilistang pangalan ng halaman at ang pakahulugan sa mga ito ang inihanay sa taludtod na: “Kahi’t

saa’y idudulot, hapis, dangal at ligaya,” at sa paraang hindi sinusuway ang orihinal na paghahanay—“hapis” para sa sipres, “dangal” para sa lawrel, at “ligaya” para sa liryo. Lehitimo ang naturang taktika, lalo na’t ang pangunahing adhika sa pagsasalin ay paglilipat ng semantikong impormasyon. May magsasabing higit pa ngang matulain at higit na madalíng unawain ang pagsasalin ni G.E. Tolentino. Ngunit nasaan ang nilalamáng pangkultura ng orihinal? Hindi magagamit sa palitang pangkultura ang taktika ni G.E. Tolentino. At ganito rin ang masasabi sa hindi malí ngunit ganap nang kinatas ang diwa ng orihinal na pagsasalin ni P.H. Poblete:

Hirap ay di pansin at di agam-agam
Ang pagkaparool o pagtatagumpay.

Samantála, naglalaro sa pagitan ng mga taktika ni Bonifacio at ni G.E. Tolentino ang pagsasalin ni J.C. Balmaseda sa katalogo ng mga halaman ni Rizal: “Walang kailangan ang pook, ang sipres, putong o bulaklak.” Pinanatili ang sipres, ngunit piniling ihanay ang kinakatawang “putong” at “bulaklak” ng pangkinatawang lawrel at liryo. Gayunman, maaaring ihaka na may katulad siyang saloobin nina G.E. Tolentino at P.H. Poblete. At kayâ maaaring hindi lámang niya matukoy ang kinakatawan ng sipres kayâ pinanatili ito.

Sa tagpong ito, mistulang isang balintuna ang pahambing nating pagsisiyasat sa apat na pagsasalin ng “Último adiós.” Lumilitaw pang higit na nakabukás sa pagpapasok ng wika ng banyagang kultura si Bonifacio kaysa kina P. Poblete, J.C. Balmaseda, at G.E. Tolentino na pawang may higit na pormal na edukasyon sa kulturang Kanluranin.

Narito ang isang hakang paliwanag. Isang rebolusyonaryo si Bonifacio, at bahagi ng kaniyang

rebolusyonaryong ideolohiya ang paggigiit sa kulturang katutubo upang isalungat sa kulturang kolonyalista. Maaari itong isagisag sa kaniyang paggamit ng “Katagalugan” kapalit ng “Filipinas,” ng sinaunang “Bathala” kapalit ng Kristiyanong “Diyos,” ng “mutya” kapalit ng “perla” at upang ipagunita ang isang orihinal na ngalan para sa kariktang mula sa dagat, ng katutubong “dalít” kapalit ng ordinaryong “cantico,” ng “kalayaan” kapalit ng Kristiyanong “redencion final.” Ngunit hindi siya bulág sa posibilidad ng epektong pampalusog sa wika ng kulturang banyaga. Hindi siya nangingiming manghiram kung kailangan, halimbawa, ng “berdugo” upang higit na tumindi ang mapaminsalang imahen ng dayuhang mananakop, ng “gitara (bagaman hindi ng “citarra”) at salteryo” kung bahagi na ito ng kulturang popular at mahirap palitan pa ng “kudyapi” at “kundiman,” ng “kurus” kahit isa itong pangunahing simbolong Kristiyano ngunit wala namang katapat sa sinaunang pagsamba. Hihiramin din niya ang sipres, lawrel, at liryo upang magdagdag ng kulay sa kaniyang wika, lalo’t hindi naman nagtataglay ang mga ito ng kahulugang salungat sa ideolohiyang Katipunero.



Dahil hindi naman nag-aral, hindi nasimsim ni Bonifacio ang malaganap na kaisipan noon hinggil sa pagsasalin at maaaring natutuhan naman ng mga edukadong tagasalin na tulad nina P.H. Poblete, J.C. Balmaseda, at G.E. Tolentino. Ito ang tíla kredo noong sapilitang paghahanap ng pantumbas na salita sa wikang pinagsasalinan para itapat sa anumang salitâng ginamit sa akdang isinasalin. Tinawag ko itong “lunggating Dryden” dahil naging pangunahing teoritisyan ng adhikang ito si John Dryden sa panahong naging masigasig ang mga makata ng England na isalin sa wikang Ingles ang mga klasika ng wikang Griego-Romano. Ipinalagay niyang wika ng superyor na kultura ang Griego-Romano kayâ itinuring niyang hámon para sa mga makatang Ingles

na matumbasan ng salitang Ingles ang mga isinasaling klasika at upang mapatunayan ang kapasidad ng wikang Ingles na maipantay sa mataas na katangian ng wikang Griego-Romano. Kaipala, ganito rin ang sikolohikong saloobin ng mga tagasalin ng “Último adiós” sa bungad ng ika-20 siglo. Maaaring pangunahin sa kanila ang layuning mailapit sa puso ng taumbayan ang tula ni Rizal. Ngunit bahagi ng kanilang tungkulin ang “lunggating Dryden” at upang maipantay ang wikang Tagalog (na katutubo at itinuturing siyempreng imperyador) sa wikang Español (na wika ng pandaigdigang sibilisasyon).

Dapat linawin na isang marangal na pamantayan ang “lunggating Dryden” sa pagsasalin. Gayunman, maaari din itong maging sagwil sa pagpapalusog na pangkultura ng wikang pinagsasalinan. Nagkakaroon ito ng hibong konserbatibo kapag lubhang nagsisikap na tumbasan ng katutubo ang anumang mula sa ibang wika.

Tandaan ang sanhi ng problema: “lubhang nagsisikap.” Magandang pangwakas na halimbawa sa problemang ito ang praseng “*dulce extranera*” sa pang-apat na taludtod ng hulíng saknong ng “Último adiós.” Isang malaganap nang palagay na tinutukoy ng prase si Josephine Bracken na pinag-ukulan ni Rizal ng espesyal na pamamaalam bílang “*mi amiga, mi alegría*.” Isinalin ito sa isang buong taludtod ni P.H. Poblete: “Taga ibang lupang aking catowaan.” Halos katulad ang salin ni J.C. Balmaseda na “taga-ibang lupang aliw ko’t katuwaan.” Samantála, isinalin itong “dayong tangi” at dinugtungan ng “aking aliw, aking sinta” ni G.E. Tolentino.

Wasto naman ang “taga-ibang lupa” at “dayo” bílang pantumbas sa “*extranera*.” Ngunit ano ang ginawa ni Bonifacio? Ang salin niya sa buong taludtod ni Rizal: “Paalam, estrangherang kasuyo ko’t aliw.” Hindi niya



binago ang terminong Español ni Rizal, nabago lámang ang anyo upang isunod sa palabigkasang Filipino. *Extragera*=estranghera. Hindi lámang marahil dahil nais panatilihin ni Bonifacio ang orihinal na bansag ni Rizal sa minamahal na Inglesa. Nais din niyang ipabatid sa atin na noon pa ay isang tinatanggap na't hindi banyaga sa ating dila ang salitang "estranghera." Ang haka nga ni Dr. Edgar C. Samar nang pag-usapan namin ito ay ganito: Hindi sarado sa nagmumula sa labas ang loob ni Bonifacio. Ang radikal na kalooban ng Katipunerong si Bonifacio ay waring may pilas ng puso na tumanggap din ng anumang kapaki-pakinabang mula sa labas (mula sa ibang kultura), alang-alang sa pag-unlad ng nilalamang pangkultura ng kaniyang katutubong lupa.

Hindi nangangahulugang nakahihigit ang salin ni Bonifacio sa salin nina P. Poblete, J.C. Balmaseda, at G.E. Tolentino. May kani-kaniyang katangian ang apat na salin. Dapat ding ituring na personal ang aking paglasap sa linamnam ng kanilang salin. Maaaring may lumitaw na iba at salungat na paglasap. Ang higit na mahalaga ngayon ay maipatalastas na isang mahirap at masalimuot na trabaho ang pagsasaling pampanitikan. Kung iginagálang ng tagasalin ang paggamit ng wika at kaalaman ng isinasaling awtor, kailangan niyang pag-aralang mabuti ang lahat ng laro-sa-salita at saliksikin ang daigdig na nakapaloob sa akda bago siya umupô upang magsalin. Sa ganitong paraan ay higit siyang nakatutulong sa pagtatawid ng kahulugan at kasiyahang pampanitikan sa kaniyang pinagsasalinang wika at inaasahang mambabasá.

Almont Inland Resort Hotel
Lungsod Butuan
14 Disyembre 2015



KOMERSIYALISMO AT PAGSASALIN

Isang karima-rimarim na layunin sa pagsasalin ay komersiyalismo. Ang ibig sabihin, pangunahing interes ng tagasalin o ng nagpapasalin ay pagkakitahan ang isinasalin at pangalawa lámang [o panghulí] ang lumikha ng magandang salin. Nakatanghal ngayon ang naturang napakasamâng layunin sa nagpapaligsahang mga ibinebentang salin ng mga nobela ni Rizal sa mga sangay ng National Book Store. Dahil may batas na nagtatakdang ituro ang búhay at mga sinulat ni Rizal, pangarap ng mga komersiyanteng manunulat at pabliser na makapagtinda ng *Noli me tangere* at *El filibusterismo*. Subalit kailangang mag-ingat ang mga guro at estudyante sa pagpili ng gagamiting salin. Dapat pagdudahan kapag mura nga ngunit manipis. Kapag sinuri, may palusot ang mga ito na “halaw” o “pinagaang bersiyon.” Ang sospetsa ko nga, halos lahat ng mga ito ay gawa ng mga tagasalin at editor kuno na ni hindi marunong ng Español at kayâ malamáng kaysa hindi na ni hindi nabuklat ang orihinal sa Español ng mga nobela ni Rizal.

Hindi nangangahulugan na ganito karima-rimarim ang lahat ng isinagawang pagsasalin kay Rizal sa wikang Filipino. Sa alam ko, ang unang pagsasalin sa *Noli* ay isinagawa ni Pascual H. Poblete, isang beteranong bilingguwal at makabayang peryodista bago pa sumiklab ang Himagsikang Filipino. Ang kaniyang salin ay ipinalimbag

mismo ni Neneng (Saturnina) Rizal, kapatid na panganay ni Rizal, noong 1909 at bahagi ng aklat na *Buhay at mga Ginawa ni Dr. Jose Rizal*.

Ngayon, hindi dapat pagtakhan na proyekto ng pamilya ni Rizal ang pagsasaaklat sa salin ni Poblete. Sinusundan lámang nilá ang adhika ni Rizal bago ito dakpin ng mga awtoridad. Binalak mismo ni Rizal na maglathala ng salin sa Tagalog ng kaniyang nobela at pinakiusapan niya ang kuyang si Paciano sa bagay na ito. Tinanggap naman at isinagawa ni Paciano ang naturang tungkulin. Noong 17 Mayo 1892 ibinalita sa isang liham ni Rizal kay Baldomero Roxas na natapos na ang salin ng *Noli*. Lumilitaw rin na isang grandeng edisyon ang balak ni Rizal. Bago pa ang salin ay hinilingan niya ang kaibigang si Juan Luna na gumuhit ng mga ilustrasyon para sa kaniyang nobela. Tinupad naman ito nang *gratis* ng dakilang pintor at noong 30 Enero 1892 ay ipinadalá ni Luna kay Rizal ang 21 piraso ng mga guhit niya sa watercolor para sa *Noli*. Sa liham kalakip ng mga ilustrasyon ay nagprisinta pa si Luna na iguguhit din ang *Fili* kung nais ni Rizal.

Sa kasamaang-palad, hindi natuloy ang pangarap na edisyon ni Rizal. Lubhang maikli ang kaniyang búhay at napakarami niyang kinailangang asikasuhing ibang gawaing makabayan. Ang lalong malungkot, nawala ang manuskrito ni Paciano at ang orihinal na mga guhit ni Luna. Naging suwerte lámang natin ngayon na bago magkadigma ay napakunan ng retrato ni Alfonso Ongpin ang mga guhit ni Luna at 17 piraso ng mga ito ang may kopya na nása pag-iingat ng Pambansang Aklatan.

Samantála, pagkatapos ni P.H. Poblete, may iba pang sikát na manunulat na nagsalin ng mga nobela ni Rizal. Mapupunang malimit na *Noli* lámang ang naisasalin at hindi naisusunod ang *Fili*. Isang halimbawa ang *Noli Me*

Tangere (Manlapaz Publishing Co., 1957) nina Leonardo A. Dianzon, Iñigo Ed. Regalado, at Dionisio San Agustin. Gayunman, may higit na matiyaga sa tulad ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* (R. Martinez & Sons, 1912) ni Patricio Mariano. Tulad ni P.H. Poblete, mga edukado sa Español ang naturang mga tagasalin at mga kinikilalang manunulat sa Tagalog bago sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Timpalak at Batas Rizal

Noong 1958 at bilang paghahanda sa pagdiriwang ng ika-100 anibersaryo ng kapanganakan ni Rizal ay binuksan ng Jose Rizal National Centennial Commission ang isang pambansang timpalak sa pagsasalin ng mga nobela ni Rizal. Dahil sa mga kahilingan, pinalawig pa ng komisyon ang timpalak hanggang 1960. Ayon sa ulat ng lupong tagahatol, tumanggap ito ng walong kalahok (tatlo sa *Noli* at lima sa *Fili*). Binubuo ang lupon nina Mahistrado Felipe Natividad, Dr. Cecilio Lopez, at Dr. Jose Villa Panganiban. Walang napili sa mga lahok ang lupon. Sa gayon, ipinasiya nitóng pumili sa mga limbag nang mga salin sa Tagalog at kumuha ng ibang kasangguni sa isinagawang pagpili. Nanguna ang salin ni P. Mariano sa mga sinangguni dahil “pinakamatapat” diumano “na pagkakasalin mula sa orihinal.” Pinagtibay din ng Board of National Education at Institute of National Language ang naturang pili. Sa gayon, muling ipinalimbag ng komisyon ang salin ni P. Mariano bilang opisyal na salin at ipinamudmod sa madla noong 1961.

Sa kabilâ ng opisyal na basbas, wala na ngayong kopya ng salin ni P. Mariano sa tindahan at marahil hindi na ginagamit sa alinman paaralan sa buong bansa.

Higit na tumagal ang kagulat-gulat na *Noli Me Tangere* nina Domingo D. de Guzman, Francisco Laksamana, at Maria Odulio de Guzman. Ang siping nabili ko nitóng 1996 ay nagsasaad na bahagi ito ng ika-76 limbag ng ikalimang edisyon. Nakapahiyas sa aklat ang iba't ibang rekomendasyon sa pangunguna ng "letter of approval" ng direktor noon ng mga pribadong paaralan na si Manuel L. Carreon at nagpapatunay na sa isang pulong ng Board of Textbooks noong 18 Mayo 1949 ay inaprobahan ang saling ito bilang "*supplementary reader* in the private schools for the Senior Year of high school and in the Freshman Year of college."(kanila ang italiko) May kasunod ding maikling paliwanag hinggil sa mga pagbabagong isinagawa noong 1950 para ituring kaipala itong ikalimang edisyon.(Isang popular na taktika ito ng mga pabliser upang muling maipagbili ang "bagong edisyon" sa Pambansang Aklatan at ibang aklatan ng pamahalaan.)

Isa sa mga pagpapatibay na mabuting titigan ngayon ay ang liham ng rekomendasyon ni Leonardo A. Dianzon, kalihim at punòng tagapagpaganap noon ng Surian ng Wikang Pambansa, at may petsang 6 Mayo 1947. Papuri ni L.A. Dianzon:

Pagkatapos kong mabasa't masuring mataman ang pagkakasaling inyong ginawa sa Wikang Pambansang Pilipino sa dakilang NOLI ME TANGERE ni Dr. Jose Rizal, ay walang-alinlangan kong masasabing ang pagkakasaling ito'y isa na sa mga katangi-tangi, kung di man siyang pangunahin, sa mga pagkakasalin sa Tagalog ng naturang akda ng ating bayani. Ang ginawa ninyong pagpapaikli sa mga malalawig at maliligoy na paghahanay ng mga pananalita't pangyayari sa NOLI, at ng pagpapagaan ng mga salitang ginamit, ay siyang lalong ikinapatampok

ng inyong pagsasalin at ipinaging karapat-dapat at angkop na angkop upang gamitin, ituro't pag-aralan sa mataas na paaralan o "high school". Hindi lamang makatutulong ang ganito sa madaling pag-unawa ng Wikang Pambansa, lalung-lalo na sa mga hindi tagalog, kundi magiging magaan din naman sa pagtuturo ng mga guro.



Nakagugulat ang binigkas na paghanga ni L.A. Dianzon sa "salin" nina Guzman-Laksamana-Guzman. Una, dahil lilitaw pagkuwan na may salin din palá siya ng *Noli* kasáma sina I.Ed Regalado at D. San Agustin nitóng 1957. O bakâ wala pa sa isip niya noong 1947 ang sariling proyekto sa pagsasalin? O maaari din namang napansin niya (o nainggit?) ang tagumpay nina Guzman-Laksamana-Guzman kayâ naisipan niya kasáma sina I.Ed Regalado at D. San Agustin na makilahok sa pagsasalin? Ikalawa, hindi magkatugma ang panimulang papuri niya at ang paliwanag sa pagpuri. Paanong maituturing na "katangi-tangi" at "pangunahin" ang "salin" nina Guzman-Laksamana-Guzman kung nagsagawa ang mga ito ng "pagpapaikli sa mga malalawig at maliligoy na paghahanay ng mga pananalita't pangyayari sa NOLI, at ng pagpapagaan ng mga salitang ginamit"? Ang binanggit ni Dianzon na mga ikinapaging "katangi-tangi" ng "salin" nina Guzman-Laksamana-Guzman ay higit na nauukol sa katangian ng isang mahusay na halaw.

Ang kaibhan ng salin sa halaw ay waring hindi naman pinroblema sa pagpapatibay noon ng mga salin sa mga nobela ni Rizal. Sa kaso ng "salin" nina Guzman-Laksamana-Guzman, dapat tandaan na inaprobahan itong *supplementary reader* sa mga pribadong paaralan. At sa panahon ding iyon ay hindi pa gaanong tinatanggap ng mga Katolikang pribadong paaralan ang kabuuan ng mga

nobela ni Rizal. Sapagkat hindi maiwasang hindi gamitin ang mga nobela, higit na interesado ang mga ito sa mga salin na pinurga sa mga bahagi't pangungusap laban sa Simbahang Katolika at sa mga fraile. Ang mga paaralang ito ang pangunahing kliyente nina Guzman-Laksamana-Guzman. Pagkuwan, isa na itong napakamatagumpay na negosyo, kumalat ang popularidad sa ibang mga paaralan sa buong kapuluan, at sinimulang gayahin ng iba bago pagtibayin ang Batas Rizal noong 1956.

Ang Batas Rizal o Batas ng Republika Blg. 1425 ay nag-uutos na "isáma sa kurikulum ng mga publiko at pribadong paaralan, mga kolehiyo at unibersidad ang mga kurso hinggil sa búhay, mga akda at sinulat ni Jose Rizal, lalo na ang kaniyang mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*." Pangunahing awtor ng panukala si Claro M. Recto at pinagtibay ito ng Ikatlong Kongreso ng Republika ng Filipinas noong 12 Hunyo 1956 kasabay ng pagdiriwang sa kaarawan ng pambansang bayani. Iniatas nitó ang pagsasalín ng mga akda ni Rizal, ang paglalathala ng mga ito sa múrang edisyon, at ang pamamahagi ng mga ito nang libre sa pamamagitan ng mga orgnisasyong pampurok at sangguniang pangnayon. Iniaatas din ang sapilitang pagbili ng mga paaralan ng sapat na mga kopya ng mga akda ni Rizal para sa mga aklatan. Idiniin ng batas na mga orihinal at "hindi binawasang edisyon" (*unexpurgated editions*) ng mga akda ni Rizal gayundin ng mga hindi binawasang edisyon ng mga salin nitó ang kailangang ilista sa mga aprobadong libro para sa lahat ng paaralan. Upang higit na mapaglimi, narito ang binuod na dalawang seksiyon ng Batas Rizal:

SEC. 2. it shall be obligatory on all schools, colleges and universities to keep in their libraries an adequate number of copies of the original and unexpurgated editions of the



Noli Me Tangere and El Filibusterismo, as well as of Rizal's other works and biography. The said unexpurgated editions of the Noli Me Tangere and El Filibusterismo of their translations in English as well as other writings of Rizal shall be included in the list of approved books for required reading in all public and private schools, colleges and universities.

SEC. 3. The Board of National Education shall cause the translation of the Noli Me Tangere and El Filibusterismo as well as other writings of Jose Rizal into English, Tagalog and the principal Philippine dialects; cause them to be printed in cheap, popular editions; cause them to be distributed, free of charge, to persons dearing to read them, through the Purok organizations and Barrio councils throughout the country.



Hanggang ngayon, hindi ganap na natutupad ang Batas Rizal. Totoo, pinag-aaralan ang búhay at mga akda ni Rizal sa mga mataas na paaralan at may kursong Rizal (PI 100 o Philippine Institution 100) sa mga kolehiyo't unibersidad. Ngunit, una, maraming Katolikang paaralan ang lumilihis sa atas na hindi binawasang edisyon ng mga nobela ang dapat gamítin sa klase; ikalawa, pawang hindi matapat na salin sa Tagalog/Filipino ang binibili't ipinagagamit sa mga paaralan. Dahil sa Batas Rizal, naging isang malakas na negosyo ang pagsasalin at paglalathala ng mga nobela ni Rizal. Sa isang nasagap kong ulat, sa Natinal Book Stores lámang ay 34,000 kopya ng *Noli* at 24,000 ng *Fili* ang nabenta nitóng 2007. At dahil sa maagang tagumpay ng “salin” nina Guzman-Laksamana-Guzman, ito ang naging modelo ng mga lumahok at nagsamantala sa diwa ng Batas Rizal. Ang mga “salin” na sa totoo'y mga “halaw” at “pinagaang edisyon” ang nag-

etsa-puwera sa salin ni P. Mariano sa kabilâ ng basbas dito ng Jose Rizal National Centennial Commission noong 1961.

Ang Tagalog Noon

Malaking problema sa pagtuturo ng mga nobela ni Rizal bílang dakilang panitikan kung ibabatay ang pagtuturo sa mga “halaw” at “pinagaang edisyon.” Subalit mahihirapan namang magpahalaga ang mga guro, at lalo na ang mga estudyante ngayon, kung ang babasáhin nilá ay ang mga salin nina P. Poblete at P. Mariano. Bakit? Magsuri táyo ng mga naturang salin at halaw. Sa pagkakataóng ito, gamítin nating halimbawa ang ikalawang talata ng Kabanata X ng *Noli*. Narito ang orihinal ni Rizal sa Español:

Cuando en un día sereno los muchachos se suben al último cuerpo de la torre de la iglesia, que el musgo y las plantas viajeras adornan, entonces prorrumpen en alegres exclamaciones, provocadas por la hermosura del panorama que se ofrece a su vista. En medio de aquel cúmulo de techos de nipa, teja, zinc y cabonegro, separados por huertas y jardines, cada uno sabe encontrar su casita, su pequeño nido. Todo les sirve de señas: un arbol, el tamarindo de ligero follaje, el cocotero cargado de nueces como la Astarté generadora o la Diana de Efeso con sus numerosas mamas, una flexible caña, una bonga, una cruz. Allá está el río, monstruosa serpiente de cristal, dormida en la verde alfombra; de distancia en distancia rizan su corriente pedazos de roca esparcidos en el arenoso lecho; allá el cauce



se estrecha entre dos elevadas orillas a que se agarran haciendo contorsiones árboles de raíces desnudas; aquí se forma una suave pendiente y el río se ensancha y remansa. Allá, más a lo lejos, una casita, construida al borde, desafía la altura, los vientos y el abismo, y por sus delgados harigues, diríase una monstruosa zancuda que espía al reptil para acometerle. Troncos de palmeras o árboles con corteza aún, movedizos y vacilantes, unen ambas orillas, y si son malos puentes, son en cambio magníficos aparatos gimnásticos para hacer equilibrios, lo que no es de desdeñar: los chicos se divierten desde el río en que se bañan, con las angustias de la mujer que pasa con el cesto en la cabeza, o del anciano que va temblando y deja caer el báculo en el agua.

Bago ang lahat, kailangang ipaunawa na isang kahanga-hangang talata ang sinipi kong talata mula sa *Noli*. Kahanga-hanga ito, unang-una, dahil sa napili niyang teknik upang bigyan táyo ng isang panoramikong pagtanaw sa San Diego. Sa mga nobelang Realista noon kahit sa Europa, nangangailangan ang mga nobelista ng isang kabanata o ilang pahina upang ilarawan nang husto ang pook tagpuan. Kailangan ang gayong mahabang paglalarawan upang maidulot ang mga detalye na kakailanganin sa pagsasalaysay. Kailangan din ang isang mabisang tagatanaw upang masaklaw at masuot ang mga sulok ng inilalarawan, lalo na't isang bayan. May gumagamit ng isang dumating na manlalakbay at mula sa isang mataas na pook ay sinusuyod ng paningin ang pupuntahang bayan. May gumamit na ng isang lumilipad na ibon upang magsilbing tíla isang kamera hábang naglalaro sa himpapawid. May iba't ibang baryasyon na ang dalawang naturang teknik.

Ano ang ginamit ni Rizal?

Kahanga-hangang ginamit ni Rizal ang mga paslit na umaakyat sa tore ng simbahan upang mula doon ay magpaligsahan sa pagtukoy ng kani-kanilang bahay at alam na pook sa kanilang bayan. Apektuhan ng kalooban ng mga paslit—bilang punto de-bista—ang masayá at mapaglarong himig ng paglalarawan. Magiging mapagpahiwatig na introduksiyon din ito sa isang naghahari-hariang kapangyarihan sa San Diego, sa tore bílang metonimiya sa Simbahang Katolika na nakairal noong pananaw sa Filipinas.

Narito ang salin ni P. Poblete:

Pagca araw na mabuting panahon at umaakyat ang mga bata sa caitaasan ng campanario ng simbahan, na napapamutihan ng lumot at ng damong hatid ng hangin; pagcacagayo’y masayang nangagsisigawan, sa udyoc ng cagandahan ng natatanaw na humahandog sa canilang mga mata. Sa guitna ng caraming mga bubungang pawid, tisa, “zinc” at yunot, na napapaguitanan ng mga bulaclac natatalastas ng bawa’t isa ang paraan ng pagcakita sa canicanilang bahay na maliliit, ang canila bagang malilingguit na pugad. Nagagamit nilang pananda ang lahat: isang cahoy, isang sampaloc na may maliliit na dahon, ang niog na puspos ng mga buco, tulad sa maanaking si Astarte o cay Diana sa Efeso na may maraming súso, isang humahabyog na cawayan, isang bunga, isang cruz. Naroroon ang ilog, calakilakihang ahas na cristal na natutulog sa verdeng alfombra: pinaaalon ang caniyang agos ng mga pirapirasong malalaking

batong nagcacapatlangpatlang sa mabuhanging inaagusan ng tubig; cumikipot ang ilog sa daco roon, at may mga pangpang na matataas na kinacapitang nagpapalico-lico ng mga cahoy na nacalitaw ang mga ugat, at sa daco rito'y lumalaylay ang mga panabi at lumuluang at tumitining ang agos. May natatanaw sa dacong malayong isang maliit na bahay, na itinayo sa pangpang na hindi natacot sa cataasan, sa hanging malacas at sa pinanununghang banging malalim, at masasabi, dahil sa canyang maliliit na haligui, na siya'y isang calakilakihang zancuda na nga-aabang ng ahas upang daluhungin. Mga catawan ng puno ng niog o ng cahoy na may balat pa, na gumagalaw at gumiguiwang ang siyang naghuhugpong ng magcabilang ibayo, at cahi't sila'y masasamang tulay, datapuwa't maiinam namang cagamitan sa circo sa pagpapatiwariwaric, bagay na hindi dapat pawalang halaga: nangagcacatwa ang mga bata, buhat sa ilog na pinaliliguan, sa mga pagcalaguim ng nagdaraang babaeng may sunong na bacol, o ng matandang lalaking nanginginig sa paglakad at pinababayaang mahulog ang canyang tungcod sa tubig. (Poblete, mp. 87-88)

Kapansin-pansin ang pagsisikap ni P. Poblete na isalin sa Tagalog ang Español ni Rizal. Ngunit kailangang huwag mabalaho ang pagbása sa ortograpiya ng talata ni P. Poblete. Malinaw na produkto ito ng paraan ng pagsulat ala-Español na siyang napag-aralan nina Balagtas, Rizal, at mga edukadong tulad ni P.H. Poblete hanggang sa panahon ng Americano. Taglay din nitó ang isang bokabularyong maaaring ituring na Tagalog noong ikalawang hati ng ika-19 siglo.

Narito naman ang salin nina L.A. Dianzon, I.Ed
Regalado, at D. San Agustin:

Kung sa isang tahimik na panahon ay mapaakyat ang mga bata sa kaitaasan ng kampanaryo ng simbahang pinagaganda ng mga lumot at mga halamang namamanahon, sila'y napapasigaw sa galak dahil sa napakagandang tanawing naaabot ng kanilang mata. Sa gitna ng pulu-pulutong na yaon ng mga bubungang pawid, tisa, siim, at kabonegro na pinapagitnaan ng mga bakuran at hardin, ay natuturo ng bawa't isa ang kanilang dampa, ang maliit nilang pugad. Lahat ay waring may palatan-daan: isang punung-kahoy, isang puno ng sampalok na maliliit ang dahon, niyugang hitik sa bunga na tila si Astarteng mapagbigay-buhay o si Diana sa Efeso na batbat sa súso, isang puno ng makunat na kawayan, isang puno ng bunga, o kaya'y isang kurus sa tarangkahan o sa palupo. Nasa gawing iyon ang ilog, na parang isang ahas na bubog na nakakatulog sa isang higaang kulay luntian; sa pagi-pagitang layo ay pinagugulong ng kanyang agos ang batong nakakalat sa buhanginang tinatakbuhan; sa dako roo'y pinakikipot ang bambang ng dalawang mataas na pampang na kinakapitan ng namamaluktot na mga punong nakalitaw ang mga ugat; sa dako rito'y may tila talibis na nabubuo at dahil diya'y lumuluwang ang ilog at ang agos ay humihina. Doon naman, sa dakong malayu-layo, isang dampang itinayo sa gilid ng pampang, nakikipagtaasan at nakikilaban sa hangin at sa kalawakan, at sanhi ng kanyang maliliit na haligi'y maipalalagay na isang malaking ibong tipol na nag-aabang ng ahas upang tukain. Puno

ng mga halamang palaspasin o mga punong di man lamang kinayas, magalaw at pagiwang-giwang, ang nagiging tawirang nagsusugpong sa magkabilang pampang, na, sakali mang di-maituturing na mabuting tulay ay di naman mapawawalan ng kabuluhan palibhasa'y nagiging mahusay na sanayan sa paninimbang: buhat sa pinaliliguang ilog ay nagkakuwa ang mga bata sa nakikitang paghihirap sa pagtawid ng babaing may sunong na bakol, o dahil sa nanunulay na matanda, na sa pangginginig ay nabibitiwan ang tungkod na nahuhulog sa tubig. (Dianzon, Regalado, San Agustin, p. 50)

Mapapansin agad ang malaking pagbabago sa ortograpiya mula sa Tagalog ni P. Poblete noong 1909 hanggang sa Pilipino nina Dianzon-Regalado-San Agustin noong 1957. Kahit ang mga hiram sa Español na may orihinal pang ispeling kay P.H. Poblete, gaya ng "*campanario*" at "*cruz*," ay nareispiel na't isinunod sa palabaybayang Pilipino kayâ naging "kampanaryo" at "kurus" sa Dianzon-Regalado-San Agustin. May pagsisikap din ang hulí na tapatán sa Pilipino ang hindi isinalin ni P. Poblete, gaya ng "*cristal*" na naging "bubog" at ng "*verdeng alfombra*" na naging "higaang kulay luntian."

Upang maitanghal pa ang pagbabago sa ispeling at salin ng mga naturang halimbawang salita ay narito ang salin ni P. Mariano. Ang sipi ko ay nagmula na sa 1961 edisyon ng P. Mariano at malinaw ang produkto ng pagwawasto sa ispeling ng Surian ng Wikang Pambansa sa edisyong ito:

Kapag sa isang umagang maliwanag ay umaakyat ang mga bata hanggang sa kaitaas-taasan ng kampanaryo ng simbahan

na nahihiyasan ng mga lumot at mga halamang pana-panahon lamang kung sumipot, ay nangapapahanga dahil sa mga kagandahan ng tanawing inaabot ng kanilang paningin. Sa gitna ng pulu-pulutong na iyon ng mga bubungang pawid, tisa, *zinc* at kabonegro, na pinaghihiwalay ng mga halamanan at bakuran, ay natatagpuan ng bawa't isa ang kani-kanilang bahay, ang kanilang munting pugad. Ang lahat ng bagay ay nagiging palatandaan nila: isang puno, ang sampalok na maliliit ang dahon, ang niyugang puno ng bunga na wari'y si Astarteng mapagbigay-buhay o ang Diana sa Efeso na may maraming súso, isang mapagduyang kawayan, isang punong-bunga, isang krus. Sa dako roon naroon ang ilog na wari'y malaking ahas na bubog na nakakatulog sa isang hihigang kulay-luntian; sa mga pook-pook ay nagpapakulot sa kaniyang agos ang ilang batong nakakalat sa buhanging tinatakbuhan; sa dako roon ang bambang ay kumikipot dahil sa dalawang matataas na pampang na kinakapitan ng ilang punong nangagkakabalu-baluktot at ang mga ugat ay labas; sa dako rito ay may isang mababaw na talabibis at ang ilog ay lumuluwang at humihina ang agos. Sa dako roon, sa dakong malayu-layo, ay may isang bahay na munting natatayo sa pampang na waring nakikipaglaban sa kataasan, sa hangin at sa kailaliman, at dahil sa kaniyang mailiit aa haligi'y masasabing siya'y isang napakalaking tipol na nag-aabang ng ahas upang tukain. Mga putol na sanga o mga punungkahoy na may talukab pa, na gagalaw-galaw at pagiwang-giwang, ang siyang nagkakabit sa dalawang pampang, at sakali mang sila'y masamang tulay, ay mainam namang

kasangkapan sa pagsasanay sa paninimbang, bagay na hindi dapat pawalang-kabuluhan: ang mga bata'y nangagkakatuwa, mula sa ilog na pinaliliguan, dahil sa mga pagkakahirap ng babaing nagdadaan na may bakol na sunong o dahil sa matandang nanginginginig at nabibitiwan ang tungkod na nahuhulog sa tubig.

Bukod sa nagkakahawig na ispeleng, higit na malapit ang bokabularyo ni P. Mariano sa Dianzon-Regalado-San Agustin. Gayunman, maganda pang titigan ang ginawa ng tatlong salin sa ilang maituturing na salitâng teknikal ni Rizal. Una, ang *zinc* ay pinanatili ni P.H. Poblete at hindi rin ginalaw ni P. Mariano. Isinalin itong “siim” sa Dianzon-Regalado-San Agustin, isang salita na hindi ko pa matiyak hanggang ngayon ang kahulugan. O likha? At marahil ay nalalapit sa kabuluhan ng “tiim” na nahahawig sa epekto ng *zinc* sa “galbanisadong yero”—ang nais tukuyin ni Rizal na atip ng bahay. [May entri sa diksiyonaryo nina J.V. Panganiban at V. Santos na “sim” para sa galbanisadong yero at mula diumano sa Español at Latin. Na imposible. Maliban kung ituturing itong hiram-salin o korupsiyon ng *zinc*.] Sa ngayon nga'y higit na maiintindihan si Rizal kung isasalin itong “yero.”



Hindi isinalin nina P. Poblete at P. Mariano ang *zinc*. Kaipala dahil iyon din ang tawag sa naturang galbanisadong atip sa Filipinas noon. Wari namang sinikap itong isalin nina Dianzon sa pamamagitan ng paglikha. Baligtad ang nangyari sa kaso ng isa pang atip na binanggit ni Rizal: ang *cabonegro*. Itinawag ito sa matigas at maitim na himaymay ng dahon ng kaong. Inihanap ito ni P. Poblete ng katumbas sa sinaunang Tagalog at nasaliksik niya ang “yúnot,” na ayon sa Noceda at Sanlucar ay isang magaspang na pangkiskis mula sa kaong. Kung magkatulad ang *cabonegro* at ang “yúnot” ay ipinaubaya ko na sa ibang mananaliksik

sa botanikang Filipino. Samantála, hindi ito ginalaw sa dalawang salin at binago lámang ang baybay alinsunod sa palabaybayang Tagalog/Pilipino—“kabonegro.”

Isa namang salitâng zoolohiko ang *zancuda* na ipinanlarawan ni Rizal sa dampang may mataas na haligi sa tabi ng ilog. Pangkalahatang tawag ito sa mga ibong may mahahabàng binti, gaya ng tagak o bakaw sa Filipinas. [Bakit *zancuda* ang ginamit ni Rizal? Nanaig dito ang pag-iisip ni Rizal sa kaniyang mga mambabasáng Español.] At hindi isinalin ni P.H. Poblete ang *zancuda* ni Rizal. Sa kabilâng dako, inihanap ito ng higit na Filipinong tawag sa ibon ni P. Mariano at nasaliksik ang “tipól”—isang malaking ibong *crane* sa Filipinas. Sino ba ang nakaaalam ngayon sa tipól? Marahil, iyon din ang alinlangan nina Dianzon kayâ nilagyan ng pang-uri ang pangalan upang ipaliwana at inilathalang “ibong tipol.”

Hindi sinasadya sa paghahambing ng tatlong salin ay natatanghal ang problema ng katapatan sa pagsasalin. Sa isang bandá, naroon ang sigasig na idulot hanggang maaari ang esensiya ng orihinal na Rizal. Subalit naroon din ang tukso na sikaping isalin si Rizal alinsunod sa kaalaman ng target na mambabasá noong unang hati ng ika-20 siglo. Ano’t anuman, ang wika niláng ginamit, lalo na sa mga halimbawa kong teknikal na salita, ay Tagalog ng kanilang panahon—ang wikang Tagalog sa panahon ng Americano hanggang Komonwelt. Maitatanghal pa ang naturang katangian ng wika sa pamamagitan ng isang halimbawang pangungusap. Kunin nating halimbawa ang unang pangungusap ni Rizal sa siping talata. Narito ang tatlong salin:

Pagca araw na mabuting panahon
at umaacyat ang mga bata sa caitaasan ng
campanario ng simbahan, na napapamutihan



ng lumot at ng damong hatid ng hangin; pagcacagayo’y masayang nangagsisigawan, sa udyoc ng cagandahan ng natatanaw na humahandog sa canilang mga mata. (P. Poblete)

Kapag sa isang umagang maliwanag ay umaakyat ang mga bata hanggang sa kaitaas-taasan ng kampanaryo ng simbahan na nahihiyasan ng mga lumot at mga halamang pana-panahon lamang kung sumipot, ay nangapapahanga dahil sa mga kagandahan ng tanawing inaabot ng kanilang paningin. (P. Mariano)

Kung sa isang tahimik na panahon ay mapaakyat ang mga bata sa kaitaasan ng kampanaryo ng simbahang pinagaganda ng mga lumot at mga halamang namamanahon, sila’y napapasigaw sa galak dahil sa napakagandang tanawing naaabot ng kanilang mata. (Dianzon et al)

Episyente ang mga salin upang ihandog ang ibig sabihin ng unang pangungusap ni Rizal:

Quando en un día sereno los muchachos se suben al último cuerpo de la torre de la iglesia, que el musgo y las plantas viajeras adornan, entonces prorrumpen en alegres exclamaciones, provocadas por la hermosura del panorama que se ofrece a su vista.

Naging “mabuting panahon,” “tahimik na panahon” man, at “umagang maliwanag” ang “*día sereno*” ni Rizal ay pawang angkop ang mga ito bílang salin. Ngunit waring hindi eksakto ang “mga halamang namamanahon” o “mga

halamang pana-panahon lamang kung sumipot” para sa “*plantas viajeras*.” Higit pang angkop ang “damong hatid ng hangin” ni P. Poblete. Gayunman, ang higit na kapansin-pansin ay ang mga panlaping nagpapahabà sa mga salita sa mga salin gayundin ang mga pariralang ituturing na di-kailangan sa kasalukuyan. Bakâ higit pang malinaw at napapanahon sa mambabasá ngayon (At tandaan: Nagbabago ang wika ng target na mambabasá sa pana-panahon!) ang ganitong salin:

Kapag isang araw na maaliwalas at umakyat ang mga batang lalaki sa pinakatuktok ng tore ng simbahan, na napapalamutian ng lumot at mga halamang ilahas, napapasigaw sila sa galak dahil sa kagandahan ng tanawing nakaalay sa kanilang paningin.



[Siyempre, dapat ipaliwanag ang pagpapasok ng “ilahas” mulang Kiniray-a bílang isang bagong pagsisikap na ilahok ang makabuluhang mga salita mula sa ibang katutubong wika ng Filipinas. Ngunit maaaring igiit na higit itong angkop sa pakahulugang *wild plant* ng *plantas viajeras* kaysa “mga halamang namamanahon” o “mga halamang pana-panahon lamang sumipot” o kahit sa “damong hatid ng hangin.”]

Isa pang malaking kahinaan ng tatlong salin ang pagkaligta sa himig ng talata ni Rizal. Nabanggit ko nang sinulat iyon alinsunod sa damdaming paslit na umaakyat ng tore ng simbahan sa udyok ng pakikipagsapalaran. Pagdating sa pinakamataas na palapag ng tore, magpapaligsahan silá sa pagtukoy ng kani-kanilang paboritong pook. Isinadula ni Rizal ang damdaming ito sa ulit-ulit na “*alla*” o “hayun”—upang itanghal ang pag-uunahan ng mga paslit sa pagtuturo ng nais tingnan ng lahat. Hindi ito natupad ng mga salin, bagaman

bahagyang naisaalang-alang nina Dianzon.

Ang pagsusuri kong ito sa tatlong salin ng nobela ni Rizal ay hindi nangangahulugan ng paghatol kung alin sa tatlo ang higit na mahusay. Sa halip, isang pagtatamasa lámang ito sa pambihirang pagkakataón, ang inaasam noon pa ni Wilhelm von Humboldt na “maraming salin” ng isang akda. Maliwanag namang sinikap ng tatlo, sa abot ng kanilang pagpapahalaga sa akda ni Rizal at sa abot ng kanilang talino sa wikang Español at sa wikang Tagalog/Pilipino, na maipalaspas sa mga mambabasa sa wikang Tagalog/Pilipino ang katangian ng nobela ni Rizal. Nais ko ring itanghal ang malíng hinuha na higit na madalíng magsalin sa tuluyan kaysa tula. Ang ibig kong sabihin, sinusukat ang kompetensiya ng saling pampanitikan, tula man o prosa ang isinasalin, alinsunod sa husay ng tagasalin na “makipaglaro” sa wika ng orihinal at matagumpay na mailipat sa TL ang mga katangiang pampanitikan ng orihinal. Nagiging “madalí” lámang ang trabaho ng tagasalin kung hindi mataas ang kalibreng pampanitikan ng isinasalin.

Dapat ding tukuyin ang kakaibang sitwasyon sa sinuring pagsasalin kay Rizal. Kung babalikan ang uriang pampanitikan sa pagsasalin ni Friedrich Scheiermacher (“Maaaring pabayaang manahimik ng tagasalin ang awtor, hanggang posible, at pakilusin ang mambabasa túngo sa kaniya; o maaaring pabayaang manahimik ng tagasalin ang mambabasa, hanggang posible, at pakilusin ang awtor túngo sa kaniya.”) noong 1813, iminumungkahi niya ang dalawang paraan ng pakikitungo ng isang tagasalin sa isang banyagang awtor na nagsulat sa isang banyagang wika (at malimit hinggil sa isang banyagang paksa). Banyaga ang orihinal na wika ng *Noli* at *Fili* (at mga tula) ni Rizal



ngunit hindi banyaga si Rizal at hinggil sa kondisyon ng lipunang Filipino ang kaniyang mga akda. Sa kabuuan, mga detalye at sentimyentong Filipino ang inaasahang mabása kay Rizal. Anupa't ang nararapat na layunin ng pagsasalin sa kasong ito ay pagtagpuin ang awtor at ang mambabasa sa bisà ng wikang pansalin.

Higit sanang naging paki-pakinabang ang “pangungulit” kong ito sa tatlong salin kung buháy pa ang mga tagasalin. Ano ang ibig kong sabihin? Para magálit silá at sumagot sa aking mga puna? Hindi, bagaman isang silbi ito ng panunuring pampanitikan. Subalit higit kong nais tukuyin ang katuturan ng panunuring pampanitikan túngo sa isa pang makabuluhang yugto ng pagsasalin. Ang **pagsusuri**, **pag-edit**, at **rebisyon** ng salin. Hindi dapat masiyahan ang tagasalin sa unang edisyon ng trabaho. Borador pa lámang iyon. Kailangang isagawa niya mismo ang mahigpit na pagsisiyasat sa natapos na salin, ipailalim ito sa mga natutuhang panuto at pamantayan, at bigyan ng kaukulang mga pagbabago. Ang pagsusuri at rebisyon ay maaaring isagawa kahit matapos ilathala ang salin. Iyon ang silbi ng ikalawa o ikatlong edisyon. Bukod sa pagkakamalíng tipograpiko, maaaring dumating sa tagasalin ang isang higit na epektibong salita, ang hindi naisaalang-alang na konteksto, ang isang bagong saliksik hinggil sa ibig sabihin ng awtor, at kailangan niyang magwasto.

Walang panghabàng-panahong salin. Lubhang humahabà ang búhay ng isang salin dahil nakamatayan ng nagsalin, dahil hindi naman ginagamit ng taumbayan, o dahil nalilimot ipailalim sa mahigpit na pagsusuri.

Krimen ng “Halaw”

Hindi problema ang aking ginawang “pangungulit” sa mga salin ng *Noli* kapag tinitigan ang malubhang krimeng idinudulot ng mga “halaw” at “pinagaang bersiyon” sa nobela ni Rizal. Balikan nating halimbawa ang tinatalakay na talata sa nobela ni Rizal at ang naging “halaw” nitó sa Guzman-Laksamana-Guzman:

Mula sa mataas na simboryo ng simbahan ay natatanaw ang buong paligid-ligid ng kabayanan na lubhang kaaya-aya sa paningin. Sa gitna nito’y nagkakalipumpon ang mga bahay na naaaptan ng pawid, siim, tisa, at kabunegro. Ang ipinagkakalayu-layo nila’y ang maliliit na bakuran at looban. Ang ilog ay natatanaw ring anaki’y isang napakalaking ahas na bubog na nahihimlay sa banig na luntian. Sa dako pa roon ay natatanaw ang isang dampa na sadyang itinayo sa mataas na pampangin, upang makitunggali sa papawirin, sa hangin at sa bangin. (Guzman, Laksamana, Guzman , mp. 46-47)

Tulad ng aking ipinagpauna, lubhang maraming nawala sa orihinal ni Rizal. May nawawala naman talaga kahit sa pinakamatapat na salin. Sa halaw o hango, lalo na, higit na aplikable ang simulaing katuturan-sa-katuturan. Hindi baleng may nawala hangga’t napananatili ang katuturan ng orihinal. Subalit, tulad ng nasabi ko na, lubhang maraming nawala sa orihinal ni Rizal kapag itinapat sa “halaw” nina Guzman-Laksamana-Guzman. Nawala ang pananaw ng mga paslit at naglahò ang maraming panukalang pampanitikan ng talata ni Rizal. Nawala rin ang maraming detalyeng realista, na higit na nagpaparikit sa paglalarawan ni Rizal ng isang ordinaryong bayang

kolonyal noong ika-19 siglo sa ilalim ng mga Español. Nagkaroon din ng mga hindi wastong pangungusap, gaya ng “Ang ipinagkakalayu-layo nila’y ang maliliit na bakuran at looban,” na wala sa orihinal, lalo na ang konsepto ng “looban.” Nawala rin ang magagandang hambingan, gaya ng dampa na katulad ng isang ibong mahabà ang mga binti. At ang higit na nakasisindak, nawala ang nakatutuwang larawan ng tulay at ang nakapanggigil [ang totoo, nakakaawa ngunit dahil sa pananaw na paslit ay napalitaw na nakatutuwa] na halimbawa ng mga tumutulay at biktima ng kawalan ng progreso sa San Diego.

[Mahalagang banggitin nang hiwalay ang nawala ring alusyon ni Rizal kay Astarte at sa bantayog ni Diana sa Efeso (*“el cocotero cargado de nueces como la Astarte generadora o la Diana de Efeso con sus numerosas mamas”*). Kung babalikan natin ang panimulang layunin ng Guzman-Laksamana-Guzman na ipagbili ang kanilang “salin” sa mga paaralang Katolika, makatwiran ang naturang pagsikil sa mga pagano kung hindi man “bastos” na alusyon ni Rizal. Napuna din ito noon ni Horacio de la Costa, SJ at nasambit na lubhang nadimlan ang bayani ng paglalamay sa pag-aaral. Na sa aking pakiwari ay isa ring patama na lubhang naudyukan si Rizal ng kaniyang edukasyong Kanluranin. Sino ba ang makaiisip na ihambing ang niyog na maraming bunga sa estatwa ni Diana na maraming súso? Maganda man ang paghahambing na erotiko, lubhang malayò sa karanasang Filipino ang ginamit niyang hambingan.]



Samantála, nakapagtataká ang pagbanggit nina Guzman sa “siim” katumbas ng *zinc*. Sino ba ang nauna sa Dianzon-Regalado-San Agustin at sa Guzman-Laksamana-Guzman sa paglikha ng naturang salita?

Nakalulungkot na hindi binigyan ng angkop na

pagpapakilála bílang “halaw” lámang ang trabaho nina Guzman-Laksamana-Guzman. Sa tingin ng maraming guro ngayong biktima ng naturang “halaw” at walang anumang alam hinggil sa orihinal ni Rizal, ang libro nina Guzman-Laksamana-Guzman ay “salin.” Hindi rin naman nakatulong ang Kagawaran ng Edukasyon upang linawin ang problemang ito. [Paano itong mabibigyan ng linaw ng mga opisyal, superbisor, superintendente, at direktor na hindi naman nakabása sa orihinal ni Rizal o kahit sa mga nabanggit na lehitimong salin ng nobela ni Rizal?] Dahil sa tagumpay na komersiyal ng “halaw” nina Guzman-Laksamana-Guzman ay naging modelo ito ito ng ibang higit na karima-rimarim na “pinagaang edisyon.” Halimbawa:

Tanaw na tanaw mula sa simboryo ng simbahan ang kabayanan. Tabi-tabi ang mga bahay na may bubong na pawid, yero, tisa, at kabonegro. Parang ahas ang ilog sa gitna ng luntiang bukid. Sa di kalayuan ay may isang kubo na nakatirik sa mataas na pampang. (Teresita Capili-Sayo at C.C. Marquez, p. 46)

Pagtitipid ang isang pangunahing dahilan para sa halaw. Lalo na mula sa simulaing komersiyal. Mas maikli, mas konting espasyo, at ergo, mas matipid sa papel at panahon ng pag-imprensa. Pinagaan naman ang katwirang pang-edukasyon para sa pagbebenta sa mga paaralan. Inaalís ang di-kailangang salita, parirala, o pangungusap, pinapalitan ang mahirap na bokabularyo, pinuputol ang mabulaklak na pahayag upang mabawasan ang hírap sa pagbása at pag-aaral. Upang mabawasan din ang hírap ng guro sa pagpapaliwanag. Ngunit tulad ng halimbawang halaw nina Guzman-Laksamana-Guzman, at lalo na nina Capili-Sayo at Marquez, malaki ang tsansa na nasasakripisyo ang katangiang pampanitikan ng akda kapag pinaraan sa ganitong proseso.





Hindi kataká-taká na hindi binabása ngayon ang nobela ni Rizal bílang panitikan.

Nagiging napakalimitado din ang paraan ng pagpapahalaga sa pamamagitan ng mga “halaw.” Malimit na may nakabuntot na tulong pangmag-aaral sa bawat kabanata ng mga nakalathalang “halaw” ngayon. Para maging patnubay sa ribyu ng kabanata. Ngunit pati ang naturang tulong pampaaralan ay apektado ng ginawang paghalaw. Halimbawa, sa dulo ng Kabanata X ng Guzman-Laksamana-Guzman ay iisa ang tanong na nauukol sa panoramikong tanáwing itinanghal ni Rizal, ang tanong bílang 3: “Mula sa mataas na simboryo ng simbahan ay natatanaw ang buong paligid-ligid ng ____.” Na siyempre pa ang sagot ay “San Diego.” Bakit wala nang ibang naitanong ang Guzman-Laksamana-Guzman? Dahil lubha niláng kinatas ang paglalarawang iniukol ni Rizal hinggil sa San Diego. Silá mismo ay walang magandang maitanong upang higit na mapakinabangan ng mga estudyante ang paglalarawan ni Rizal.

Tungkulin sa Reproduksiyong Pampanitikan

Gayunman, mainam pa ring usisain kung ano ang silbi ng halaw. May halaga nga bang pang-edukasyon ang halaw? Ano ba ang tungkulin ng tagahalaw sa orihinal na akda?

Sa pagsasalin, may tinatawag na katapatang moral sa orihinal, kahit sa antas ng waring pagsisikap na magdulot ng reproduksiyon ng anyo ng orihinal. Nalilimot ang aspektong ito ng mga halaw at pinagaang edisyon. Hindi naiisip ng mga tagahalaw at tagapagpagaan na nasasaula nilá kahit ang anyong pampanitikan ng orihinal





na prosa sa kanilang paghalaw.

Dahil halimbawa sa layuning pang-edukasyon ay maaaring baguhin ng tagahalaw ang wika at bokabularyo ng orihinal. Higit na magiging makiling ang tagahalaw sa paggamit ng katumbas na salitang moderno para sa sinauna at hindi na ginagamit. Magandang halimbawa ang nakahilera ngayong mga salin at halaw ng *Iliad* ni Homer. May nagsisikap na isalin pati ang katangiang patula ng epikong Griego. May nagdudulot ng saling tuluyan bagaman sinusundan ang takbo ng pangyayari sa orihinal. May halaw na gumagamit ng makabagong Ingles at nagbibigay pa ng dagdag na paliwanag sa anumang detalye o bagay na binanggit sa orihinal na Griego at walang katumbas sa Ingles. Hindi man si Homer ang paksa, higit na gagamit ang tagahalaw ng maikli at payak na pangungusap para higit na maintindihan ng mga kabataan at estudyante. Maaari pang gumamit ang tagahalaw ng mga taktika tungo sa modernisasyon ng talinghaga at tayutay upang higit na makaakit ng kasalukuyang mambabasá.

Maaaring ipahintulot ang mga pagbabagong ito alang-alang sa higit na mabilis na pagkatuto at upang kung sakali ay magkaroon ng panimulang pagpapahalaga ang mag-aaral sa panitikan. Ngunit tandaan: Upang maakit ang mga kasalukuyan at kabataang mag-aaral sa panitikan, lalo pa't panitikan mula sa isang nagdaang panahon sa kasaysayan. At kung sakali, upang maakit silá tungo sa pagbása ng orihinal kung magkaroon ng pagkakataon.

Ito ang hindi natutupad ng maraming “halaw.” Malimit na ang kabaligtaran ang nangyayari at, palagay ko, isang pangunahing sanhi ng mababaw na paglinang sa interes ng mga mag-aaral para magbasá ng aklat at malaking hadlang tungo sa malalimang pagpapahalaga





ng mga mag-aaral sa panitikan. Lingid sa alam ng mga gurong tagahalaw (yaong may dalisay na adhikang pang-edukasyon na dapat ibukod sa mga komersiyanteng tagahalaw), isang maselan at mapanganib na gawain ang halaw. Kahit matagumpay ang halaw, hindi ito garantiya na mabibighani nitó ang kabataang mambabasá upang hanapin ang orihinal o ang higit na matapat na salin nitó. Ang higit na masaklap, kung masamá ang halaw, walang-wala itong maidudulot na insentibo upang maganyak ang mag-aaral na mag-ukol ng dagdag na panahon para basáhin ang orihinal.

Kayâ kung sakali mang kilalanin ang silbing pang-edukasyon ng halaw, kailangan itong magtaglay ng katangian upang maging “kapalit” o “kinatawan” ng salin man lámang ng orihinal. Ang ibig sabihin, kailangang maipahiwatig man lámang nitó ang pangunahing katangian ng orihinal bílang anyong pampanitikan. Halimbawa, sa nobela, kailangang luminaw ang kuwento at ang mga tauhang nagpakilos sa salaysay. Ang tungkuling ito ay hindi nalilimot kahit ng **lágom** (*summary*) sa isang kuwento o nobela. Ngunit hindi lagom ang halaw. Manapa, higit ang halaw kaysa lagom. Higit itong may pagkakataón upang itanghal ang mga aspekto at detalyeng ikinatangi ng nobela bílang nobela. Sa paglagom, halos ang esensiya lámang ang natitira. Kayâ pinakamatagumpay ang lagom na may pinakamaikling pangungusap at talata. Samantála, sa halaw ay may espasyo upang tanglawan ang dapat tanglawang katangian ng nobela. Kahit “pinagagaan” ang mga salita at “pinaiikli” ang mga pangungusap, nakapag-uukol ito ng panahon para sa kahit paano’y pagpapakilála sa anyo ng pangungusap ng orihinal. Ang gawaing ito ang tinatawag kong tungkulin túngo sa reproduksiyon ng anyong pampanitikan ng orihinal. Ito ang pinakamataas na tungkulin ng isang tagahalaw kung

sakaling tunay na may adhika siyang pang-edukasyon.

Marahil nga'y higit pa itong natutupad ng komiks kapag paglalarawan ang hinahalaw. Sa pamamagitan lámang halimbawa ng isang panoramikong guhit ay maaaring maitanghal ng ilustrador ang isang tanáwing nangangailangan ng maraming mahabàng pangungusap. Gayundin ang higit pang mabilis at mabisàng gawain ng kamera sa pelikula. Ngunit totoong isang malaking hámon ang paghalaw sa tanáwin ni Rizal sa Kabanata X upang maipakita ito sa higit na maikling paraan. Tiyak, hindi ito natupad ng Guzman-Laksamana-Guzman. Ang bighani ng paglalarawan ni Rizal ay ganap na naglahò. Ni hindi naipahiwatig ng “halaw” ang estratehiya ni Rizal bílang tagapaglarawan ng malalaking tanáwin at problema, lalo na'y hindi naitampok ang talino ni Rizal sa paggamit ng paglalarawan at ng pagkakatalogo ng mga detalye. Nawala rin ang siste ni Rizal, ang mapagpatawang espiritu, at ang paglalarawan bílang panimulang balangkas túngo sa pangkalahatang diwa ng paghahari ng Simbahan sa lipunang kolonyal ng Filipinas.

May dapat pang linawin sa mga ipinahayag ko sa sinundang talata. Ang binanggit kong pagsasakomiks o pagsasapelikula ng paglalarawan ni Rizal ay tumutukoy na sa reproduksiyong naiiba sa halaw. Tutukuyin ko itong “**hangò**” o adaptasyon. Sa naturang proseso, pumipilì ang tagahango ng isang anyo na moderno o higit na angkop para sa kaniyang target na madla at inihuhubog sa anyong iyon ang orihinal. Halimbawa nga'y gawing komiks o pelikula ang nobela ni Rizal. O higit pa, muling isulat ang nobela ni Rizal sa kasalukuyang panahon kayâ ang wika ay tiyakang magiging makabago. [Dapat sanang idagdag din sa bahaging ito ang naiibang problema sa pagsasalang *dubbing* at *subtitle* sa pelikula. Ngunit ang teknolohiya at kasanayang teknikal na kailangan sa naturang mga gawain



ay dapat isagawa sa isang bukod na talakay. Ang mga sining o teknikang ito ay hiwalay na kurso sa makabagong komunikasyon.]

Walang kalayaang katulad ng hango ang halaw. Nakagagawa ng ilang pagbabago ang tagahalaw ngunit laging dahil sa layuning magpaliwanag. Upang higit na luminaw sa target na madla ang orihinal. Ang ibig sabihin, gumamit man ng ibang mas napapanahong salita o mas payak na pangungusap ay hindi nakalalayô sa orihinal ang tagahalaw. Kung bagá sa pagluluto, sinisikap pa rin niyang idulot ang lasa at linamnam ng orihinal. Magandang muling balikan ang papuri ni L.A. Dianzon sa “salin” nina Guzman-Laksamana-Guzman: “Ang ginawa ninyong pagpapaikli sa mga malalawig at maliligoy na paghahanay ng mga pananalita’t pangyayari sa NOLI, at ng pagpapagaan ng mga salitang ginamit, ay siyang lalong ikinapatampok ng inyong pagsasalin at ipinaging karapat-dapat at angkop na angkop upang gamitin, ituro’t pag-aralan sa mataas na paaralan...” Tulad ng nasabi ko na, ang papuri ni L.A. Dianzon ay nauukol sa isang mahusay na halaw. Sa kasamaang-palad, ang mga “halaw” (na nagpapanggap na “salin”) na ibinebenta sa National Book Stores ay ni hindi halaw. Sa halip, tulad ng ginamit kong mga halimbawa, higit na dapat ituring ang mga ito na mga lagom at naglilingkod lámang para sa mga guro’t estudyanteng tinatamad. Naging milyonaryo at patuloy na nagiging milyonaryo ang mga Guzman-Laksamana-Guzman sa ibabaw ng umiiral na pambansang kamangmangang pampanitikan.



Ferndale Homes
27 Disyembre 2015



IYANG TEKNIKAL SA PAGSASALING TEKNIKAL

Sinimulan kong isipin ang pagsusuring ito nang may skaraniwang pananaw na isang “pobresitang pinsan” ng pagsasaling pampanitikan ang pagsasaling teknikal. Subalit pagkatapos kong mahapaw ang mga libro nina Mona Baker, Jody Byrne, Susan Basnett, Lawrence Venuti, atbp [sa kagandahang-loob nina Dr. Michael “Mike” Coroza at Dr. Galileo “Leo” Zafra] ay tumiim sa akin ang naiibang katangian at kabuluhan ng pagsasaling teknikal. Tulad ng pagsasaling pampanitikan, hindi ito isang biro-birong trabaho at napakalaki ng tungkulin noon at ngayon sa pagpapalaganap ng kaalaman sa buong mundo. Ang totoo, sa kabilâ ng dominasyon ng Ingles bílang wikang pandaigdig, maituturing ang pagsasaling teknikal bílang tunay at aktibong wika ng globalisasyon. Dahil sa globalisasyon ay mas tumindi ang interes sa pagpapalitan ng impormasyon, na pinasisigla pa ng mga imbensiyoung teknolohiko upang mas maganap ang sinasabing “walang-hanggahang” [*borderless*] komunikasyon, at kayâ lalong natatanghal ang napakahalagang papel ng pagsasalin.



Ang pangangailangang maidulot at maipamahagi ang mga kaalaman at kasanayan, bukod sa patuloy at walang-humpay na paglikha at pagdukal ng mga bago’t bagong teknolohiya, ay nagpapatindi sa halaga ng pagsasalin bílang tagapamagitan ng mga wika at kultura ng mundo. Nagtutulong ang mga kasangkapang teknolohiko



at midya upang maigpawan ang mga hadlang pangwika sa komunikasyong pandaigdig ngunit upang higit ding sumandig sa mabisang pagsasalin. Higit kailanman, dahil sa tumataas na pangangailangan para sa paglilipat ng mga kaalaman, balita, at pagbabago ay ngayon nabubuo ang mga sentro/sangay ng pagsasalin sa mga bansa at ang mga lumalawak na kurso sa mga araling pagsasalin. [Na wala ito sa radar ng mga politiko at lider edukador sa Filipinas ay pruweba lámang ng mababaw nilang pag-intindi o tunay na katangahan sa sinasabi nilang kahandaan sa globalisasyon.] May nasagap pa akong balita na 70% hanggang 90% ng mga gawaing pagsasalin sa buong mundo ay pagsasalang teknikal. Ito ang lumilitaw na pinakaangkop na gawain para mahusay at mabisang mapangasiwaan ang paglilipat at pagpapalitan ng impormasyon.

Minsan, naikuwento kong: “Bílang alagad ng Wikang Pambansa ay malimit kong makaengkuwentro ang isang pangunahing problema ng pagsasalin. Lalapit ang isang reporter at magtatanong: ‘Ano ba ang *journalism* sa Filipino?’ Sa mga seminar, laging itinatanong ng mga titser: ‘Wasto bang itawag ang “punong-guro” sa prinsipal?’ At durugtungan pa ng: ‘Alin po ang tamang baybay? “Punong-guro,” “punongguro,” o “punungguro?”’ Isang mambabatas ang mag-uusisa: ‘Bakit walang katumbas sa Filipino ang *jus sanguinis*?’ Medyo nantetesting na idudulog naman ng estudyante: ‘Kelan po ba mainam gamitin ang “me” at kelan ang “banyuhay?”’ Kapag sinuri, ang mga naeengkuwentro kong tanong ay hinggil sa pagsasalang teknikal.

Isang dagdag na gawain sa globalisasyon ang tinatawag na “lokalisasyon.” Sang-ayon kina Minako O’Hagan (2002), ang lokalisasyon ay “a process to facilitate globalization by addressing linguistic and cultural barriers.” Kailangang mahawi ang mga hadlang pangkultura upang





magkaroon ng epekto sa bawat target na bansa ang isang gawain o proyektong global. Ito mismo, sa gayon, ang pangunahing tungkulin ng pagsasalin bílang kasangkapan sa globalisasyon. Kailangang lumikha ang pagsasalin ng “pang-akit na domestik” sa target na pook upang mabisang mailipat ang anumang impormasyon at kaalaman.

Kailangan, sa gayon, na maging komunikatibo ang pagsasaling teknikal. Sabi nga ng mga eksperto, kailangan itong (1) nakaangkop sa target na mambabasá, at (2) may layuning maglingkod sa target na mambabasá. Napakautilitaryo ang pagsasaling teknikal, at narito ang kaibhan nitó sa malaking bahagi ng pagsasaling pampanitikan. Higit na sinusukat sa pagsasaling teknikal ang naidudulot nitóng serbisyo sa madla ng TL.

Ito ang puso ng pagiging “teknikal” [Mula sa Griegong *technē* na maaaring katumbas ng “sining” o “kasanayan.”] sa pagsasaling teknikal. Dahil ang tinatawag na tekstong teknikal sa SL ay nauukol sa komunikasyon ng mga espesyalisadong impormasyon sa anumang larang (lalo na hinggil sa mga agham at industriya) at ginagamit ng mga teknisyán, manedyer na teknikal, opereytor ng mga makina sa pabrika, o mga mananaliksik upang tupdin ang isang gawain, pangunahing tungkuling teknikal ng pagsasaling teknikal ang epektibong paglilipat ng naturang espesyalisadong impormasyon upang pakinabangan ng mga teknisyán, manedyer na teknikal, opereytor ng mga makina, o mga mananaliksik sa TL.

Binabása ang tekstong teknikal dahil may gustong matutuhan ang isang tao. Ito rin ang kailangang maging epekto ng pagsasaling teknikal sa mambabasá ng TL. Napakahigpit ang pangangailangan na ang isinasaling impormasyon, lalo na’t teksto sa pagtuturo, ay ganap na





maipaloob ng tagasalin sa mga tuntunin at pamantayang pangwika at pangkultura ng kaniyang target na mambabasá.

Mga Uri ng Tekstong Teknikal

Bago ang lahat, kailangan ang ilang paglilinaw. Una, kailangang linawin ang kaibhan ng wikang “siyentipiko” sa wikang “teknikal.” Mahalaga ito mismo sa mga siyentista at teknisyán. Sa isang diksiyonaryo, ang depinisyón ng agham o siyensiya ay “sistematikong pag-aaral sa estruktura at kilos ng daigdig na pisikal, lalo na sa pamamagitan ng pagmamasid, pagsukat, at pag-eeksperimento, at ang pagbuo ng mga teorya upang ilarawan ang resulta ng mga naturang gawain.” Samantála, ang teknolohiya ay “ang pag-aaral at kaalaman sa mga gámit na praktikal at industriyal ng mga tuklas ng siyensiya” o ang “aplikasyon sa búhay ng mga tuklas at teorya ng agham.”

Mula sa mga depinisyóng ito ay maaari nating pagbukurin ang mga teksto sa agham at sa teknolohiya sa dalawang pangkalahatang kategorya. Una, ang tekstong siyentipiko na nauukol sa mga saliksik na isinagawa ng isang siyentista o pangkat ng siyentista. Tinatawag din itong “tekstong primarya” at malimit na nalalathala sa espesyalisadong jornal sa agham. Napapailalim din sa ganitong uri ang espesyalisadong teksto na may paksaing teknolohiko. Bago malathala, nagdadaan ang teksto sa ribyu ng mga kapuwa siyentista at kailangang sumunod sa format na itinatakda ng editoryal hinggil sa paraan ng pagsulat, organisasyon, paglalagay ng kaukulang pagkilála at sanggunian. Ikalawa, ang tekstong teknikal na sinulat upang magpaliwanag ukol sa tekstong siyentipiko o magpalaganap ng isang praktikal na gámit ng isang teorya o saliksik na siyentipiko. Tinatawag din itong “tekstong





sekundarya” at maaari ding may format at organisasyong gaya ng “tekstong primarya.” Gayunman, kapag sinadya para sa popularisasyon ng isang tekstong siyentipiko, iniaangkop ang tekstong teknikal sa kakayahan ng gagamit. Malaking bahagi ng tekstong teknikal ay mga manwal, teksbuk, at sangguniang aklat. Ang mas popular na anyo nitó ay mga magasin at newsletter, polyeto, poster, artikulong siyentipiko sa mga peryodiko, at mga entri sa ensiklopedya.

Kung babalikan ang aking pangkalahatang pag-
uri sa pagsasalin, higit na nahihinggil sa imitasyon
ang pagsasaling siyentipiko. Sa kabilâng dako, higit na
gumagamit ng reproduksiyon—lalo na sa anyong halaw at
hango—ang mga pagsasaling teknikal.

Sa ganitong pag-uuri, makikitang lubhang
espesyalisado ang uring “tekstong siyentipiko.” Malimit
nga’y hindi na ito isinasalin dahil nagkakaintindihan na
sa “wikang siyentipiko” ang mga siyentista. Isalin man ito,
kailangan ang ganap na higpit sa wika—walang labis,
walang kulang, wika nga—at maiwawangki sa adhikang
purista sa pagsasaling pampanitikan. Samantála, ito rin
ang saligan kung bakit higit na interesado ang gabay
kong ito sa tekstong teknikal, at sa paggamit ng “teknikal”
sa pakahulugang nakalangkap na ang “siyentipiko” at
“teknolohiko.” Sabihin mang hindi ganoon kaestrikto ang
tekstong teknikal kung ikokompara sa tekstong siyentipiko,
taglay pa rin ng tekstong teknikal ang mga katangiang
siyentipiko, lalo na ang pagiging wasto at nakabatay sa
resulta ng saliksik o eksperimento.



Malinaw ding ang pagiging teknikal ang ikinaiiba ng
tekstong teknikal sa tekstong pampanitikan. Hindi ito tulad
ng tekstong pampanitikan na napapalamutian ng mga
tayutay at may gámit ang mga salita sa paraang iba sa



mga pakahulugan sa diksyonaryo. Binabása ang panitikan para sa idinudulot nitóng kasiyahan; binabása ang akdang pang-agham at panteknolohiya para sa isang tiyak na gámit nitó sa bumabása.

Sa isang paraan ng pag-uuri, nakakahon ang tekstong teknikal sa tinatawag na “malinaw na komunikasyon ng kaalaman.” Gayunman, hindi nangangahulugang hindi ito gumagamit ng tinatawag na “malikhaing komposisyon”—isang uriang karaniwang pinaglalagyan sa tekstong pampanitikan. Kailangang manatiling obhetibo at makatunayan sa paksa ang isang manunulat na teknikal. Ngunit kailangan din niyang maalam sa paggamit ng mga taktikang malikhain upang magtagumpay sa pag-akit ng babása at mapanatili ang interes nitó sa binabása. Sa larangan ng paglalathalang teknikal ngayon ay bahagi ng pagsasanay ang pag-aaral sa angkop na disenyo at paggamit ng kaakit-akit na tipo upang magkaroon ng atraksiyon sa madla ang isang monograp o polyeto. Gumagastos ang mga kompanya ng bagong produkto sa magagandang poster at manwal upang maparating sa madla ang wastong impormasyon hinggil sa bagong produkto.

Isang karaniwang patnubay sa pagsulat ng tekstong teknikal ang: (1) magsulat para sa iyong mambabasá at magsulat nang malinaw; (2) alisin ang di-kailangang pag-uulit; (3) iwasan ang di-kailangang pang-uri at panuring; (4) gumamit ng payak na salita at payak na pahayag; (5) gumamit ng tinig na aktibo at himig na apirmatibo; (6) sumipi ng mga sanggunian, pangungusap ng eksperto, at totoong ulat at resulta ng pagsubok; (7) tiyaking malinis ang ispelang at gámit ng bantas. Ngunit ipinapayo ding: (1) akitin ang madla; (2) umisip ng naiiba at bagong pang-uri; (3) sikaping mamangha ang bumabása tungkol sa paksa; (4) kumbinsihin ang bumabása sa layunin ng teksto.



Ang mga naturang kahingian sa pagsulat ng tekstong teknikal ang siya ring hinahanap na mga katangian ng pagsasaling teknikal.

Mga Hámon ng Pagsasaling Teknikal

Magandang magsimula sa pahayag ni Jody Byrne (2006) na ang hámon sa mga manunulat na teknikal ay “to ensure that all of the relevant information is indeed conveyed but also that it is conveyed in such a way that the readers can use the information easily, properly and effectively.” Ipinahihwatig din niya sa naturang pahayag na ang pagsasaling teknikal ay hindi lámang paglilipat ng impormasyon. Bukod sa pagtiyak na naisalin ang mga makabuluhang impormasyon ng isang sulatíng teknikal ay kailangang ilipat ang mga ito ng tagasalin sa isang paraang mabisà at madalíng maintindihan ng sinumang babása sa pinagsalinang wika.

Ang dagdag na hámon sa tagasalin ang malimit makaligtaan ng mga eksperto at siyentistang pumapasok sa pagsasaling teknikal. Karaniwang iniisip niláng bagahe ang espesyalisadong wika ng agham at teknolohiya at kayâ karaniwang nauuwi ang kanilang gawain sa pagsasalin ng mga terminolohiya.

Totoo naman na ang paggamit ng “espesyal na wika” o mga katawagang teknikal ang madalíng mapansin sa pagsusulat na teknikal at kayâ siyang hinahanap at pansínin sa pagsasaling teknikal. Para sa marami, ang paggamit ng wika ng mga doktor sa medisina o wika ng mga inhenyero ay nagdudulot ng katiyakan sa isang piraso ng teksto. Sa mga forum at palihan sa pagsasalin, ang problema ng paghahanap ng pantumbas sa mga

terminolohiya at mga isyung leksikal ang malimit umubos ng panahon kung hindi man mauwi sa mga debate kung alin ang higit na tumpak sa dalawa o tatlong panukalang pantumbas. Nakatutuwa ito kapag narinig ang pahayag ni Peter Newmark na 5 hanggang 10 porsiyento lámang ng mga tekstong teknikal ang nauukol sa terminolohiya.

Hindi isang espesyal na wika ang pandiwang *saves* sa pahayag na:

Jesus Saves

Ngunit paano mo ito isasalin? Puwede itong tapatán ng “nagliligtas” para sa bilbord sa harap ng isang simbahang Katolika. Ngunit dapat itong tumbasan ng “nagtitipid” o ng deretsong “nagdedeposito” kung adbvertisement ng PNB o BPI. Ang ibig sabihin, lahat ng salita ay posibleng magkaroon ng dalawa o mahigit pang kahulugan, alinsunod sa gamit. Kayâ unang-unang tuntunin sa pagsasalin, pampanitikan man o teknikal, ang maingat na pag-unawa sa gámit ng bawat salita sa SL upang mabigyan ng angkop na katapat sa TL.



Mahalaga din naman ang pagsisikap na maglista ng mga ginagamit na pantumbas sa mga terminolohiya sa bawat disiplina upang maging palagiang sanggunian sa pagsasalin para sa layuning maging konsistent. Ang konsistensi ay isang makabuluhang tungkulin sa pagsusulat at pagsasaling teknikal kaugnay ng pagiging wasto at eksakto sa wika. Higit na makabuluhan kung mabuo ang listahan o *registry* bílang isang diksiyonaryo para sa bawat disiplinang siyentipiko at teknolohiko at maging sanggunian ng mga susunod na manunulat at tagasalin at mga guro’t estudyante ng agham at teknolohiya.

Kahit ang konsistensi sa ispeling ay hinihingi sa

pagsasaling teknikal. [Tandaang isa ito sa isyu sa mga naikuwento kong mga engkuwentro sa pagsasalin. Alin daw ba ang wastong baybay sa “punung-guro,” “punong-guro,” at “punong guro”?] Nakauudlot sa tagasalin ang biglang paglitaw ng ganitong problema hábang nagtatrabaho at nakabubuwisit kapag lumilitaw ang ganitong mga sitwasyon sa bawat pahina ng isinasalin. Kayâ malaking kampanya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang estandardisasyon sa ortograpiya upang mapabilis ang kultibasyon o intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Ang paglaganap ng estandardisadong ispelang sa Filipino—lalo na’t nagkakaisang ginagamit ng mga diksiyonaryo at bokabularyo—ay isang kailangang yugto upang higit na mapagaan ang trabaho ng mga tagasalin.

Subalit hindi kailangang maging pangunahing trabaho ang paghahanap ng pantumbas sa terminolohiya. Wika nga ng isang eksperto, dahil magkakahawig-wari ang mga terminolohiya sa medisina, at sanhi ito ng panlahat na pinagmulang Griego at Latin, hindi dapat lubhang maabala ang mga tagasalin sa medisina ng pagbuo ng espesyalisadong mga diksiyonaryo. Ganito rin ang katangian ng pandaigdigang wika ng computer at IT. Sa Filipinas, ang bagong tuntunin ngayon ng KWF na panatilihin ang orihinal na salitâng siyentipiko at teknikal—Ingles man, Español, German, o Latin—sa pagsulat ay isang paraan upang hindi maging suliranin ng mga guro ang pag-iisip ng pantumbas at upang pagaanin ang pagtuturo ng mga araling siyentipiko at teknolohiya sa silid-aralan. Para sa KWF, ang higit na mahalaga ay alam ng guro ang kaniyang leksiyon at sa gayon ay malinaw niyang naipaliliwanag ang bawat pinag-aaralang konseptong siyentipiko at teknolohiko.

Ang nabanggit na kalipikasyon ng guro ay siya ring pangunahing katangian ng tagasaling teknikal.



Hindi maaaring mangmang siya sa paksa ng isinasalin. Mapanganib ding manghula lámang siya ng kahulugan. Hindi naman niya kailangang maging eksperto subalit kailangang may sapat siyang kaalaman sa paksa—uulitin ko, “**sapat na kaalaman sa paksa**”—upang maharap ito at maisalin o upang makakuha ng sanggunian at dagdag na kaalaman kung kailangan. Saliksik ang isang batayang kasanayan sa pagsulat na teknikal at saliksik din ang panimulang gawain ng isang tagasalin pagharap sa isang bagong paksang teknikal. Bago niya magampanan ang papel ng isang eksperto sa isinusulat o isinasaling disiplina, kailangang mahusay siyang mananaliksik, may nabásang ibang kaugnay na akda o pag-aaral, at may mahusay na pagkaunawa sa mga pangkalahatang simulaing siyentipiko at teknolohiko.

Bílang lagom, kailangan ng tagasaling teknikal ang sumusunod na mga katangian: (1) kaalaman sa paksa, (2) mga kasanayan sa saliksik, (3) mga kasanayan sa pagtuturo, at (4) mga kasanayan sa pagsulat. Sa unang tingin lámang sa mga inihanay ay wari ngang higit pang maraming kahingian ang pagsasaling teknikal kaysa pagsasaling pampanitikan.

Halimbawang Aplikasyon

Higit na malilinawan ang lahat sa pamamagitan ng aktuwal na pagsasalin ng isang piraso ng tekstong teknikal. Inilathala kamakailan ng Department of Budget and Management (DBM) ang isang monograp na may titulong *Technical Notes on the Proposed National Budget*. Layunin ng nasabing lathalain na ipaliwanag sa mga interesadong mamamayan, lalo na ang mga kongresista’t senador, kung ano ang mga pinaglaanang gugulin sa

pambansang badyet, paano pinaghati-hati ang panukalang pondo sa iba't ibang sangay at serbisyo ng gobyerno, kung saan kukunin ang salaping panggastos, at siyempre, sa dulo kung bakit lubhang mataas ang taunang badyet ng 2016 kaysa nakaraang mga taon. Sa mga pahina 2-3 ng monograp ay may nakakahong lagom na may pamagat na "At a Glance: The 2016 Proposed National Budget" at narito ang dalawa sa tatlong bahagi:

1. **Magnitude.** The proposed National Budget for 2016 is P3,1001.8 billion, nearly double the General Appropriation Act (GAA) for 2010.
 - a. It is 15.2 percent more than the GAA for 2015, the highest increase in the last six years. Excluding interest payments, it represents a 16.8-percent growth year on year.
 - b. It corresponds to 19.5 percent of the GDP, a larger share of the economy than in 2015 with 18.7 percent of GDP and in 2010 with 16.4 percent.

2. **Financing.** 89.8 percent of the Budget will be funded by revenues (*see pages 22 to 24 for more information on the national government's fiscal program*)
 - a. Revenues will increase by 18.5 percent year on year, driven mostly by tax revenue.
 - b. The revenue effort will increase to 17.5 percent of GDP in 2016. If achieved, this will be the highest so far since 1998 with 15.7 percent of GDP.
 - c. The deficit will be kept at 2.0 percent of GDP or P308.72 billion.
 - d. Gross borrowings will reach P674.8 billion to finance the deficit, amortize maturing

outstanding debt, and maintain sufficient available cash.

- e. The national government's outstanding debt will diminish to 41.8 percent of GDP, or P6.423 trillion.



Impormatibo ang sinipi kong teksto. Sa pinakamatipid na paraan ay nailahad ng sumulat ang pangkalahatang katangiang nanaising mabása ng isang tao na interesado sa estado ng pambansang badyet. Obhetibo din ang paraan ng paglalahad. Ang ibig sabihin, walang mararamdamang bahid ng damdamin upang himukin halimbawa ang isang mambabatas na agad aprobahan ang badyet dahil maganda ang pagkakagawa nitó. Balanse ang presentasyon, at hindi ipinagkakaila na napakataas ng badyet kung ikokompara sa nakaraang mga badyet. Kaipala, may bahagi naman ang monograp na nagpapaliwanag kung bakit kailangang lumaki ang laang-gugulin ng gobyerno para sa 2016.

Subalit tulad ng dapat asahan, ang sinipi kong “sulyap” sa pambansang badyet ay tekstong teknikal at hitik sa mga terminolohiyang ginagamit ng mga eksperto sa ekonomika at pananalapi. Ito ang unang balakid túngo sa pag-unawa sa ibig sabihin ng orihinal na teksto sa Ingles. Marahil, ang mga terminong *debt*, *borrowing*, *cash*, at *revenue* ay maaaring maintindihan agad ng karaniwang mamamayan. Ngunit ang *outstanding debt*, *gross borrowing*, *sufficient available cash*, at *tax revenue* ay medyo nangangailangan ng paliwanag ng isang akawntant. Dahil dito, isang unang hakbang sa pagsasaling teknikal ay ang paglilista ng maituturing na salitang teknikal. Upang maging sistematiko pa, isaayos ang mga termino sa paraang mabilis balikan, halimbawa, sa ayos alpabetiko. Hindi rin kailangang paghiwalayin ang magaan at mahirap isalin. Narito ang isang listahan mula sa naturang sipi:

Amortize
Billion
Borrowing
Budget
Cash
Debt
Deficit
Finance
Financing
Fiscal program
General Appropriations Act
Gross borrowings
Interest
Interest payments
Outstanding debt
Revenue
Sufficient available cash
Tax revenue
Trillion

Maaaringsundan ito ng paghahanap ng diksiyonaryo o anumang sanggunian sa ekonomika at pananalapi upang alamin ang ibig sabihin ng mga inilistang salita. Hindi makasasamâ na italâ ang anumang matagpuang kahulugan, bukod sa posibleng salimuot, pinagmulan, at kasaysayan ng bawat salita.

Pagkatapos unawaing mabuti ang nilalaman ng report, paano ito isasalin? Sa Filipinas ngayon, may pangkalahatang payo na kapag nagsasalin mula sa isang banyagang SL ay dapat gawin ng tagasalin ang sumusunod na mga hakbang: (1) maghanap ng pantumbas sa Filipino, o kung wala, sa ibang wikang katutubo; (2) manghiram sa Español; (3) manghiram sa Ingles; at (4) lumikha. Hindi naman ipinapayo na sundin ito alinsunod sa



pagkakahayanay ng mga hakbang. Patnubay lámang ito para sa nangangailangan at hindi dapat tupdin sa mekanikal na paraan.

Kung tutuusin, ipinahihiwatig din sa naturang mga hakbang ang pangyayari na umiiral ngayon ang iba-ibang rehistro ng Filipino kahit sa Metro Manila. Ang ibig sabihin, dahil sa edukasyon, antas panlipunan, pinagmulang komunidad o pamilya, trabaho, barkada, gúlang, at napakarami pang ibang bagay ay iba-iba ang bokabularyo at tipo ng pangungusap ng mga táong nakatirá sa isang kalye o barangay. O kahit ng mga miyembro ng isang pamilya. Iba ang Filipino ng lolo—bakâ Tagalog-Batangas dahil lumaki sa Tanauan; iba ng Filipino ng nanay—bakâ wikang doktor dahil nagtatrabaho sa Mercury Drug; iba ang wika ni kuya—bakâ wikang jejomon dahil sa barkada; iba ang wika ni ate—bakâ wika ng kaniyang sororiti; kayâ kapag hapunan ay nahihilo sa pakikinig sa kanila si bunso.

Ang halimbawang teksto hinggil sa badyet ay maaaring magkaroon ng iba-ibang saling teknikal. Hindi lámang dahil sa target na mambabasá ng salin. Maaaring dahil din sa kinahihiligan o kinawiwilihang uri ng Filipino ng tagasalin. Ang *budget* halimbawa ay maaaring manatiling “budget” sa orihinal na Ingles, o maaaring ireispel na “bádyet,” o tapatán ng hiram sa Español na “presupuwésto” (*presupuesto*), o ng bagong-pagbuong “laáng-gugulín.” Alin ang mas angkop gamitin? Depende sa sitwasyon. Ihagis mo ang tanong na ito sa isang grupo ng eksperto at magdedebate, mag-aaway ang mga ito, upang pagkaraan ng isang oras ay magkasundo ring: Depende sa sitwasyon. Hindi naman maaaring laging magpapasarvey kung alin ang nararapat na salin sa bawat teknikal na salita. Na ang isang ibig sabihin, kailangang alam lahat ng tagasalin ang mga inilistang anyo ng salita upang masegurado niyang ginagamit niya ang isang anyo ng TL na angkop sa

pagkakataón at pangangailangan niya.

Naging malaking debate ito sa hanay ng mga alagad ng wikang Filipino mulang dekada 60. May higit na mahilig sa pagsasalin sa Tagalog o paglikha at silá ang pinintasang “purista.” May higit namang kursunada ang manghiram, dahil higit daw madalí at episyente, at siyempre nabansagan siláng “tamad” at “Inglesero.” Naapektuhan ng sigalot na ito ang pagsulong ng Wikang Pambansa at sanhi ng ilang dekadang hindi maituloy na estandardisasyon sa ortograpiya at ng higit na makabuluhang kultibasyon ng Filipino para sa mga gámit na siyentipiko at teknolohiko.

Mga Wika ng Teksto

Kayâ maaaring isalin ang ulat sa badyet sa paraang maraming hiram na salita. Bakâ ito ang magustuhan ng mga edukado? Maaari din namang sikapin itong isa-Tagalog. Ito ang maaaring klik sa probinsiya? Maaari din namang timplahin ang salin sa paraang naghahalò ang mga popular nang hiram at likha at ang payak na salita. Bílang ilustrasyon, narito ang tatlong hakàng salin ng siniping “sulyap” sa Ingles.

Salin A

Maikling Sumaryo: Ang 2016 Propuwestang Presupuwestong Nasyonal

- 1. Magnitud.** Ang propuwestang Presupuwestong Nasyonal para sa 2016 ay P3,1001.8 bilyon, halos doble ng General Appropriation Act (GAA) para sa 2010.
 - a.** Ito ay 15.2 porsiyentong mahigit kaysa GAA para sa

2015, ang pinakamalaking pagtaas sa nakaraang anim na taon. Kung kakaltasin ang mga bayad sa interes, kinakatawan nitó ang 16.8-porsiyentong paglaki taon-taon.

- b. Ito ay katumbas ng 19.5 porsiyento ng GDP, isang mas malaking bahagi ng ekonomiya kaysa 18.7 porsiyento ng GDP noong 2015 at 16.4 porsiyento noong 2010.

2. Financing. Aabot sa 89.8 porsiyento ng Presupuwesto ang poponduhan sa pamamagitan ng rentas publikas (*tingnan ang mga pahina 22 hanggang 24 para sa dagdag na impormasyon tungkol sa programang piskal ng badyet nasyonal*)

- a. Ang rentas publikas ay tataas nang 18.5 porsiyento taon-taon, mula ang mayorya sa pangongolekta ng tax.
- b. Ang pagsisikap sa rentas publikas ay magtataas sa 17.5 porsiyento ng GDP sa 2016. Kung magtagumpay, ito ang magiging pinakamataas mula pa noong 1998 na 15.7 porsiyento ng GDP.
- c. Ang deficit ay pananatilihin sa 2.0 porsiyento ng GDP o P308.72 bilyon.
- d. Ang kabuuang panghihiram ay aabot sa P674.8 bilyon para mapinansiyahan ang deficit, mahulugan ang dapat nang bayarang utang, at magmantene ng supisyenteng salaping panggastos.
- e. Ang dapat bayarang utang ng gobyerno nasyonal ay liliit nang 41.8 porsiyento ng GDP, o P6.423 trilyon.

Sa unang bása, ipinakikita sa **Salin A** na posible ang wika ng salin na hitik sa mga hiram sa Español at Ingles. Maiintindihan ito ng mga edukado, bagaman medyo maaantala ang hindi bihasa sa Español sa “propuwésta” (*propuesta*) para sa *proposed* at sa “presupuwésto” (*presupuesto*) para sa *budget*. Mas hihilingin nilá ang

Ingles. Bakâ nga hilingin din nilá ang *maturing outstanding debt* kaysa “dapat nang bayarang utang.” Narito pa ang isang hakàng salin:

Salin B

Sa Isang Sulyap: Ang 2016 Panukalang Pambansang Badyet

- 1. Saklaw.** Ang panukalang Pambansang Badyet ukol sa 2016 ay P3,1001.8 bilyon, halos dalawang ulit ang taas kaysa Batas sa Pangkalahatang Laang-gugulin (GAA) ukol sa 2010.
 - a.** Mahigit 15.2 bahagdan ang laki nitó kaysa GAA ukol sa 2015, ang pinakamalaking pagtaas sa nakaraang anim na taon. Kung hindi isasáma ang mga bayad sa patubò, kinakatawan nitó ang 16.8-bahagandang paglaki taon-taon.
 - b.** Ito ay katumbas ng 19.5 bahagdan ng GDP, isang higit na malaking bahagi ng kabuhayan kaysa 18.7 bahagdan ng GDP noong 2015 at 16.4 bahagdan noong 2010.

- 2. Panggugol.** Aabot sa 89.8 bahagdan ng Badyet ang lalaanan ng panggugol mula sa inaasahang kikitahin (*tingnan ang mga dahong 22 hanggang 24 ukol sa dagdag na kaalaman tungkol sa taunang palatuntunan ng pambansang badyet*)
 - a.** Ang inaasahang kikitahin ay tataas nang 18.5 bahagdan taon-taon, mula ang malaking bahagi sa paglikom ng buwis.
 - b.** Itataas sa 17.5 bahagdan ng pagsisikap sa inaasahang kikitahin ang GDP sa 2016. Kapag nagtagumpay, ito ang magiging pinakamataas mula pa noong 1998 na 15.7 bahagdan ng GDP.

- c. Pananatilihin ang kakulangan sa 2.0 bahagdan ng GDP o P308.72 bilyon.
- d. Ang kabuuang panghihiram ay aabot sa P674.8 bilyon upang mapaglaanan ng panggugol ang kakulangan, mahulugan ang dapat nang bayarang utang, at maalagaan ang sapat na salaping panggastos.
- e. Liliit ang dapat bayarang utang ng pambansang pamahalaan nang 41.8 bahagdan ng GDP, o P6.423 trilyon

Kung papipiliin, mas babasáhin ng Tagalog o lumaki sa balarila ang **Salin B**. Mas nanaisin niyang gamítin ang “patubò” kaysa “interés.” Matutuwa siya sa “bahagdán” kaysa “porsiyénto.” Ikalulungkot nga niya na hanggang “ángaw” lang ang pagbilang ng mga ninuno kayâ kailangan niyang pagtiisan ang hiram na “bilyón” at “trilyón” mulang Español. Subalit kailangan pang maipirme ang “kakulangan” bílang isang salitâng teknikal at upang maitapat sa ekonomikong gámit ng *deficit*. Nagiging malaking problema din kung kailan katumbas ng likhang “laáng-gugulin” ang *appropriation* at kung kailan ang *budget*. Narito pa ang ikatlong hakàng salin:

Salin C

Sa Isang Sulyap: Ang 2016 Panukalang Pambansang Badyet

1. **Saklaw.** Ang panukalang Pambansang Badyet para sa 2016 ay P3,1001.8 bilyon, halos dalawang ulit ang taas kaysa Batas sa Pangkalahatang Laang-gugulin (General Appropriations Act, GAA) para sa 2010.
 - a. Mahigit 15.2 porsiyento ang laki nitó kaysa GAA para sa 2015, ang pinakamalaking pagtaas sa nakaraang anim na taon. Kung hindi isasáma ang mga bayad

sa interes, kinakatawan nitó ang 16.8-porsiyentong paglaki taon-taon.

- b. Kasinlaki nitó ang 19.5 porsiyento ng GDP, isang higit na malaking bahagi ng ekonomiya kaysa 18.7 porsiyento ng GDP noong 2015 at 16.4 porsiyento noong 2010.

Pagpopondo. Aabot sa 89.8 porsiyento ng Badyet ang poponduhan mula sa inaasahang kita (*tingnan ang mga pahina 22 hanggang 24 ukol sa dagdag na impormasyon tungkol sa programang piskal ng pambansang badyet*)

- a. Ang inaasahang kita ay tataas nang 18.5 porsiyento taon-taon, mula ang malaking bahagi sa pangongolekta ng tax.
- b. Itataas sa 17.5 porsiyento ng pagsisikap sa inaasahang kita ang GDP sa 2016. Pag nagtagumpay, ito ang magiging pinakamataas mula pa noong 1998 na 15.7 porsiyento ng GDP.
- c. Pananatilihin ang depisit sa 2.0 porsiyento ng GDP o P308.72 bilyon.
- d. Ang kabuuang panghihiram ay aabot sa P674.8 bilyon upang mapaglaanan ng pondo ang depisit, mahulugan ang dapat nang bayarang utang, at maalagaan ang sapat na salaping panggastos.
- e. Liliit ang dapat bayarang utang ng pambansang pamahalaan nang 41.8 porsiyento ng GDP, o P6.423 trilyon.

Ang **Salin C** ay inaasahang higit na maiintindihan ng karaniwang mambasá sa wikang Filipino. Nanghihiram ito ng popular nang banyagang salita, lalo't teknikal, gaya ng “pondo,” “kolekta,” “porsiyento.” Gumagamit ito ng likha—ang “laáng-gugulín” katumbas ng *appropriation*—ngunit upang isudlong din nang nakakulong sa panaklong ang orihinal upang matulungan pa ang mambasá kapag nanibago



sa likhang salin. Ipinahihintulot ang naturang taktika sa pagsasaling teknikal, lalo't walang restriksiyon sa espasyo, dahil sa palagiang layunin nitó na tulungan ang gagamit upang higit na pakinabangan ang salin. Ipinasiyang ireispiel ang *deficit* dahil 1965 pa ay isinulat na itong “dépísít” sa isang diksiyonaryo at sa bigkas mulang Español. [“Dépísít” din ang bigkas nitó kung mulang Ingles, ngunit ipinagtataká ko ang popular ding bigkas na malumay: “depísit.”]

Ang tatlong hakàng salin ay pawang nagnanais maging matapat sa orihinal ng DBM. Maituturing natin ang tatlo na obhetibong pagsasalin sa isang opisyal na dokumento. Ngunit itinatanghal din nitó ang katotohanang maaaring nagkakaiba ang ginamit na mga rehistro ng wika ng pagsasalin dahil sa nais paglingkurang sektor ng lipunang nagsasalita/nagbabasá sa wikang Filipino. Maaaring magkaroon ng iba-ibang wika o timpla sa wika ang pagiging wasto at eksakto. Nagiging totoo ito lalo na sa mga manwal at ibang katulad na teksto. Iba-iba ang wika ng manwal para sa pagtuturo ng anumang kaalaman o kasanayan, depende sa edukasyon, seks, edad, o lahi ng mga nais turuan.

Kailangang napakaingat kahit sa pagpili lámang ng salita. Naalala ko ang kuwento hinggil isang poster laban sa paninigarilyo na ikinalat sa buong bansa:

Magyosi Kadiri!

Ang daming humanga sa poster. Kuwelang-kuwela ang lengguwahe. Kolokyal at napapanahon. Patok para sa mga tin-edyer na layuning mapigil magsigarilyo. Sobrang malikhain kung ikokompara sa de-kahong “Bawal Manigarilyo” o “No Smoking.” Subalit makaraan lámang ang ilang araw ay kailangang tanggalin ito sa mga pader



at lansangan sa Kabisayaan. Bakit? Baligtad ang naging kahulugan sa mga Sebvano dahil binabása nilá ang ikalawang linya na “ka diri.” Sa halip magbawal, waring itinuturo pa ng poster ang wastong “smoking area” o lugar sa paninigarilyo. Isang ilustrasyon ito hinggil sa kompleksidad ng pagsasalin sa isang bansang multilingguwal na tulad ng Filipinas.

Sa dakong ito, at upang luminaw pa ang saklaw ng kabuluhan ng **eksaktitud**, dapat idiin sa pagiging **wasto** ang aspektong **angkop**. May wasto o tama ang salin ngunit maaaring hindi angkop sa sitwasyong pinag-ukulan ng salin—hindi angkop sa wika ng panahon, wika ng pook o komunidad, wika ng sektor na babása. Kahit ang mga porma ng sulatín ay nangangailangan ng mga partikular at angkop na lengguwahe at kayâ dapat na isaisip ito ng tagasalin.

Subhetibo sa Himig

Samantála, dapat isiping ang teknikal na paliwanag ng DBM sa panukalang badyet ng bansa ay nais nitóng ipabása sa pinakamaraming bílang ng mga mamamayan. Ngunit limitado ang mga kopya ng monograp na inilathala. Bukod pa, kahit ang **Salin C** ay hindi garantisadong makaaakit sa ordinaryong mambabásá. Ang anyo mismo ng pinaglathalaan ay hindi ang kinawiwilihang hawakan at tunghayan ng ordinaryo’t litereyt sa wikang Filipino. Dapat komiks sana, sasabihin ng isang ekspertong komyunikeytor. Subalit maaari din namang napadalhan ng kopya ng monograp ang isang editor ng peryodiko at naisip niyang gamítin dahil kailangang mabása ito ng taumbayan hábang hindi pa naaaprobahan ang badyet. Isang reporter ang pinagawa niya ng sumusunod na hakàng balita.

Higanteng Badyet Iniharap sa Kongreso

Isang badyet na pinakamalaki sa kasaysayan ng Filipinas ang isinumite ng DBM sa dalawang kamara ng Kongreso.

Ayon sa inilathalang ulat na teknikal ng DBM, ang panukalang pambansang badyet para sa 2016 ay umaabot sa Php 3,001.8 bilyon. Halos doble ito ng General Appropriations Act (GAA) para sa 2010. Nilinaw pa sa ulat kung paanong kinakatawan nitó ang 16.8 porsiyentong paglaki ng badyet taón-taón kahit kaltasin ang mga pagbabayad sa interes.

Upang magkapondo, umaasa ang gobyerno sa pagtaas ng kita, lalo na mula sa mga tax. Target ng gobyerno ang 17.5 porsiyentong pagtaas ng kita sa GDP ng 2016. Kung matutupad, ito ang pinakamataas mula noong 1998 na naabot ang 15.7 porsiyento ng GDP.

Ang hakàng balita ay hindi na literal na salin ng siniping ulat sa Ingles hinggil sa panukalang pambansang badyet. Manapa, isa itong halaw. Nása balita pa rin ang lahat ng impormasyong nása orihinal. Ngunit binago ang presentasyon upang higit na umakit ng mambabasá. Ang ipinaliwanag nang makatunayan (*factual*) sa orihinal ay dinagdagan ng damdamin sa balita. Ibinandera ng titulo ang pangyayaring napakalaki ng panukalang badyet at higit pa sa pamamagitan ng eksaherasyong “higante” ito. Sinundan ito ng isang tinatawag na “*novelty lead*” sa peryodismo upang muli’y sabikin ang mga mambabasá. Sinabing “pinakamalaki sa kasaysayan ng Filipinas” ang badyet! Na totoo, ngunit sinikap itong ipahayag sa mahinahong paraan ng orihinal na ulat.

Pápások sa ating pagsusuri ang **himig** at ang **punto de-bista** sa pagsulat. Ang hakàng balita ay maliwanag na subhetibo, salungat sa obhetibong himig ng orihinal, at nagtataglay ng punto de-bistang oposisionista. Nais nitóng gisingin ang atensiyon ng mga tao, marahil, lalo na ang mga kongresista, upang busisiin kung bakit napakalaki ng panukalang badyet. Bakâ sundan pa ito ng isang editoryal o kolum na umaatake sa administrasyon. Bakit kailangang lumaki ang badyet sa panahon ng krisis at pagtitipid? Paanong maaasahang lumaki ang kita sa mga buwis samantálang bigo ang BIR na linisin ang hanay nitó at pagbayarin nang wasto ang malalaki't nagdarayang korporasyon? Napakataas ng badyet dahil tiyak na may nakasingit na palobong pondo para sa mga kaalyado ng Pangulo?

Sa kabilâng dako, maaari ding subhetibo ngunit kakampi naman ang isang kolum na hahalaw sa ulat ng DBM. Magsisimula ito sa mga impormasyon kung bakit di-maiiwasang palakihin ang panukalang badyet. Higit na ipaliliwanag ng kolumnista ang mga lumalaking pangangailangan sa serbisyo publiko—mula sa edukasyon, serbisyong pangmaralita, mga pagawaing bayan, at pati ang bumibigat na pananalanta ng bagyo. Ibang estadistika ang gagamitin niya upang palitawin ang higit na interes ng administrasyon sa mga kailangang gawing paglilingkod sa bayan. Ididiin nitó ang natural na paglaki ng badyet taon-taon dahil sa lumolobong populasyon. Bakâ mauwi ang kolum sa isang kampanya hinggil sa pagpapalano ng pamilya. Bakâ nga sa dulo ay magkaroon pa ng panawagan ang ganitong kolumnista na tumulong ang mga mambabatas upang mabilis na mapagtibay ang badyet at umisip ng ibang paraan upang madagdagan ang pondo ng gobyerno.

Mithi Versus Layunin

Nais kong balikan at usisaing muli ang ang adhika ng pagsasalin bílang kasangkapan sa komunikasyon at pagpapalitan ng kaalaman at karunungan. Ito ang mithi o ideal ng pagsasalin, ang taluktok ng anumang pagsisikap ukol sa pagsasalin. Kaugnay ng pagsasaling teknikal bílang kasangkapan, tulad ng nasabi na, sinusukat ang pagsasaling teknikal alinsunod sa funksyon nitó o naging gamit/bisà nitó sa target na mambabasá.

Dahil dito, palagiang adhika ng pagsasaling teknikal ang pagtiyak sa bisà ng saling teksto sa tagatanggap ng teksto. Ano ba ang resepsiyon ng bumabása sa saling teksto? Nakuha ba ng bumabása ang nais ipaunawa ng tagasalin? May naging balakid ba? At dahil ba ito sa malíng napilíng pantumbas na salita? Dahil ba sa malíng interpretasyon mismo ng tagasalin sa orihinal na teksto? O dahil hindi naisaalang-alang ng tagasalin ang hálagáhang pangkultura at halagang pangkasaysayan ng orihinal?

Ito ang puso ng tinatawag na pasok na funksiyonal sa pagsasaling teknikal.

Subalit isa ring malikhaing pagsulat ang pagsasalin. Sa gayon, at tulad ng nasabi ko na, makabuluhang isaalang-alang ang layunin o motibo ng tagasalin. Nais niyang magpaunawa, ngunit ano ang nais niyang ipaunawa?

Sa ordinaryo at pangkalahatang pagkakataón, nais niyang tumulong sa edukasyon ng target na mambabasá. Maaaring sa personal ay nais niyang magpahayag ng paghanga o paggálang sa awtor ng isinasalin. Ngunit naglulundo pa rin ang nasabing personal na hangarin túngo sa adhihang maibahagi sa inaasahang mambabasá ang katangian—sa anyo man o sa nilalaman—na hinahangaan



niya sa orihinal at ipinalalagay niyang pakikinabangan ng mambabasá.

Gayunman, maaaring mabahiran ng iba't kasalungat na motibo ang pagsasalin. Halimbawa'y upang pagtawanan ang isinalin, gaya sa panggagagád o parodya. Halos ginagaya ang orihinal, ngunit tinatamnan ng kahawig na salita, prase, o tayutay na may epektong salungatin ang mensahe ng orihinal o palakihin ang inuuyam na kahinaan ng orihinal. Klasikong halimbawa ng gawaing ito ang *Dasalan at Tocsohan* ni Marcelo H. del Pilar at naging mabisang kasangkapan upang kutyain ang masasamang epekto ng pakikialam ng Simbahan sa pamamahalang kolonyal noong panahon ng Español. May saling tíla nagpapatawa lámang ngunit may nakatimong puna o pasaring. Sino ba ang hindi napangiti sa plakard na ito sa likod ng drayber ng dyip?

**God knows
Hudas not pay.**

Pinaglaruan ng umisip ng paunawa sa dyip ang Ingles na *who does* at ang pangalan ng kontrabida ng pasyon na si “Hudas.” Pinangungunahan ang mga pasahero na huwag gayahin si Hudas. Nagbababala sa mga Kristiyanong pasahero na makapanloko man silá sa lupa ay mapaparusahan din silá sa Langit. Ang nakalibre dito, sisingilin sa kabilang-búhay. Alam ng umisip ng panggagagad na mga Kristiyano ang karamihan sa kaniyang nagiging pasahero. At lumilitaw ding hindi siya nagtitiwala sa mga Kristiyano kapag pera na ang pinag-uusapan.



Higit na mabigat ang pagsasalin upang ihulog ang kahulugan ng orihinal túngo sa nais ng tagasalin na paraan ng pagbása sa isinalin. Kung bagá, ito ang



paglikha ng interpretasyon upang ikiling túngo sa isang panig o baluktutin ang orihinal na kahulugan ng isang akda. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng sinadyang di-angkop na pantumbas na salita. Halimbawa, inilarawan lámang ng awtor na “maraming mahirap” sa isang barangay. Ngunit maaaring dagdagan ng damdamin ang salin sa pamamagitan ng eksaherasyong “laganap ang pagdarahop” at “maraming buto’t balát” sa barangay upang palitawing nandidiri ang awtor sa barangay o kayâ’y itanghal na ang awtor ang eksaherado kung maglarawan. Ang kabaligtarang epekto ang maaaring mangyari kung palalambutin naman ng tagasalin ang partisanong punto de-bista ng isang sosyologo.

Bakit ba nagkakaroon ng mahahabàng paglilitis dahil magkaiba ng pakahulugan ang dalawang abogado hinggil sa isang tadhana ng batas? O bakit ba ang dami ngayong mga naitatatag na pangkating panrelihiyon at pawang nagpapahayag ng wastong pagbása sa Bibliya?

Hindi laging obhetibo ang pagsasalin. Nagdudulot man ng impormasyon, nagdaraan sa mga filter ang tekstong isinasalin—sa saloobin ng tagasalin o ng nagpasalin. Sa modernong mundo, nababayaran o nauutusan ang tagasalin. Nangangailangan ngayon ng dagdag na talakay ang motibo ng pagpapasalin, lalo na’t korporasyon, komersiyal, at pampolitika. Ehemplo ang hakàng balita bílang halaw ng ulat ng DBM sa maaaring maganap na pagbago sa mensahe ng orihinal para sa isang motibong pampolitika. Tigib naman sa “bola” ang sangkaterbang *copy* ng mga produktong komersiyal. Inuusisa ng mga tulad ni Talal Asad (1983) ang “awtoridad” ng akademya upang isalin sa wikang akademiko ang mga pahayag at senyas ng katutubo, upang sa dulo’y usisain mismo ang pribilehiyadong posisyon ng wika ng akademya upang kumatawan sa ibig sabihin ng mga wikang katutubo.



Gayunman, anuman ang saloobin, kailangang maging matapat sa orihinal ang alinmang salin o halaw o hango upang maging kapani-paniwala. Kailangang lumitaw itong malinis sa anumang distorsiyon—pagbaluktot, pagmamalabis, o pagpapalit—lalo’t ginagamit na ebidensiya para ipagtanggol o palaganapin ang isang katotohanan.

Ferndale Homes
1 Enero 2016

APENDIKS

[PAUNAWA: Nais kong magpaliwanag sa nilalaman ng apendiks. Una, nakapaloob dito ang isang bersiyon ng tulang “Último adiós” ni Jose P. Rizal at ang mga salin nina Andres Bonifacio, Pascual H. Poblete, Julian Cruz Balmaseda, at Guillermo E. Tolentino. Ikalawa, maaaring iba sa bersiyong popular at nabása ng marami ang nakalathala sa apendiks na ito at kailangan kong linawin kung bakit.

(1) Tungkol sa orihinal na “Último adiós.” Ang inilathala ko sa apendiks na ito ay ang bersiyong nása “*El Último Adiós*” de Rizal ni Jaime C. de Veyra (Maynila: Biblioteca Nacional de Filipinas, 1946) at matatagpuan sa mga pahina 89-90 ng libro. Ang bersiyong ito ay tinawag ni J.C. de Veyra na “*texto definitivo: puntuacion rectificada*” (depinitibong teksto: iniwasto ang bantas at tuldik) upang ibukod ito sa mga kumalat na bersiyong dulot ng pagpapabayà at kayâ nagpalaganap ng mga tekstong nagtataglay ng maraming kamaliang tipograpiko, mga malíng asento, bukod sa mga bantas at salita na hindi nakabatay sa orihinal.

Ipinaliwanag mismo ni J.C. de Veyra ang kasaysayan ng pagkasulat at unang paglilimbag sa tula ni Rizal. Nakuha ito, ayon sa popular na salaysay, sa isang lamparilya na ibinigay kay Trining (Trinidad) ng ating bayani nang dumalaw ito kasáma ang ina noong 29 Disyembre 1896. Nakabilot ang orihinal na sulat-kamay ng bayani sa loob ng munting ilawang de-alkohol. Lumilitaw na madalian itong iginawa ng mga kopya. Isa ang dinalá ng mga kamag-anak sa Cavite, naiwan kay Andres Bonifacio, at nilagyan niya ng salin. Isa ang nakarating kay Mariano Ponce sa

Hong Kong at inilathala noong Enero 1897 sa pamagat na “Mi ultimo pensamiento.” Noong Hulyo 1897, muli itong nalathala sa Madrid. Nakarating ang kopya kay Ferdinand Blumentritt, naglabas ito ng isang sanaysay tungkol kay Rizal sa Aleman, na isinalin sa Ingles ni Howard Bray na nalathala sa Singapore noong Enero 1898 kasáma ang kaniyang salin ng tula sa pamagat na “My Last Thoughts.” Noong 25 Setyembre 1898, naglathala ng isang espesyal na isyu ang *La Independencia* tungkol kay Rizal at muling inilathala ang tula na may pamagat na “Último adiós.” Noong 30 Disyembre 1898, ipinagdiwang sa unang pagkakataón ang Araw ni Rizal at muling inilathala sa peryodiko ang tula na isinunod ang pamagat sa *La Independencia*.

Upang ipakita kung bakit nais niyang kilalánin ang kaniyang bersiyong *texto definitivo* ay inilathala din ni J.C. de Veyra sa kaniyang “Apéndice A1” ang faksimile ng sulat-kamay ng tula ni Rizal na walang pamagat at ang literal na transkripsiyon nitó, na nagtataglay ng ilang malíng asento at problemang tipograpiko. Inilathala din niya sa “Apéndice A3” ang isang bersiyon na may pamagat na “El Último Adiós,” na inilathala sa *Germinal* noong Hulyo 1897 at kinuha diumano ng *Archivo del Bibliofilo Filipino* ni Retana upang itanghal na “*edicion critica*,” ngunit kailangang punahin dahil nagtataglay ng mga katangiang iba sa sulat-kamay.

Batay sa ulat ni J.C. de Veyra, maaaring punahin ngayon kahit ang malaganap na pagpapamagat sa tula ni Rizal. Bakit may “*m*” ang mga pamagat ngayon? Sino ang naglagay ng “*m*” samantálang wala ito sa opisyal na titulong inilabas ng *La Independencia*?

Isang pahabol na kaso ang artikulo ni Pio Andrade Jr., “2 Versions of ‘Último adiós’ Discovered” (*Philippine Daily Inquirer*, 30 Disyembre 2002). Sa kaniyang

pagsasaliksik sa artsibo ng UST, nakakita ng kopyang sulat-kamay ng “Último adiós” si P. Andrade, at nagulat siya dahil may limáng linya sa naturang kopya na iba sa pinalaganap na sulat-kamay at nakatago sa kaha de-yero ng Pambansang Aklatan. Nagwakas siya sa pagdududa na bakâ hindi orihinal na sulat-kamay ni Rizal ang iniingatan ng Pambansang Aklatan. Ano nga kayâ? Kung totoo ang ulat na gumawa ng mga kopya ng orihinal ang pamilya ni Rizal, sino ang nagtago ng orihinal? Ang orihinal bang pinagbatayan ni J.C. de Veyra ng kaniyang depinitibong teksto ay tunay na ang orihinal o isa lámang sa kopyang ginawa nina Trining?

(2) Tungkol sa salin ni Andres Bonifacio. Sa aking saliksik, dalawa ang pinakaunang nalathalang bersiyon ng naturang salin. Una, batay sa pahayag ni Carlos Ronquillo na ang unang bersiyong Tagalog ng tula ni Rizal ay nalimbag noong Pebrero 1897 sa palimbagang Mapagtiis, pag-aari ni Zacarias Fajardo sa San Francisco de Malabon, at may pamagat ng “Pahimakas” at sinulat ng isang “A.B. Maypagasa.” Dahil sagisag ni Bonifacio ang “A.B. Maypagasa” ay inakalang salin ito ni Bonifacio. Hanggang lumabas noong 1931 ang aklat ni Jose P. Santos na *Si Andres Bonifacio at ang Himagsikan* at ilathala niya ang ikalawang bersiyon ng salin diumano ni Andres Bonifacio na “Huling Paalam ni Dr. Jose P. Rizal.”

Higit na naging popular ang bersiyon ni Jose P. Santos. Ito ang inilathala sa “Apéndice C1” ni J.C. de Veyra ngunit sa pamagat na “Pahimakas ni Dr. Jose Rizal.” Isinaayos din ni J.C. de Veyra ang ilang malinaw na pagkakamalî ng linotipista, gaya ng “kapantay” kapalit ng “kapalaran,” “inihihibik,” kapalit ng “inahihibik,” “berdugo” kapalit ng “verdugo,” atbp. Ito rin ang kinopya ni Teodoro Agoncillo para sa kaniyang *The Trial and Writings of Andres Bonifacio* (1963). Ang bersiyong ito rin ang ginamit

ko sa nakaraang mga pagsusuri ko sa mga sinulat ng Supremo, bagaman nilagyan ko noon ng mga kaukulang pagwawasto ang mga malíng sukat ng taludtod at malinaw namang bunga lámang ng kapabayaan ng naglimbag. Gayunman, may halaga ang 1897 bersiyon, lalo na ang unang saknong, at siya kong kinomentaryuhan sa aklat kong ito sa pagsasalin.

Upang mapaghambing pa, kapuwa ko inilathala sa apendiks na ito ang bersiyong 1897 na may pamagat na “Pahimakas” at ang bersiyong 1931 na may pamagat na “Huling Paalam ni D. Jose P. Rizal.” Kinuha ko ang “Pahimakas” sa Isagani R. Medina (ed), *Ilang Talata tungkol sa Paghihimagsik (Revolucion) noong 1896-97 ni Carlos Ronquillo* (UP Press, 1996). Kinuha ko ang “Huling Paalam...” sa ikalawang edisyon (1935) ng aklat ni Jose P. Santos. May nota si I.R. Medina bílang editor na isinaayos niya ang teksto ng “Pahimakas.” Ang ibig sabihin, isinaayos niya ang baybay alinsunod sa ortograpiyang Pilipino na ginamit niya sa pagsulat ng libro. Ang hindi natin matiyak ay kung walang naidulot na pagbabago si C. Ronquillo sa “Pahimakas” nang kopyahin niya ito sa limbag ng Mapagtiis noong 1897. Mahahalata ring isinaayos ni J.P. Santos ang baybay ng “Huling Paalam...” alinsunod sa ortograpiyang ginamit niya sa pagsulat ng libro niya. Problema din ang posibilidad na may mga kamaliang ortograpiko ang kaniyang bersiyon na siya ang pinagmulan.



(3) Tungkol sa salin ni Pascual H. Poblete. Bakit ang salin ni P.H. Poblete ang pinili kong ihanay sa mga salin nina Bonifacio, Julian Cruz Balmaseda, at Guillermo Tolentino? Bakit hindi ang salin ni Jose Gatmaytan, na ayon sa talababâ ng National Historical Commission sa *Dr. Jose Rizal's Mi Último Adiós in Foreign and Local Translations* (1989) ay itinuturing na “most meritorious of the Tagalog translations” bago ang WWII? Sinabi din ng

NHC na nagkaroon ito ng taguyod opisyal nang ilathala ito sa *Heraldo de la Revolucion* noong Disyembre 1898.

Ang malaking problema, kapag pinagtabi ang teksto ni J. Gatmaytan at ni P.H. Poblete ay mistulang kambal ang mga ito. Sino ang una at sino ang nangopya? May palagay akong dahil sa higit na matagal na karera ni P.H. Poblete bílang peryodista at tagasalin mulang Español túngong Tagalog bago pa nakasáma ni M.H. del Pilar sa *Diariong Tagalog*, dahil sa kaniyang rekord na Propagandista, at dahil din sa pangyayaring siya ang unang nagsalin ng mga nobela ni Rizal sa Tagalog ay higit kong ituturing na una ang kaniyang salin. Patutunayan pa ito ng pangyayari na ang teksto ngayong nakalathala at diumano’y salin ni P.H. Poblete ay nakasulat sa ortograpiyang ala-Español at siyang ginagamit sa pagsulat hanggang bungad ng ika-20 siglo. (Nakapagtataká sa bagay na ito ang teksto ng salin ni J. Gatmaytan na nása “Apéndice C2” ni J.C. de Veyra at siya marahil kinopya din sa bersiyon ng NHC ay nakasulat na sa ika-20 dantaóng palabaybayang Tagalog alinsunod sa panukalang gramatika ni Rizal. Marahil, dapat balikan ang inilathalang bersiyon ng *El Heraldo de la Revolucion*.)

Ang malaki kong problema, walang *provenance* ang salin ni P.H. Poblete. Saan ba ito napulot ng NHC? Kinopya ko ngayon ang bersiyon ng NHC at wala akong binago kahit sa malíng tuldik at ispeleng, pati na ang malinaw na nawalang mga salita dahil sa hindi malinis na editing. Ano’t anuman, kahit namalí ako ng sapantaha sa dalawang salin, ngunit dahil magkamukha ang dalawang teksto, ay maaari pa rin namang ituring na komentaryo ko sa J. Gatmaytan ang ginawa kong komentaryo sa P.H. Poblete. Ngunit dapat saliksikin kung sino sa dalawa ang nangopya at lumabag sa batas at etika ng karapatan sa pag-aaring intelektuwal.

(4) Kinuha ko sa apendise ng koleksiyon ni J.C. de



Veyra ang naritong mga teksto ng salin nina Julian Cruz Balmaseda at Guillermo E. Tolentino. Sinikap kong maging matapat ang pagkopya sa nakalimbag na teksto sa J.C. de Veyra kasáma ang mga halataing lisya niya, o ng linotipista, sa ilang ispeling at salita.]



ÚLTIMO ADIÓS

ni Jose Rizal

Adiós, Patria adorada, región del sol querida,
Perla del Mar de Oriente, nuestro perdido edén!
A darte voy alegre, la triste mustia vida,
Y fuera más brillante más fresca, más florida,
También por ti la diera, la diera por tu bien.



En campos de batalla, luchando con delirio
Otros te dan sus vidas sin dudas, sin pesar;
El sitio nada importa, ciprés, laurel o lirio,
Cadalso ó campo abierto, combate o cruel martirio,
Lo mismo es si lo piden la Patria y el hogar.

Yo muero, cuando veo que el cielo se colora
Y al fin anuncia el día, tras lóbrego capuz;
Si grana necesitas, para teñir tu aurora,
Vierte la sangre mía, derrámala en buen hora
Y dórela un reflejo de su naciente luz!

Mis sueños cuando apenas muchacho adolescente,
Mis sueños cuando joven, ya lleno de vigor,
Fueron el verte un día, joya del Mar de Oriente
Secos los negros ojos, alta la tersa frente,
Sin ceño, sin arrugas, sin manchas de rubor.

Ensueño de mi vida, mi ardiente vivo anhelo,
Salud! te grita el alma que pronto va á partir;
Salud! ah, que es hermoso caer por darte vuelo;
Morir por darte vida, morir bajo tu cielo,
Y en tu encantada tierra la eternidad dormir!

Si sobre mi sepulcro vieres brotar, un día,



Entre la espesa yerba sencilla humilde flor,
Acércala a tus labios y besa al alma mía,
Y sienta yo en mi frente, bajo la tumba fría,
De tu ternura el soplo, de tu hálito el calor.

Deja a la luna verme, con luz tranquila y suave;
Deja que el alba envíe su resplandor fugaz;
Deja gemir al viento, con su murmullo grave,
Y si desciende y posa sobre mi cruz un ave,
Deja que el ave entone su cántico de paz.



Deja que el sol, ardiendo, las lluvias evapore
Y al cielo tornen puras, con mi clamor en pos;
Deja que un sér amigo mi fin temprano llore;
Y en las serenas tardes, cuando por mí alguien ore
Ora también, oh Patria, por mi descanso a Dios!

Ora por todos cuantos murieron sin ventura;
Por cuantos padecieron tormentos sin igual,
Por nuestras pobres madres, que gimen su amargura;
Por huérfanos y viudas, por presos en tortura
Y ora por ti, que veas tu redención final.

Y cuando en noche oscura, se envuelva el cementerio
Y solos sólo muertos queden velando allí,
No turbes su reposo, no turbes el misterio:
Tal vez acordes oigas de cítara ó salterio:
Soy yo, querida Patria, yo que te canto a ti.

Y cuando ya mi tumba, de todos olvidada
No tenga cruz ni piedra que marquen su lugar,
Deja que la are el hombre, la esparza con la azada,
Y mis cenizas, antes que vuelvan a la nada,
El polvo de tu alfombra que vayan a formar.

Entonces nada importa me pongas en olvido,



Tu atmósfera, tu espacio, tus valles cruzaré,
Vibrante y limpia nota seré para tu oído:
Aroma, luz, colores, rumor, canto, gemido,
Constante repitiendo la esencia de mi fe.

Mi Patria idolatrada, dolor de mis dolores,
Querida Filipinas, oye el postrer adiós.
Ahí, te dejo todo: mis padres, mis amores.
Voy donde no hay esclavos, verdugos ni opresores,
Donde la fe no mata, donde el que reina es Dios.

Adiós, padres y hermanos, trozos del alma mía,
Amigos de la infancia, en el perdido hogar,
Dad gracias, que descanso del fatigoso día;
Adiós, dulce extranjera, mi amiga, mi alegría,
Adiós, queridos seres. Morir es descansar.



PAHIMAKAS (1897)

salin ni Andres Bonifacio

Paalam na Bayang pinakamamahal
lupang iniirong ng sikat ng araw,
mutyang mahalaga sa dagat Silangan
pumanaw sa aming Kaluwalhatian.

Masayang sa iyo'y aking idudulot
ang lanta kong buhay na lubhang malungkot;
maging maringal man at labis alindog
sa kagalingan mo ay akin ding handog.



Sa pakikidigma at pamimiyapis
ang alay ng iba'y ang buhay na kipkip,
walang agam-agam, maluwag sa dibdib,
matamis sa puso at di ikahapis.

Saanman mautas ay di kailangan,
sipres o laurel, lirio ma'y patungan
pakikipaghamok at ang bibitayan,
yaon ay gayon din kung hiling ng Bayan.

Ako'y mamamatay, ngayong namamalas
nasa Silanganan ay namamanaag
yaong maligayang araw na sisikat
sa likod ng luksang nagtabing na ulap.

Ang kulay na pula kung kinakailangan
na maitina mo sa iyong liway-way,
dugo ko'y isabog at siyang ikinang
ng kislap ng iyong maningning na ilaw.

Ang aking adhika sapol magkaisip



nang kasalukuyang bata pang maliit,
ay ang tanghaling ka at minsang masilip
sa dagat Silangan hiyas na marikit.

Tuyo na ang luhang sa mata'y nunukal
taas na ang noo't walang kamootan
walang bakas kunot ng kapighatian
ga-bahid man dungis niyaong kahihyan.

Sa kabuhatang ko ang laging gunita
maningas na aking ninanasa-nasa
ay guminhawa ka!... ang hiyaw ng diwa
paghingang papanaw ngayong biglang-bigla.



Ikaw'y guminhawa!... laking kagandahan
Ako ay malugmok nang ikaw matanghal
hininga'y malagot, mabuhay ka lamang
bangkay ko'y masilong sa iyong kalangitan.

Kung sa llibingang ko'y tumubong mamalas
sa malagong damo mahinhing bulaklak
sa mga labi mo'y mangyaring ilapat
at sa kaluluwa ko, halik ay igawad.

At sa aking noo nawa'y iparamdam
sa lamig ng lupa ng aking libingan
ang init ng iyong pag hingang dalisay
at simoy ng iyong paggiliw na tunay.

Bayaang ang buwan sa aki'y ititig
ang liwanag niyang lamlam at tahimik
liwayway bayaang sa aki'y ihatid
magalaw na sinag at hanging hagibis.

Kung saka-sakaling bumabang humantong
sa krus ko'y dumapo ay ang isang ibon



doon ay bayaang humuning hinahon
at dalitin niya payapang panahon.

Bayaan ang ningas ng sikat ng araw
Ula'y pasingawin noong kainitan,
Magbalik sa langit nang boong dalisay
Kalakip ang aking pagdaing na hiyaw.

Bayaan sinuman sa katotong giliw
tangisang ang agang sa buhay pagkitil
kung tungkol sa aki't may mananalangin
idalangin Bayan yaring pagka himbing.



Idalanging lahat yaong nangamatay,
nangagtiis hirap na walang kapantay
mga ina naming walang kapalaran
na inahihibik ay kapighatian.

Ang mga nabao't pinapangulila
ang mga bilanggong nagsisipagdusa
dalanginin na iyong makita
ang Kalayaan mong ikagiginhawa.

At kung ang madilim na gabing mapanglaw
ay lumaganap na doon sa libingan
tanging mga patay ang nangaglalamay
huwag bagabagin ang katahimikan.

Ang kaniyang hiwaga'y huwag gambalain:
kaipala'y marinig doo'y ang taginting,
tunog ng sitara't salterio'y mag saliw,
ako, Bayan yao't kita'y aawitin.

Kung ang libingan ko'y limot na ng lahat
at wala nang krus pa at batong mabakas
bayaang linangin ng taong masipag



lupa'y asarulin at kanyang ikalat.
At mga buto ko ay bago mangatunaw
mauwi sa wala at kusang maparam
alabok ng iyong latak ay bayaan
na siyang bahalang doo'y makipisan.

Kung gayo'y hindi na kakailanganin
na ako'y sa limot iyong ihabilin
pagka't himpapawid at ang panganorin
mga lansangan mo'y aking lilibutin.

Matining na tunog ako sa tainga mo
ilaw, mga kulay, masamyong pabango,
ang ugong at awit, paghibik sa iyo
pag asang dalisay ng pananalig ko.

Bayang iniirong, sakit niyaring hirap,
Katagalugang kong pinakaliliyag,
dinggin mo ang aking pagpapahimakas
diya'y iiwan ko sa iyo ang lahat.

Ako'y patutungo sa walang busabos,
walang umiinis at berdugong hayop;
pananalig doo'y di nakasasalot,
at Bathala lamang doo'y haring lubos.

Paalam, magulang at mga kapatid
kapilas ng aking kaluluwa't dibdib
mga kaibigan bata pang maliit
sa aking tahanang di na masisilip.

Pagpasalamatan at napahinga rin,
paalam ekstrangherang kasuyo't aliw
paalam sa iyo mga ginigiliw
mamatay ay siyang katiwasayan din!



HULING PAALAM NI DR. JOSE P. RIZAL (1931)

salin ni Andres Bonifacio

Pinipintuho kong Bayan ay paalam
lupang iniirong ng sikat ng araw,
mutyang mahalaga sa dagat Silangan
kaluwalhatian sa ami'y pumanaw.



Masayang sa iyo'y aking idudulot
ang lanta kong buhay sa lubhang malungkot;
maging maringal man at labis alindog
sa kagalingan mo ay akin ding handog.

Sa pakikidigma at pamimiyapis
ang alay ng iba'y ang buhay na kipkip,
walang agam-agam, maluwag sa dibdib
matamis sa puso at di ikahapis.

Saan man mautas ay di kailangan,
cipres o laurel, lirio ma'y patungan
pakikipaghamok, at ang bibitayan
yaon ay gayon din kung hiling ng Bayan.

Ako'y mamamatay ngayong namamalas
na sa kasilanganan ay namamanaag
yaong maligayang araw na sisikat
sa likod ng luksang nagtabing na ulap.

Ang kulay na pula kung kinakailangan
na maitina sa iyong liwayway,
dugo ko'y isabog at siyang ikinang
dugo kislap ng iyong maningning na ilaw.



Ang aking adhika sapul magkaisip
ng kasalukuyang bata pang maliit,
ay ang tanghaling ka at minsan masilip
sa dagat Silangan hiyas na marikit.

Natuyo ang luhang sa mata'y nunukal,
taas na ang noo't walang kapootan,
walang bakas kunot ng kapighatian
gabahid man dungis niyang kahihiyan.

Sa kabuhayang ko ang laging gunita
maningas na aking ninanasa-nasa
ay guminhawa ka ang hiyaw ng diwa
pag hingang papanaw ngayong biglang-bigla.



Ikaw'y guminhawa laking kagandahang
ako'y malugmok, at ikaw ay matanghal,
hininga'y malagot, mabuhay ka lamang
bangkay ko'y masilong sa iyong kalangitan.

Kung sa libingang ko'y tumubong mamalas
sa malagong damo mahinhing bulaklak,
sa mga labi mo'y mangyaring ilapat,
sa kaluluwa ko halik ay igawad.

At sa aking noo nawa'y iparamdan,
sa lamig ng lupa ng aking libingan,
ang init ng iyong pag hingang dalisay
at simoy ng iyong pag giliw na tunay.

Bayaang ang buwan sa aki'y ititig
ang liwanag niyang lamlam at tahimik,
liwayway bayaang sa aki'y ihatid
magalaw na sinag at hanging hagibis.

Kung sakasakaling bumabang humantong



sa krus ko'y dumapo kahi't isang ibon
doon ay bayaang humuning hinahon
at dalitin niya payapang panahon.

Bayaan ang ningas ng sikat ng araw
ula'y pasingawin noong kainitan,
magbalik sa langit ng boong dalisay
kalakip ng aking pagdaing na hiyaw.

Bayaang sinoman sa katotong giliw,
tangisang maagang sa buhay pagkitil;
kung tungkol sa akin ay may manalangin
idalangin, Bayan, yaring pagka himbing.



Idalanging lahat yaong nangamatay,
nangagtiis hirap na walang kapantay;
mga ina naming walang kapalaran
na inihihibik ay kapighatian.

Ang mga bao't pinapangulila,
ang mga bilanggong nagsisipagdusa;
dalanginin namang kanilang makita
ang kalayaan mong ikagiginhawa.

At kung ang madilim na gabing mapanglaw
ay lumaganap na doon sa libinga't
tanging mga patay ang nangaglalamay
huag bagabagin ang katahimikan.

Ang kanyang hiwaga'y huwag gambalain:
kaipala'y maringig doon ang taginting,
tunog ng gitara't salterio'y magsaliw,
ako, Bayan, yao't kita'y aawitin.

Kung ang libingan ko'y limot na ng lahat
at wala ng kruz at batong mabakas,



bayaang linangin ng taong masipag
lupa'y asarolin at kanyang ikalat.

At mga buto ko ay bago matunaw
mauwi sa wala at kusang maparam,
alabok ng iyong latag ay bayaang
siya ang babalang doo'y makipisan.

Kung magka gayon ma'y aalintanahin
na ako sa limot iyong ihabilin
pagka't himpapawid at ang panganorin
mga lansangan mo'y aking lilibutin.

Matining na tunog ako sa dingig mo,
ilaw, mga kulay, masamyong pabango,
ang ugong at awit, pag hibik sa iyo,
pag asang dalisay ng pananalig ko.

Bayang iniirrog, sakit niyaring hirap,
Katagalugang kong pinakaliliyag,
dinggin mo ang aking pagpapahimakas;
diya'y iiwan ko sa iyo ang lahat.

Ako'y patutungo sa walang busabos,
walang umiinis at verdugong hayop;
Pananalig doo'y di nakasasalot,
at Bathala lamang doo'y haring lubos.

Paalam, magulang at mga kapatid
kapilas ng aking kaluluwa't dibdib
mga kaibigan bata pang maliit
sa aking tahanan din a masisilip.

Pag pasalamat at napahinga rin,
paalam estranherang kasuyo ko't aliw,
paalam sa inyo mga ginigiliw;

mamatay ay siyang pagkagupiling!.

HULING CAISIPAN

salin ni Pascual H. Poblete

Paalam na sintáng Lúpang-Tinubuan,
Pinacaíbig na báyan ng araw,
Perlang mahalagá ng dágat Silángan,
Edeng maligáyang sa ámi'y pumanaw!

Sa iyo'y handóg co ng ganáp na tuwâ
Yaríng abáng buhay na lanta't dálitâ;
Maguíng dakílà ma'y iaalay rin ngâ
Cung dahil ng iyong icatitinawâ.



Ang nanga sa digmáng dúmog sa paglában
Handog din sa iyo ang caniláng búhay.
Hirap ay dí pansín at dí agám-agás
Ang pagcáparool ó pagtatagumpáy.

Bibitayá't dusang pasákit ng bangís
O pakikibacang lubháng mapanganib,
Hindi alumána, cung itó ang náis
Ng Baya't ng madláng pinacaibig.

Aco'y mamámatay ngayóng minamalas
Itóng pamumulá ng langit sa sínag
Ng minimithi cong araw na sisicat,
Halíli sa dilím na cagulatgulat.

Cung “grana” ang iyong kinacailangan
Ng lalong gumandá núnucang liwaywáy,
Dugô co'y ibúbó't ng isa man lámang
Ng dakilang sinag iyong mapakináng!

Ang mga mithî co muláng magcaísip



Magpahanggá ngayóng maganáp ang baít,
Ang mapanood cang híyas na marikit
Ng dagat Silángang dito'y lumiliguid!

Matá mong marikít ay lumiligaya,
Waláng bacás luha't saganá sa siglá,
Noo'y nacatungháy na waláng balísa,
Waláng báhid poot, muntî mang pangamba.

Galác niring buhay, marubdob cong nais,
Lumigaya ikaw!...sigaw ng pagibig
Ng calolowa cong gayác ng aalis,
Guinhawa camtan mo!...Anóng pagcárikít.



Mátimbuang upang màtaas ca lamang,
Mamatáy at upang mabigyán cang buhay,
Mamatáy sa sílong ng langit mong mahál,
Málibing sa lupang puspós ng carictán!

Cung sa ibáng Araw icáw'y may mápansin
Bulacalac na abâ sa dukhá cong libíng,
Sumílang sa guitná ng damóng masinsín,
Hagcá't ang halíc mo'y itaós sa akin.

Sa samyó ng íyong pagsuyong matamís,
Dalisay na guiliw ng may sintang dibdib,
Bayâang tumanggáp noo co ng init
Sa pagcápalibing sa lúpang malamíg.

Bayâan mong acó'y malásin ng buwán
Sa liwanag niyang hináho't malamlám,
Bayâang ihatíd sa aking baunan
Madalíng mapáwing sinag ng liwaywáy.

Bayâang humibík ang símoy ng hángin;
at cung may dumápò sa Cruz ng libíng



Na anó mang ibo'y bayâang awitin
Sa húning masayá ang payapang alíw.

Bayâang ang áraw na lubháng maningas
Ulán ay tuyui't singaw ay itaás,
Maguíng panganuring dalisay at wagás,
Calangcap ang áking hibíc ng pagliyag.

Bayâang ang áking maágang pagpánaw
Itangis ng isáng catotong sino man,
Cung may magpatungcol sa aking ng dasál
Acó'y iyo sanang idalangin namán.



Idalangin mo rin ang kinapós pálad
Na nangamatay na't yaóng nangaghírap
Sa daming pasakit, at ang lumálangap
Naming mga iná ng luhang masacláp.

Iyong idalángin ang bao't ulíla,
Na nangapipiit na pinagdurusa;
Iyong idalánging icaw'y matubós na
Sa pagca alíping láong binábata.

Cung nababalot na ang mga libingan
Ng sápot na itím ng gabíng mapangláu,
At cung walang tanod cung di pawang patáy,
Howág gambaláin ang catahimican.

Pagpitaganan mo ang hiwagang líhim,
At mapapakinggan ang tinig marahil
Ng isang salterio, ito nga'y aco ring
Ina-awitan ca ng aking pag-guiliw.

Cung ang libingan co'y limót na ng madlá
At wala ng Cruz at bató mang tandâ,
Sa nangagbubukid ay ipaubayang



Bungcalí't isabog ang natipíng lúpà.
Ang mga abo co'y cung ipailanglang,
Maowi sa wala na pinanggalingan,
At macalat na ngang parang capupunán
Ng iyong alaboc sa lupang tungtungan.

Sa gayo'y wala ng anó man sa aking
Aco'y limútin na't aking lilibutin
Yaong himpapawid, caparanga't hangin,
At aco sa iyo'y maguiguig taguingtíng.

Bango, tingig, higuig, awit na masayá,
Liwanag at culay na lugod ng mata'y
Uulit-ulitin sa towi towi na
Ang cataimtiman ng aking pag asa.

Sintang FILIPINAS, lupa cong hinirang,
Dusa ng dusa co ngayon ay pakinggan:
Bilang habilin cong sa iyo'y iiwan
Ang lahat ng lalong inirog sa búhay.

Aco'y yayao sa bayang payápà
Na walang alipi't púnong mapang-abâ,
Doo'y di nanatay sa paniniwála
At ang naghahari'y Dios na dakilà.

Paalam na aco magulang, capatid,
Bahagui ng puso't unang nácaniig,
Ipagpasalamat ang aking pag-alis
Sa buhay na itong lagui ng ligalig!

Paalam na tanging caulayaw
Taga ibang lupang aking catowaan!
Paalam sa inyo mga minamahal,
Mamatay ay ganap na catahimican.



PAHIMAKAS

salin ni Julian Cruz Balmaseda

Paalam na mutyáng Tinubuang-lupang minahál ng araw,
Ligayang naglahò at Perlas ng Dagat sa Kasilanganan,
Masayáng sa iyó'y dulot ko ang aking abá't lantáng buhay,
Gano mang kaningning, gáno mang kagandá at kasariwaan,
Idúdulot ko rin kung dahil sa iyóng ikátitiwasáy.

Sa parang ng digmâ, ibá'y tigíb-dusa sa pakikitalád,
Na handóg sa iyó ang buhay nang waláng álinlanga't
sindák,
Waláng kailangan, ang poók, ang siprés, putong o bulaklák,
Bíbitayan, iláng, digmaá't parusang pagkasakláp-sakláp
Handóg din kung siyáng sa baya't táhana'y magbíbigay-
dilág.

Akó'y mamámatay kung nákikita ko ang pulá ng langit
Na nagbábalâ, sa wakás, ng araw na may luksáng takip,
Kung sa liwaywáy mo'y kákailanganin ang mapuláng bahid,
Náriní ang aking dugó't ibubô mo ngayón din, kung nais,
Nang sa síikat mong araw ay magdagdag ng gandá at
dikit.

Ang aking pangarap nang bábahagyâ pang isip ko'y
mabuksán,
At ang hinagap ko nang magbinatâ na't may lakás nang
tagláy,
Ay ang balang-araw'y mákita ka, Hiyás ng Dagat-Silangan,
Na tuyô sa luhà ang itím mong matá't ang noó mo'y buháy,
At walâ ni kunót, ni muntíng gulubhí't bahid-kahihiyán.

Alíw ng buhay ko, ang nag-uumalab na taos kong nasà
Ay ang Mabuhay ka! na sigáw ng aking palipád nang



diwà...

Tamís ng lumagpak, mabigyán ka lamang ng pagpák ng
layà !

Mamatáy nang ikáw'y mabigyán ng buhay at pagkadakilà,
Sa silong ng iyong langit ay kay-saráp ng pamamayapà.

Kung sa líbingan ko ay may mákita kang nuplíng na
bulaklák

Sa gitná ng mga naggubat na damóng tiwangwáng at bilád,
Idampî sa labî't yaó'y bukong suplíng sa diwang lagalág...
Nang sa himlayan ko ay máramdamán kong sa noo ko'y
nalát

Ang tamís ng bulóng ng iyong hiningáng may init ng habág.

Bayâan mong akó'y malasin ng buán sa pangúngulimlím,
Bayâang ang sinag ng madalíng-araw sa aki'y paratnín,
Ang hangí'y bayaang humimig ng kanyáng malungkót na
daíng,

At kapág may ibong dumapò sa kurús ng abâ kong libíng,
Bayâang ang ibo'y umawit ng kanyang dalanging taimtim.

Bayâang sa init ng araw ang ulán ay pumailanláng
At saká magbalík sa langit na lakip ang paós kong sigáw,
Bayâang ang aking maagang pagtugpá'y itangis ng ilán . . .
At kung dapit-hapon may mangisá-ngisáng mag-ukol ng
dasál,

Idalangin mo rin, Bayan ko, ang aking pagpapahingaláy.

Idalangín mo rin yaóng nangabulíd sa parang ng digmâ,
Ang mga nagtiís ng dî-gágaanong mga pagkadustâ,
Yaóng mga ináng wasák na ang dibdib sa pagdarálitâ,
Ang mga ulila, balo at bilanggóng piít at salantâ,
Idalangin mo rin ang kapalaran mong ni paglaya'y walâ.

Kung ang líbingan ko'y mabalot ng dilím sa gabíng pusikít
At walâ, máliban sa bangkay ang doó'y nagsisipágtalik,



Huwag gambalâin ang pamamahingáng may híwagang
kipkíp;
Nguni't ang taginting ng lumang kudyapí'y pag iyong
náringíg,
Yaó'y akó, Mutyá't ang kapalaran mo'y aking dinádalít.

Sakalíng limót na ang lupáng sa akin ay pinaglibingán
At walâ nang kurús ni panandáng batóng pagkákakilanlán,
Bayâang ang lupa'y bungkalí't isabog ng lapakáng kamáy;
Ang mga abó ko, sa walâ ay bago mulíng pailanláng,
Magíng sabog sana sa latag na iyong kinátutuntungán.

Kapág nagkagayón, limutin mo akó'y dí ko dáramdamín,
Ang kalawakan mo't parang, kalambaká'y aking tátawirín,
Sa iyóng pandingíg akó ay magiging tinig at tagintíng,
Halimuyak, ilaw, kulay, alingawngáw, awit at hinaíng,
Ang pananalig ko ang paulít-ulit na sánambitlaín.

Bayang Tinubuang pinakamúmutyá, hirap niring hirap,
Sintáng Pilipinas, dinggín mo ang aking hulíng pahimakás

...
liwan sa iyo ang amá't iná ko't ang aking pagliyág,
Akó ay tútungo sa walang alipi't waláng mandarahás
Doon sa ang Diyós ang namámahalà sa isip ng lahát.

Paalam na akó, mga minúmutyáng kapilas ng lamán;
Mga kababatang kalaru-larô ko sa dampáng naluráy,
Pasalamat kayó't ang mahabáng dusa'y nagka-
katapusán...

Paalam na ako, taga-ibáng lupang alíw ko't katwaan,
Paalam sa lahát...! Mamatáy Ay Isáng Pagpapahingaláy!

ANG HULING PAALAM NI RIZAL

salin ni Guillermo E. Tolentino



Paalam na, sintang Bayan, lupang kasuyo nang araw,
Mutya nang dagat Silangan, aming langit na pumanaw!
Malugod kong inyaalay ang amis ko't lantang buhay,
At tunay mang maluningning, mabulaklak at malabay
Alay ko ri't sa'yo'y handog, lumigaya ka na lamang.

Sa larangan nang digmaan at madugong pagbabaka
Buhay rin nang niyong iba'y buong pusong alaala;
Kahi't saa'y idudulot: hapis, dangal, at ligaya,
Sa bitaya't kaparangan, piyapisa't madlang dusa,
Ay gayon din, kung ang bayan at tahanan ang may pita.

Ngayong ako'y mamamatay saka naman namamalas
Ang alindog nang liwayway sa likod nang luksang ulap;
Kung pulá ang kailangan pampatingkad nang banaag,
Ibubô mo ang dugô ko't padanaking walang bawas
At iginto sa silahis nang ninitak mong liwanag.

Pangarap ko nuong batang di pa halos magkamalay,
Pangarap ko nang binatang ganap na sa kalusuga'y
Tanghalin kang isang hiyas sa dagatan nang Silangan;
Matang itim walang luha, noong taas malailaw,
Walong kunot, walang mungot, walang bahid-hiyang
tunay.

Panagimpan nang buhay ko, maalab kong pagnanasa,
Lumusog ka! ang hiyaw nang yayaon kong abang diwa!
Anong sarap na malugmok upang ikaw'y matimawa,
Mamatay nang mabuhay ka—sa langit mo'y mamayapa
At malibing ang bangkay ko sa lupa mong masanghaya!



Kung sakaling sa puntod ko'y may mapansin isang araw
Na munti't abang bulaklak sa naggubat na damuhan,
Halikan mo, pagka't yao'y bulaklak nang aking buhay,
At noo ko ang daramdam sa malamig kong libingan
Nang hinga mong maligamgam, nang hihip mong
malumanay.



Bayaan mong ako'y tingnan nang lamlam nang buwang-
sinag,
Bayaan mong ang liwayway ay dagliang magliwanag,
Bayaan mo ring humibik at umungol ang habagat;
At sa dipá kung dumapo'y isang ibong mapanatag,
Bayaan mong huni niyang mapayapa ang igawad.

Bayaan mong ula'y tuyin nang nagaalab na araw
At abayan ang diwa ko niyong singaw na dalisay;
Bayaan mong may tumangis sa maaga kong pagpanaw;
At kung hapong matahimik nang dalangi'y may magalay
Idalangin din, oh Bayan, kay Bathala yaring buhay.

Idalangin mo ang tanang namatay na kulang-pala,
Yaong manga nangagtiis nang parusang walang-awa;
Yaong aming manga inang sukdol pait ang pagluha,
Ang ulila't manga bao, ang bilangong nanghihina't
Idalangin mo rin naman ang lubusan mong paglaya.

At kung gabing may balot na nang karimlan ang libinga't
Tangi lamang manga patay ang duon ay naglalamay,
Huwag silang gambalain, ang hiwaga ay igalang;
Kaipala'y marinig mo ang kudyaping may kundiman,
Sintang Bayan, !Yao'y ako, at kita'y inaawitan!

At kapag ang libingan ko'y nalimutan na nang madla
Walang dipa, maging batong kabakasan niyong tanda,
Bayaan mong bungkalin na't isabog nang maglulupa't
Ang abo ko bago sana mapabalik man sa walâ



Sa malambot mong tuntunga'y mapalatag munang sadya.
At sa gayo't di na ako kailangan gunitain,
Ang hangin mo, ang lawak mo, ang libis mo'y babagtasin;
Sa dinig mo ay magiging tinig akong naglalambing,
Halimuyak at liwanag, kulay, higing, awit, daing,
Ubod niring paniwala'y muli't muling sasambitin.

Aking Bayang iniirong, hapis niring kahapisan,
Sinisintang Pilipinas, dinging yaring pamaalam,
Iniwan ko ang lahat: magulang ko't kaibigan;
Tutunguha'y walang api, manlulupig, mamamatay;
Ang pagsamba'y di ninitil, si Bathala 'ng Haring tunay.

Paalam na, magulang ko't kapilas nang kaluluwa,
Kalarô ko nang musmos pa sa tahanang naparam na;
Ipagpasalamat ninyo ang pagod kong nagkahangga;
Paalam na, dayong tangi, aking aliw, aking sinta,
Paalam na tanang mahal: mamatay ay mamahinga.